

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • AGOSTO 2013

Liahona

**Pagbubukas ng
mga Daluyan ng
Paghahayag, p. 24**

**Mga Guro, Isang Tanong
ang Magpapabago sa
Lahat ng Ito, p. 36**

**Paano Binago ng Seminary
ang Buhay Ko, p. 54**

**Mga Ginupit na Kard ng
Banal na Kasulatan, p. 65**



*"Lahat ng
bagay ay
nagpapatunay
na may Diyos;
oo, maging
ang mundo,
at lahat ng
bagay na nasa
ibabaw nito,
oo, at ang
pag-inog nito,
oo, at gayon
din ang lahat
ng planetang
gumagalaw
sa kanilang
karaniwang
ayos ay nag-
papatunay na
may Kataas-
taasang
Tagapaglikha."*

Alma 30:44

Isang malaking kumpol
ng mga bago pang bituin,
NGC 3603, sa Carina spiral
arm ng Milky Way.



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Kilalanin, Alalahanin, at Magpasalamat**
Ni Pangulong Henry B. Eyring
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Pangkapakanan**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 16 Pagsunod: Ang Tanda ng Pananampalataya**
Ni Elder F. Michael Watson
Lalakad ba kayo nang anim na araw para marinig ang ebanghelyo?
- 20 Pagkakaroon ng Kanlungan sa Ebanghelyo**
Ni Matthew D. Flitton
Ibinahagi ng mga miyembro sa Nairobi, Kenya, kung paano naging kanlungan nila ang ebanghelyo.

- 24 Sa Kanyang Sariling Panahon, sa Kanyang Sariling Paraan**
Ni Elder Dallin H. Oaks
Kapag tayo ay tapat sa ebanghelyo, maaasahan natin ang patuloy na paghahayag kapag pinili ng matalino at mapagmahal na Panginoon na ibigay ito sa atin.

- 30 Ang Landas ng Lider Tungo sa Paghahayag**
Ni Richard M. Romney
Ang apat na alituntuning ito ay makatutulong sa mga priesthood at auxiliary leader na kumilos ayon sa inspirasyon.

- 34 Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan para Tumatag ang Pamilya**
Ni Lori Fuller

- 36 Magagandang Tanong, Magagandang Talakayan**
Ni Jack Lyon
Ang tamang uri ng mga tanong ay makahihikayat ng talakayan na magpapala sa mga miyembro ng inyong klase na makaunawa at magkaroon ng patotoo.

MGA BAHAGI

- 8 Notebook ng Kumperensya ng Abril**
- 11 Pagtuturo ng Para sa Lakas ng mga Kabataan: Mabuting Pananalita**
- 12 Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Napakahalaga ng Tamang Panahon**
Ni Joshua J. Perkey
- 14 Mga Balita sa Simbahan**
- 40 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Biyaya para sa Inang Pato at sa Akin**
Ni Rosie Kaufman

SA PABALAT

Harap: Larawang kuha ni Frans Lemmens.
Likod: Paglalarawan ni Michael Gibbs.
Sa loob ng pabalat sa harap: Larawang kuha ng NASA, ESA, at ang Hubble Heritage/DOD.




44 Sumulong nang may Pananampalataya

Ang payo na ito mula sa mga makabagong propeta ay gagabay sa atin kapag hindi natin alam kung ano ang gagawin.



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito.
Hint: Sundan ang daan.



62

48 Apat na Salitang Gagabay sa Inyo

Ni Pangulong Thomas S. Monson
Samahan si Pangulong Monson at magpasayang makinig, matuto, gumawa, at magmahal.

51 Poster: Tumulong

52 Mga Tanong at mga Sagot

Paano ako "tatayo sa mga banal na lugar" kung napakarami namang kasamaan sa paligid ko, tulad sa paaralan?

44

54 Nagkaroon ng Patotoo Dahil sa Seminary

Ni Karla Brigante
Tinulungan ako ng seminary na magkaroon ng patotoo sa ebanghelyo, ngunit paano ko matutulungan ang aking ama na magkaroon din nito?

56 Bakit Kasal sa Templo?

Ni Joshua J. Perkey
Bakit dapat nating sikapin nang husto na makasal sa templo sa-mantalang ang ideya na magpakasal ay tila nagiging mahina na?

59 Piliing Huwag Magtsismis

Ni Brett Schachterle
Magiging napakadali na pagtawanan ang mga artista kasama ang iba.

60 Para sa Lakas ng mga Kabataan: "Sinasabi" Namin ang mga Bagay na Ito

Ni Larry M. Gibson
Maaari tayong matutong gumamit ng mga salitang nagpapakita ng ating pagiging disipulo.

62 Paggawa, Paglilingkod, at Espirituwal na Pag-asa sa Sarili

Ni Elder Per G. Malm
Ang natutuhan ko sa paglalagay ng laryo sa Sweden tungkol sa kasipagan at patotoo.



67

64 Natatanging Saksi: Bakit Mahalagang Hindi Mainggit sa Iba?

Ni Elder Jeffrey R. Holland

65 Ang mga Kard ng mga Banal na Kasulatan

Gamitin ang mga banal na kasulatang ito upang maalala ninyo kung gaano kayo kamahal ng Ama sa Langit.

67 Nakawalang mga Alpaca!

Ni Romney P.

Matapos makatakas ang mga alpaca, kinailangan ko ang tulong ng langit para mahuli silang lahat.

68 Sa Daan: Paglilibot sa Nauvoo

Ni Jennifer Maddy

70 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Dinidinig at Sinasagot ng Ama sa Langit ang mga Dalangin Ko

72 Hi! Ako si Will ng Taiwan

74 Ang Ating Pahina

75 Ating Sagot

Ni Tatiana Agüero

Patuloy akong nagdasal na magkaroon ng patotoo ang aking ama. Paano ko siya matutulungan na matanto ang katotohanan?

76 Para sa Maliliit na Bata

79 Magandang Ideya

81 Larawan ng Propeta: Heber J. Grant

AGOSTO 2013 TOMO 16 BLG. 8
LIAHONA 10788 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson,
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson,
Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott,
Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar,
Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster,
Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

Namamahalang Direktor: David T. Warner
Direktor ng Family and Member Support:

Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:
Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot:

Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt

Assistant ng Publikasyon: Melissa Zenteno

Writing and Editing Team: Susan Barrett, David Dickson,
David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman,
Lori Fuller, Garrett H. Garff, Jennifer Grace Jones, Hikari Loftus,
Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe,
Julia Woodbury

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Design Team: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball
Bott, Thomas Child, Nate Gines, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen
Hinkley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy,
Brad Teare

Intellectual Property Coordinator:

Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge,
Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson,
Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalain: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila
Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline
Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee,
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling
Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon
City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas
Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas.
Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa
Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa
mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa
liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420,
50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA;
o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang Liahona (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin
ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa
wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian,
Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech,
Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German,
Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano,
Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese,
Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian,
Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian,
Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng
paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay
nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa Liahona para
sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad
na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat
ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office,
50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA;
e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

August 2013 Vol. 16 No. 8. LIAHONA (USPS 311-480)
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church
of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt
Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year;
Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid
at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of
address. Include address label from a recent issue; old and new
address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions
to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription
help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard,
American Express) may be taken by phone. (Canada Poste
Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5).
NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes
to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368,
Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.



PAGLALARAWAN NI CODY BELL © IRI

"Piliing Huwag Magtismis," pahina 59:

Isiping basahin ang artikulong ito at ang bahagi tungkol sa pananalita na nasa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (pahina 20). Talakayin ang mga paraan para malaman kung marapat bang sabihin sa iba o hindi ang isang bagay na inyong narinig. Ang sumusunod na mga tanong ay maaaring maging bahagi ng talakayang iyan: Totoo ba ang impormasyon? Kailangan bang ipagsabi ang impormasyong ito? Tama bang ikuwento ang inyong narinig? Para sa aktibidad, maaari kayong kumuha ng papel para sa bawat miyembro ng pamilya at isulat ang kanilang pangalan sa itaas ng papel. Pagkatapos ay ipasa sa lahat ang papel at ipasulat sa mga miyembro ng pamilya ang mga bagay na pinasasalamatan nila at gusto nila sa bawat tao.

"Nakawalang mga Alpaca!" pahina 67,

"Dinidinig at Sinasagot ng Ama sa Langit ang mga Dalangin Ko," pahina 70, at **"Ang Ating Sagot,"** pahina 75: repasuhin ang mga kuwentong ito at talakayin ang ilang dahilan kung bakit tayo nananalangin. Kung madarama ninyo, magbahagi ng naging karanasan ninyo sa panalangin. Nakatanggap na ba kayo ng tulong, tulad ni Romney? Gusto ba ninyong malaman ang katotohanan, tulad ni Tatiana? Matapos basahin ang mga kuwento, maaari kayong magbahagi ng ilang talata sa mga banal na kasulatan tungkol sa panalangin, tulad ng 2 Nephi 32:8-9 at Doktrina at mga Tipan 10:5. An-yayahan ang bawat miyembro ng pamilya na mithiin na pagbutihin pa ang kanyang sariling mga panalangin. Maaari kayong magtapos sa pagkanta ng himno tungkol sa panalangin, tulad ng "Sintang Oras ng Dalangin" (*Mga Himno*, blg. 84).

SA INYONG WIKA

Ang Liahona at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, 54, 75
Espiritu Santo, 4, 24, 30, 48, 75
Gawaing misyonero, 12, 20, 44, 70, 75
Gawain sa templo, 12, 56
Grant, Heber J., 81
Home teaching, 44
Inggit, 64
Jesucristo, 48, 54, 76
Journal, mga, 4, 6
Kalayaan, 44, 52
Kapayapaan, 20

Kasal, pag-aasawa, 12, 56
Kasaysayan ng Simbahan, 68
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 34, 36, 48, 52, 54, 65
Paggawa, 48, 51, 62
Paghahayag, 24, 30, 44
Pag-ibig, pagmamahal, 48
Pagtuturo, 36
Pamantayan, mga, 20, 52, 59, 60
Pamilya, 34, 48, 52, 56

Panalangin, 41, 52, 70, 75
Pananalita, 59, 60
Pananampalataya, 44, 47, 76
Pangkapakanan, 7
Pasasalamat, 4, 6
Patotoo, 54, 75
Seminary, 52, 54
Tamang panahon, 12, 24
Tukso, 43, 52
Tungkulin sa Simbahan, mga, 30



**Ni Pangulong
Henry B. Eyring**

Unang Tagapayo sa
Unang Panguluhan

KILALANIN, ALALAHANIN, AT Magpasalamat

Iniutos ng Diyos na magpasalamat tayo sa Kanya sa anumang pagpapalang natatanggap natin mula sa Kanya. Madali para sa atin na maging paulit-ulit na lang ang ating mga panalangin ng pasasalamat, madalas ulit-ulitin ang mga salita pero walang balak magpasalamat bilang handog ng puso sa Diyos. Tayo ay dapat “magpasalamat . . . sa Espiritu” (D at T 46:32) para makadama tayo ng totoong pasasalamat sa ibinigay sa atin ng Diyos.

Paano natin maaalala maging ang isang bahagi ng lahat ng ginawa ng Diyos para sa atin? Itinala ni Apostol Juan ang itinuro sa atin ng Tagapagligtas tungkol sa isang kaloob na pag-alaala na dumarating sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo: “Datapuwa’t ang Mangaaliw, sa makatuwid baga’y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo’y aking sinabi” (Juan 14:26).

Ipinapaalala ng Espiritu Santo ang itinuro sa atin ng Diyos. At ang isa sa mga paraan ng pagtuturo sa atin ng Diyos ay sa pamamagitan ng Kanyang mga pagpapala; kaya nga, kung pipiliin nating sumampalataya, ipapaalala sa atin ng Espiritu Santo ang kabaitan ng Diyos.

Maaari ninyong subukan iyan sa panalangin ngayon. Maaari ninyong sundin ang utos na “Pasalamat ninyo ang Panginoon ninyong Diyos sa lahat ng bagay” (D at T 59:7).

Iminungkahi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) na lumilikha ang panalangin ng panahon upang magawa iyan. Sabi niya: “Sinabi minsan ni Propetang Joseph na ang isa sa mga pinakamalaking kasalanan

ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang kawalan ng pasasalamat. Palagay ko marami sa atin ang hindi naisip iyan bilang isang malaking kasalanan. Malaki ang tendensiya na sa ating mga panalangin at mga pagsamo sa Panginoon ay humiling tayo ng karagdagang mga pagpapala. Subalit kung minsan sa palagay ko ay kailangan nating higit na ihandog ang ating mga panalangin sa [pagtanaw ng utang na loob] at pasasalamat sa mga pagpapalang natanggap na natin. Napakarami nating natatamasa.”¹

Maaari kayong magkaroon ng gayong karanasan sa kaloob na Espiritu Santo ngayon. Maaari ninyong simulan ang sariling panalangin nang may pasasalamat. Maaari ninyong simulang bilangin ang inyong mga pagpapala at pagkatapos ay tumigil sandali. Kung kayo ay sumasampalataya, sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo, makikita ninyo na maaalala ninyo ang iba pang mga pagpapala. Kung magsisimula kayong magpasalamat para sa bawat isa sa mga ito, ang inyong panalangin ay maaaring magtagal nang kaunti kaysa dati. Magbabalik ang mga alaala, at gayundin ang pasasalamat.

Maaari din ninyong subukan ang gayon kapag nagsusulat kayo sa inyong journal. Tinutulungan ng Espiritu Santo ang mga tao sa bagay na iyan simula pa noong unang panahon. Alalahanin ninyo na sinasabi sa aklat ni Moises, “At isang aklat ng alaala ang iningatan, na natatala, sa wika ni Adan, sapagkat ito ay ibinigay sa kasindami ng nanawagan sa Diyos upang sumulat sa pamamagitan ng diwa ng inspirasyon” (Moises 6:5).

Inilarawan ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) ang pagsulat na iyon na puno ng inspirasyon: “Yaong mga nag-iingat ng aklat ng alaala ay mas



malamang na alalahanin ang Panginoon sa kanilang buhay sa araw-araw. Ang pagsusulat sa journal ay isang paraan ng pagbibilang ng ating mga pagpapala at pag-iiwan ng talaan ng mga pagpapalang ito na mababasa ng ating mga inapo.”²

Kapag nagsimula kayong sumulat, maaari ninyong itanong sa inyong sarili, “Paano ako pinagpala ng Diyos at ang mga mahal ko sa araw na ito?” Kung gagawin ninyo iyan nang madalas at nang may pananampalataya, maki-kita ninyo na maaalala ninyo ang mga pagpapala. At kung minsan maaalala ninyo ang mga

kaloob na hindi ninyo napansin sa buong maghapon pero malalaman ninyo na iyon ay impluwensya ng Diyos sa inyong buhay.

Dalangin ko na nawa ay patuloy tayong magsikap nang may pananampalataya na makilala, maalala at pasalamatan ang ginawa at ginagawa ng ating Ama sa Langit at ng ating Tagapagligtas upang mabuksan ang daan pauwi sa Kanila. ■

MGA TALA

1. Ezra Taft Benson, *God, Family, Country: Our Three Great Loyalties* (1974), 199.
2. Spencer W. Kimball, “Listen to the Prophets,” *Ensign*, Mayo 1978, 77.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Sa kanyang mensahe, inaanyayahan tayo ni Pangulong Eyring na alalahanin ang kabaitan ng Ama sa Langit sa ating mga panalagin. Talakayin sa mga tinuturuan ninyo kung paano makatutulong sa atin ang pagdarasal nang may pasasalamat upang makilala ang impluwensya ng Diyos sa ating buhay. Isiping lumuhod at magdasal kasama ang mga tinuturuan ninyo at imungkahi sa sinumang mag-aalay ng panalagin na magpasalamat lamang siya.

Maaari din ninyong pag-aralan ang kahalagahan ng pasasalamat sa pagbabasa sa mga talatang ito bukod sa mga talatang binanggit na ni Pangulong Eyring: Awit 100; Mosias 2:19–22; Alma 26:8; 34:38; Doktrina at mga Tipan 59:21; 78:19; 136:28.

Gumawa ng Talaan



Binanggit ni Pangulong Eyring ang sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) noong sabihin nito na “ang pagsusulat sa journal ay isang paraan ng pagbibilang ng ating mga pagpapala at pag-iwan ng talaan ng mga pagpapalang ito na mababasa ng ating mga inapo.” Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2012, nagpatotoo si Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa pagsusulat sa journal. Ibinahagi niya ang ilang karanasan mula sa kanyang



buhay, at idinagdag na, “Ang daily journal ko, na maraming taon ko nang iniingatan, ay nakatulong sa pagbibigay ng partikular na mga bagay na malamang na hindi ko na maaalala.” Nagpayo siya, “Suriin ang inyong buhay at isipin ang mga pagpapala, malaki at maliit, na natanggap ninyo” (“Isipin ang mga Pagpapala,” *Liahona*, Nob. 2012, 86). Sikaping sundin ang payo ng mga propetang ito at magtakda ng mithiin na magsulat sa inyong journal.

MGA BATA

Maraming Paraan para Magpasalamat

*“Tuwing gabi sa buong daigdig,
Mga bata’y laging nagdarasal,
Ang lahat s’ya’y pinasasalamatan, ‘O, salamat,’ sa kanya-kanyang paraan.”*
(“Mga Bata sa Buong Daigdig,” *Children’s Songbook*, 4.)

Itugma ang iba’t ibang paraan sa pagsasabi ng salamat sa iba’t ibang wika sa mga lugar sa mundo na pinagmumulan ng mga wikang iyon. Ang ilan sa mga wikang ito ay sinasalita sa mahigit sa isang bansa!



1. gracias (Espanyol)

2. malo (Tongan)

3. thank you (Ingles)





4. shukriyaa (Hindi)

5. spasiba (Russian)

6. arigatō (Japanese)

7. asante (Swahili)

8. merci (Pranses)



Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society. Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

Pangkapakanan

Ang mga layunin ng gawaing pangkapakanan ng Simbahan ay tulungan ang mga miyembro na umasa sa sariling kakayahan, pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan, at maglingkod. Ang welfare o gawaing pangkapakanan ay mahalaga sa gawain ng Relief Society. Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

“Sa simula pa lamang ay naglaan na [ang Panginoon] ng mga paraan para makatulong ang Kanyang mga disipulo. Inanyayahan Niya ang Kanyang mga anak na maglaan ng panahon, kabuhayan, at kanilang sarili upang tulungan Siyang maglingkod sa iba. . . .

“Inanyayahan at inutusan Niya tayong makilahok sa Kanyang gawaing tulungan ang mga nangangailangan. Nakikipagtipan tayong gawin iyon sa tubig ng binyag at sa mga banal na templo ng Diyos. Pinaninibago natin ang tipang iyon tuwing Linggo kapag tumatanggap tayo ng sacrament.”¹

Sa ilalim ng pamamahala ng bishop o branch president, tumutulong ang mga lokal na lider sa espirituwal at temporal na kapakanan. Ang mga pagkakataong maglingkod ay madalas



nagsisimula sa mga visiting teacher na naghahangad ng inspirasyon na malaman kung paano tutugon sa pangangailangan ng bawat babaeng binibisita nila.

Mula sa mga Banal na Kasulatan

Lucas 10:25–37; Santiago 1:27; Mosias 4:26; 18:8–11; Doktrina at mga Tipan 104:18

MGA TALA

1. Henry B. Eyring, “Mga Pagkakataong Gumawa ng Mabuti,” *Liahona*, Mayo 2011, 22.
2. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 75.
3. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 75.

Pananampalataya,
Pamilya,
Kapanatagan



Mula sa Ating Kasaysayan

Noong Hunyo 9, 1842, inutusan ni Propetang Joseph Smith ang mga kapatid sa Relief Society na “bigyang-ginhawa ang maralita” at “magligtas ng mga kaluluwa.”² Ang mga mithiing ito ay nasa puso pa rin ng Relief Society at ipinapahayag sa ating motto na, “Ang pag-ibig sa kapwa- tao kailanman ay hindi nagkukulang” (I Mga Taga Corinto 13:8).

Ang ating ikalimang Relief Society general president, si Emmeline B. Wells, at kanyang mga tagapayo ang naglunsad sa motto na ito noong 1913 bilang paalaala sa ating mga saligang alituntunin: “Ipinapahayag namin na layon naming . . . mahigpit na [sundin] ang mga inspiradong turo ni Propetang Joseph Smith nang ihayag niya ang plano kung saan binigyang karapatan ang kababaihan sa pamamagitan ng pagtawag ng priesthood na maigruho sa angkop na mga samahan para mangalaga sa maysakit, tulungan ang mga nangangailangan, bigyang-kapanatagan ang may edad na, bigyang-babala ang walang-ingat, at kalingain ang mga ulila.”³

Ngayon ang Relief Society ay tumutulong sa iba’t ibang dako ng daigdig sa pagpapakita ng pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo (tingnan sa Moroni 7:46–47).

Ano ang Magagawa Ko?

1. Paano ako naghahanda para mapangalagaan ko ang aking sarili at aking pamilya sa espirituwal at temporal?
2. Paano ko masusunod ang halimbawa ng Tagapagligtas habang tumutulong ako na matugunan ang mga pangangailangan ng kababaihang pinangangalagaan ko?

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2013

"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA



Pagtuturo sa Taong Tapat ang Puso

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Noong 1955 naging opisyal ako sa United States Air Force. Binas-basan ako ng bishop ko bago ako umalis papunta sa una kong destino sa Albuquerque, New Mexico.

Sa kanyang basbas sinabi niya na ang panahon ko sa air force ay magiging paglilingkod ng misyonero. Dumating ako sa simbahan sa unang Linggo ko sa Albuquerque First Branch. Nilapitan ako ng isang lalaki, ipinakilala ang sarili na siya ang district president, at sinabihan ako na tatawagin niya akong maglingkod

bilang district missionary.

Sinabi ko sa kanya na ilang linggo lang akong naroon para sa training at pagkatapos ay idedestino na ako sa ibang panig ng mundo. Sabi niya, "Wala akong alam diyan, pero tatawagin ka naming maglingkod." Sa kala-gitnaan ng aking military training, tila nagkataon naman na ako ang pinili sa daan-daang opisyal na tine-train na pumalit sa isang opisyal na nasa headquarters na biglang namatay.

Kaya, sa dalawang taon ko roon, naglingkod ako bilang district missionary. Kadalasan sa gabi at tuwing katapusan ng linggo, nagturo ako ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga taong

dinala sa amin ng mga miyembro.

Nag-ukol kami ng mga kompanyon ko ng mahigit 40 oras kada buwan sa paglilingkod namin bilang misyonero nang hindi kumatok ni minsan sa mga pinto para maghanap ng matuturuan. Ginawa kaming abala ng mga miyembro kaya't madalas ay dalawang pamilya ang natuturuan namin sa isang gabi. Nakita ko mismo ang kapangyarihan at pagpapalang hatid ng paulit-ulit na panawagan ng mga propeta sa bawat miyembro na magiging missionary.

Sa huling Linggo bago ko nilisan ang Albuquerque, inorganisa ang unang stake sa lungsod na iyon. May templo na roon ngayon, isang bahay ng Panginoon, sa isang lungsod kung saan nagpulong kaming minsan sa isang chapel kasama ang mga Banal na nagdala sa amin ng kanilang mga kaibigan para maturuan at madama ang pagsaksi ng Espiritu. Nadama ng mga kaibigang ito na tanggap sila at panatag sa totoong Simbahan ng Panginoon.

Mula sa "Tayo'y Nagkakaisa," *Liahona*, Mayo 2013, 62–63.

ANG GENERAL MISSIONARY FUND

Sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013, tinalakay ni Pangulong Thomas S. Monson ang pambihira at nagbibigay-inspirasyong tugon ng mga kabataan na magmisyon. Sinabi niya, “Upang mapanatili ang malaking puwersang ito ng missionary, at dahil karamihan sa ating mga missionary ay mula sa mga pamilyang katamtaman ang kinikita, inaanayayahan namin kayo, kung kaya ninyo, na buong pusong magbigay sa General Missionary Fund ng Simbahan.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Mayo 2013, 5.

MGA TANONG NA PAGNINILAYAN

- Paano napagpala ang inyong buhay sa paglilingkod ninyo o ng ibang tao sa misyon?
- Sa palagay ninyo, bakit hinihiling ng mga propeta na dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo?
- Paano ninyo matutulungan ang mga tao sa inyong lugar na hindi na aktibo sa Simbahan na madama ang pagsaksi ng Espiritu?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Karagdagang mga sanggunian sa pak-sang ito: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), “Gawaing Misyonero,” 225–231; “Missionary Work,” sa Gospel Topics sa LDS.org; Jeffrey R. Holland, “Tayong Lahat ay Kabilang,” *Liahona*, Nob. 2011, 44–46.

MGA SALITA NG PROPETA TUNGKOL SA MGA TIYAK NA ALITUNTUNIN NG MORALIDAD

“Inihahayag ng Diyos sa Kanyang mga propeta na may mga tiyak na alituntunin ng moralidad. Ang kasalanan ay mananatiling kasalanan. Ang pagsuway sa mga kautusan ng Panginoon ay magkakait sa atin ng Kanyang mga pagpapala. Patuloy at kapansin-pansin ang pagbabago ng daigdig, ngunit ang Diyos, ang Kanyang mga kautusan, at mga ipinangakong biyaya ay . . . hindi nagbabago. . . . Hindi natin dapat piliin ang mga kautusan na sa palagay natin ay siya lamang mahalagang sundin, sa halip ay sundin natin ang lahat ng utos ng Diyos. Dapat manatili tayong matatag at di-natitinag, na lubos na nananalig na hindi nagbabago ang Panginoon at lubos na nagtitiwala sa Kanyang mga pangako.”

Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Pagsunod sa Batas ay Kalayaan,” *Liahona*, Mayo 2013, 88.

IMBITASYON NG MISSIONARY: MAKIBAHAGI SA KASIGLAHAN NG GAWAIN

- “Kayong mga kabataan, sundin ang bago ninyong kurikulum at ituro sa isa’t isa ang doktrina ni Jesucristo. Ngayon ang panahon para maghandang turuan ang isa’t isa tungkol sa kabutihan ng Diyos.
- “Mga kabataan, laging mahalaga ang inyong edukasyon. . . . Hinihikayat namin kayong mag-enrol sa gusto ninyong eskwelahan bago magmisyon.
- “Kayong mga magulang, guro, at iba pa, makibahagi kayo sa kasiglahan habang inihahanda ninyo ang mga bagong henerasyon na maging karapat-dapat magmisyon. Samantala, ang mabuti ninyong pamumuhay ay mapapan-sin ng mga kaibigan at kapitbahay ninyo.
- “Kayong mga nakatatanda, makibahagi sa pamamagitan ng pagtulong sa espirituwal, pisikal, at pinansyal na paghahanda ng mga magiging missionary.
- “Kayong mga senior couple, planuhin ang araw na maaari na kayong magmisyon.
- “Ang mga stake president at bishop . . . ang mayhawak ng mga susi at responsibilidad sa gawaing misyonero sa kanilang mga unit.
- “Kayo, bilang mga ward mission leader, ang nag-uugnay sa mga miyembro at missionary sa sagradong gawaing ito ng pagsagip sa mga anak ng Diyos.”

Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Makibahagi sa Kasiglahan ng Gawain,” *Liahona*, Mayo 2013, 45, 46.



PUNAN ANG PUWANG

1. "Ang kadiliman ay hindi mananaig laban sa _____ ni Cristo" (Dieter F. Uchtdorf, "Ang Pag-asang Dulot ng Liwanag ng Diyos," *Liahona*, Mayo 2013, 77).
2. "Ang Simbahan ay isang _____ kung saan nagtatamo ng kapayapaan ang mga disipulo ni Cristo" (Quentin L. Cook, "Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan," *Liahona*, Mayo 2013, 34).
3. "Tayo na mayroong katawang-lupa ay higit ang _____ kaysa mga yaong wala nito" (Boyd K. Packer, "Alam Ko ang mga Bagay na Ito," *Liahona*, Mayo 2013, 8).
4. "Kapag winalang-halaga natin ang pananagutan at katapatan sa ating _____, inaalal natin ang nagbibigkis sa ating lipunan" (L. Tom Perry, "Ang Pagsunod sa Batas ay Kalayaan," *Liahona*, Mayo 2013, 87).
5. "Kung hindi kayo full-time missionary na may nakakabit na missionary badge sa inyong polo, panahon na para isulat ito sa inyong _____" (Neil L. Andersen, "Ito ay Isang Himala," *Liahona*, Mayo 2013, 78).

Mga sagot: 1. Liwanag; 2. kanlungan; 3. lakas; 4. asawa; 5. puso.

MAGING MATALINO SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

- "Para maibahagi ang ebanghelyo, nagpasimula ng ilang blog ang mga kabataang miyembro sa Boston. Yaong mga sumapi sa Simbahan ay sinimulan ang pag-aaral nila online, na sinundan ng mga pakikipagtalakayan sa mga missionary. . . . Sabi ng isa sa [mga blogger], 'Hindi ito gawaing misyonero. Ito ay masayang gawain ng misyonero.'"¹
- "Bakit hindi kayo pumili ng oras sa isang araw na hindi kayo gagamit ng teknolohiya at mag-usap kayo nang personal? Patayin lang ang lahat ng electronic device ninyo."²
- "Markahan ang mahahalagang talata sa inyong device at sumangguni sa mga ito nang madalas. . . . Di-magtatagal daan-daang talata ang maisasaulo ninyo. Ang mga talatang iyon ay mapapatunayang mabisang pagkunan ng inspirasyon at patnubay ng Espiritu Santo sa oras ng pangangailangan."³

MGA TALA

1. Neil L. Andersen, "Ito ay Isang Himala," *Liahona*, Mayo 2013, 79.
2. Rosemary M. Wixom, "Ang mga Salitang Sinasambit Natin," *Liahona*, Mayo 2013, 82.
3. Richard G. Scott, "Para sa Kapayapaan sa Tahanan," *Liahona*, Mayo 2013, 30.



PAGTULONG SA MGA MARALITA AT NANGANGAILANGAN

"Gamit ang pondong bukas-palad na ibinibigay ng mga miyembro, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagpapadala ng pagkain, damit, at iba pang mahahalagang bagay para mapagaan ang pagdurusa ng matatanda at mga bata sa buong mundo. Ang mapagkawanggawang donasyong ito, na umabot nang daan-daang milyong dolyar nitong huling dekada, ay ibinibigay sa lahat, anuman ang kanilang relihiyon, lahi, o bansa. . . . Sa huling quarter na siglo nakatulong tayo sa halos 30 milyong katao sa 179 na bansa."

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mga Tagasunod ni Cristo," *Liahona*, Mayo 2013, 98.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.

MABUTING PANANALITA

Ang gamit nating mga salita ay makapagpapatotoo kay Cristo, makaaaliw sa mga nangangailangan, makapupuri sa isang kaibigan, o makapagpakita ng pagmamahal sa miyembro ng pamilya. Tayo ay maaaring ding makapagsalita nang nakasasakit sa damdamin, magtsismis, manlapastangan, o manghamak. Ang pagtulong sa inyong mga anak na gumamit ng mabuting pananalita ay maghahatid ng kapayapaan at panghihikayat sa inyong tahanan. Sa isyu sa buwang ito sa mga pahina 60–61, tinalakay ni Larry M. Gibson ng Young Men general presidency ang kahalagahan ng malinis na pananalita:

“Ang nadarama natin sa ating puso ay ay nasa isipan natin, at yaong nasa isipan natin ang siyang nasasabi natin. Kaya nga, totoo ang mga salitang ginagamit natin ay nagpapakita ng nadarama natin sa ating puso at kung sino talaga tayo. . . .

“Matatamasa ng bawat isa sa atin ang mga pagpapala ng *palaging* pagsama sa atin ng Espiritu, tulad ng ipinangako kapag nakikibahagi tayo ng sacrament tuwing araw ng Sabbath. Ito ay depende sa atin—kung paano tayo kumikilos, kung ano ang ginagawa natin, at, oo, kahit ang sinasabi natin.”

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan


- Maaari ninyong basahin sa inyong pamilya ang bahaging tungkol sa pananalita na nasa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*

(mga pahina 20–21). Talakayin kung ano ang gagawin kapag masasamang salita ang sinasabi ng mga nasa paligid ninyo.

- Basahin ang artikulo ni Brother Gibson sa mga pahina 60–61. Gamitin ang kanyang artikulo upang magtakda ng mga mithiin na tulungan ang isa’t isa na mabuting salita ang gamitin.
- Pag-aralan at talakayin ang mga banal na kasulatang nakalista sa kanan.
- Basahin ang “Piliing Huwag Magtsismis” sa pahina 59 ng isyung ito at pag-usapan ang mga panganib ng pagtitsismis. Talakayin kung bakit nangyayari ang tsismis at kung paano ito maiiwasan.
- Manood ng mga video at magbasa ng mga artikulo para sa kabataan tungkol sa impluwensya ng pananalita. Magpunta sa youth.lds.org at i-klik ang “For the Strength of Youth” tab. Magklik sa “Language.” Nasa kanan ng pahina ang bahaging “Related” na nagtatampok ng mga video tulad ng “No Cussing Club” at mga artikulo para sa kabataan tungkol sa hindi panlalait sa iba.

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Isiping basahin ang “Ang mga Salitang Sinasambit Natin” (Rosemary M. Wixom, *Liahona*, Mayo 2013, 81); “Ang mga Salitang *Iyon*” (*Liahona*, Dis. 2011, 60); or “Ang



ANG SINASABI NG MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA PANANALITA

Mga Awit 34:13–14

Mga Kawikaan 10:11

Isaias 50:4

Mateo 15:11

Mga Taga Efeso 4:29, 31

2 Nephi 32:2–3; 33:1

Doktrina at mga Tipan
20:54; 52:16; 100:5–6;
136:23

Mahinahong Sagot” (*Liahona*, Hunyo 2011, 70). Pag-usapan kung ano ang pakiramdam natin kapag mabubuting bagay ang sinasabi natin sa isa’t isa.

- Talakayin ang mga bagay na hindi ninyo sinasabi sa inyong tahanan. Magtakda ng mithiin na sabihin ang “please” at “salamat” at mas magbigay ng papuri.
- Pag-usapan kung gaano kasaya ang lahat kapag mabubuting bagay ang sinasabi natin sa isa’t isa. Kantahin ang “Sa Akin Nagmumula ang Kabaitan” (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 83) o isa pang awitin tungkol sa kabaitan. ■

NAPAKAHALAGA NG TAMANG PANAHOON

*Paano humahantong sa templo ang isang magandang kuwento ng pag-ibig—
sa nakamamanghang paraan.*

Ni Joshua J. Perkey

Mga Magasin ng Simbahan

Habang malalim na nag-iisip at minamasdan ni Vinca Gilman ang kagubatan ng Alaska na tanaw sa kanyang tahanan, masaya niyang naalala ang kanyang asawa, na matagal nang pumanaw. Si Ward Kepler Gilman ay isang lalaking malakas, makisig, beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isang doktor, at matapat na asawa. Pero kinailangan ng pananampalataya at isa pang pagkakataon na tanggapin ang ebanghelyo para magkasama magpakailanman sina Vinca at Ward.

Nagsimula ang kuwento ni Vinca Helen Gilman sa Denmark. Isinilang siya malapit sa Vordingborg, isang bayan sa islang kinaroroonan ng Copenhagen. Lumaki siya sa isang pamilya na may pitong anak, kabilang ang tatlong ampon na batang lalaki.

Pagkatapos ay dumating ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa pamamagitan ng awa ng Diyos, nakaligtas siya at ang kanyang mga magulang sa Holocaust at sa tatlong taon sa prison camp, isang karanasan na gusto na niyang malimutan.

Pagkatapos ng digmaan, sinimulang muli ng kanyang pamilya ang kanilang buhay. Isang araw, namalagi si Vinca at kanyang mga magulang sa isang bakasyon sa Aarhus sa Jutland. Doon nila nakilala ang dalawang misyonero, na naghahanap ng matitirhan. Ang mga binata ay mababait at magigiliw, pumayag ang mga magulang ni Vinca

na umupa sila sa kuwerto na tinutulu-
yan ng mga bisita.

“Nagsimba ako kasama nila sa makikling panahon,” paggunita ni Vinca, “pero hindi talaga interesado sa relihiyon ang pamilya ko. Ang aking ama ay lahing Judio, at ang aking ina ay Lutheran, ngunit hindi kami lumaki sa isang relihiyon. At pagkatapos ay kailangan ko nang bumalik sa pag-aaral.”

Kalaunan ay binisita siya sandali ng mga misyonero sa Copenhagen. Bagama’t natuwa si Vinca sa pagbisita, hindi pa siya handang tanggapin ang ebanghelyo.

“Lumipat ako sa Salt Lake City noong mga 1950,” sabi ni Vinca. “Ako ay isang nars noon, ngunit kinailangan ko ng panibagong sertipiko para makapagtrabaho sa Estados Unidos.”

Ang paglipat ay nagbigay sa kanya ng pagkakataon na mas matuto ng Ingles. Binigyan din siya nito ng isa pang pagkakataon na malaman ang tungkol sa Simbahan. Tumira siya sa Beehive House at nagtrabaho sa opisina ng doktor na katapat ng kanyang tinitirhan. Tumugtog din siya ng cello sa Utah Symphony at nagkaroon ng maraming mabubuting kaibigan.

“Nagsimba rin ako kasama nila. At naglalakad-lakad ako sa Temple Square sa oras ng pananghalian ko araw-araw. Pero naisip ko pa rin ang relihiyon bilang isang bagay na maaari mong gawing bahagi

ng iyong buhay kung gusto mo.”

Pagkaraan ng dalawang taon sa Salt Lake, lumipat si Vinca sa Sacramento, California, USA, at tumira nang makikling panahon sa pamilya ng isa sa mga misyonero na nagturo sa kanya sa Denmark. Nang sapat na ang kini-kita niyang pera bilang surgical nurse para masuportahan ang kanyang sarili, lumipat na siya at nagsarili. Siya at ang misyonero ay nagdeyt at kalaunan ay naging magkasintahan sila.

“Hindi naging maayos ang mga bagay-bagay,” paggunita ni Vinca, at nang makipagkalas na sila sa isa’t isa, lumipat siya, at nawalan ng komunikasyon sa mga miyembro ng Simbahan.

Hindi nagtagal, nakilala ni Vinca si Ward, isang dentista at oral surgeon na isinilang at lumaki sa Sacramento. Siya ay isang matipuno, makisig na lalaki na naglingkod bilang isang opisyal sa navy noong panahon ng digmaan. Kahit 11 taon ang tanda niya kay Vinca, napaibig niya si Vinca, at ang dalawa ay ikinasal noong 1954.

Bumili sila ng bahay na di kala-yuan sa kanyang trabaho. Kahit hindi sila nagkaanak, naging napakaganda ng kanilang pagsasama. Nagtrabaho sila, naglakbay sila, nagpinta si Ward, at siya ay patuloy na tumugtog. Ang buhay ay naging maganda sa loob ng maraming taon.

Pumanaw si Ward noong 1985.



Tumira si Vinca sa kanilang tahanan hanggang noong 1999, nang madama niyang dapat na siyang lumipat. Malaki ang bahay niya, higit kaysa kailangan niya, at gusto niyang magkaroon ng pagbabago. Natuklasan niya ang isang munting bayan na nagustuhan niya sa Haines, Alaska. Doon siya nagretiro, at doon na sana natapos ang lahat kung hindi muling kumatok ang mga misyos sa kanyang pintuan noong 2006.

Sa huli, pagkaraan ng maraming pagkakataon at maraming taon, dumating na ang tamang panahon.

“Wala talaga akong gaanong alam noon tungkol sa relihiyon,” sabi ni Vinca, “ngunit alam ko ang ilang bagay kaya nakapagtanong ako, mga bagay na ikinalungkot ko o tila kakaiba sa akin.

“Nang malaman ko ang tungkol sa ebanghelyong ito, naging makabuluhan ang lahat: ang plano ng kaligtasan, kung ano ang inaasahan sa atin, ang mga pangakong ginawa, ang Aklat ni Mormon. Gusto ko lalo na ang doktrina ng Simbahan tungkol

sa gawain sa templo para sa mga taong pumanaw na hindi naturuan ng ebanghelyo. Wala akong alinlangan tungkol dito; ito ay isang bagay na maaari kong tanggapin dahil ito ay malinaw at naunawaan ko, parang pagbalik sa dating alam na.

“Sa wakas ay ginawa ko ang matalagal ko nang dapat ginawa noon. Hindi ko alam kung bakit pinatagal ko pa ito. Marami akong nakilalang kahanghangang tao, at lahat sila ay nakaimpluwensya sa desisyon kong sumapi sa Simbahan. Bumilang nga ng mga taon, ngunit ang pagpapabinyag ang pinakamagandang ginawa ko.”

Nabinyagan si Vinca noong Oktubre 14, 2006—sa kaarawan ng kanyang asawa. Pagkaraan lang ng isang taon, nakapasok siya sa templo sa kauna-unahang pagkakataon at ibinuklod kay Ward (sa pamamagitan ng proxy) para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Para kay Vinca, ang karanasan sa pagpunta sa templo at pagkabuklod sa pinakamamahal niyang asawa “ay

kamangha-mangaha at maganda.”

Dahil pinagpala ng langit na mabuklod sa kanyang pinakamamahal na asawa, hinahangad ngayon ni Vinca na ibahagi ang mga pagpapala ng templo sa kanyang mga kamag-anak. Bagama’t 86 na taong gulang na siya at maysakit sa kidney, siya ay nahikayat.

“Umaasa ako na tatanggapin ng aking asawa at ng kanyang mga magulang at ng mga magulang ko at sarili kong mga kapatid ang ebanghelyo. Marami akong gagawing gawain sa templo.

“Isa sa mga pangunahing proyekto ko sa buhay ngayon ang gawin ang gawain sa templo hangga’t kaya ko, at gawin ang genealogy hangga’t maaari. Dama ko na may dahilan sa paninirahan ko rito. Kahit mabuhay ako nang hanggang 100 taon, ayos lang. May mga bagay akong gagawin ngayon. Ang ganda talaga ng pakiramdam, na magawa ito.”

Sa muling paggunita ni Vinca habang pauwi sa kanyang bahay, siya ay puno ng pag-asang nagmumula sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pagiging miyembro ng Simbahang ito “ay naging isang pagpapala sa napakaraming paraan. Nakadarama ka ng kapayapaan sa isipan. Mas lumalakas ka. Kapag ang mga bagay-bagay ay talagang napakaganda, pakiramdam mo, ‘Hay, ito na ang langit.’ Dahil dito dama mo ang pasasalamat para sa buhay.”

Namumuhay si Vinca na may mapagpasalamat na puso—dahil ang apoy ng ebanghelyo at ang pag-asa sa kawalang-hanggan kasama ang kanyang mapagmahal na asawa ay nag-aalab sa kanyang kalooban. ■

Para malaman pa kung paano patitibayin ang inyong pagsasama bilang mag-asawa, tingnan sa L. Whitney Clayton, “Pagsasama ng Mag-asawa: Magsasid at Matuto,” Liahona, Mayo 2013, 83.

MGA BALITA SA SIMBAHAN

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

Itinalagang mga Bagong Lider ng Area

Ibinalita ng Unang Panguluhan ang sumusunod na mga pagbabago sa mga tungkulin ng pamunuan ng area simula Agosto 1, 2013. Lahat ng miyembro ng mga Area Presidency ay mga miyembro ng Una o Pangalawang Korum ng Pitumpu. ■

Panguluhan ng Pitumpu



Ronald A. Rasband
Tumutulong sa Lahat ng Area



L. Whitney Clayton
Utah North
Utah Salt Lake City
Utah South



Donald L. Hallstrom
North America Northeast



Tad R. Callister
North America Southwest



Richard J. Maynes
North America Northwest
North America West



Craig C. Christensen
Idaho
North America Central



Ulisses Soares
North America Southeast

Africa Southeast



Carl B. Cook
Unang Tagapayo



Dale G. Renlund
Pangulo



Kevin S. Hamilton
Pangalawang Tagapayo

Africa West



Terence M. Vinson
Unang Tagapayo



LeGrand R. Curtis Jr.
Pangulo



Edward Dube
Pangalawang Tagapayo

Asia



Larry Y. Wilson
Unang Tagapayo



Gerrit W. Gong
Pangulo



Randy D. Funk
Pangalawang Tagapayo

Asia North



Koichi Aoyagi
Unang Tagapayo



Michael T. Ringwood
Pangulo



Scott D. Whiting
Pangalawang Tagapayo

Brazil



Jairo Mazzagardi
Unang Tagapayo



Claudio R. M. Costa
Pangulo



Eduardo Gavarret
Pangalawang Tagapayo


Caribbean



J. Devn Cornish
Unang Tagapayo



Wilford W. Andersen
Pangulo



Claudio D. Zivic
Pangalawang Tagapayo

Central America



Kevin R.
Duncan
Unang
Tagapayo



Carlos H.
Amado
Pangulo



Adrián
Ochoa
Pangalawang
Tagapayo

Europe



Patrick
Kearon
Unang
Tagapayo



José A.
Teixeira
Pangulo



Timothy J.
Dyches
Pangalawang
Tagapayo

Europe East



Randall K.
Bennett
Unang
Tagapayo



Larry R.
Lawrence
Pangulo



Per G.
Malm
Pangalawang
Tagapayo

Mexico



Benjamín
De Hoyos
Unang
Tagapayo



Daniel L.
Johnson
Pangulo



Arnulfo
Valenzuela
Pangalawang
Tagapayo

Middle East/Africa North



Bruce D.
Porter



Bruce A.
Carlson

Pinangangasiwaan mula sa
Church Headquarters

Pacific



Kevin W.
Pearson
Unang
Tagapayo



James J.
Hamula
Pangulo



O. Vincent
Haleck
Pangalawang
Tagapayo

Philippines



Ian S.
Ardern
Unang
Tagapayo



Brent H.
Nielson
Pangulo



Larry J.
Echo Hawk
Pangalawang
Tagapayo

South America Northwest



W. Christopher
Waddell
Unang
Tagapayo



Juan A.
Uceda
Pangulo



C. Scott
Grow
Pangalawang
Tagapayo

South America South



Jorge F.
Zeballos
Unang
Tagapayo



Walter F.
González
Pangulo



Francisco J.
Viñas
Pangalawang
Tagapayo



Ni Elder
F. Michael Watson
Ng Pitumpu

Pagsunod:

ANG TANDA NG PANANAMPALATAYA

Nawa'y ating sikaping mamuhay sa pagsunod sa mga utos, sundin ang banal na patnubay ng mga piling lingkod ng Panginoon at tanggapin ang ipinangakong mga pagpapala mula sa Kanyang kamay.

Ang pagsunod sa mga batas at utos ng Diyos ay kailangan noon pa man at hanggang ngayon ng mga naghahangad na tumanggap ng mga pagpapalang ipinangako ng Tagapagligtas.

Noong Mayo 1833 tumanggap ng paghahayag si Propetang Joseph Smith kung saan sinabi ng Panginoon:

“Ang katotohanan ay kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa. . .

“At walang taong tatanggap ng kabuuan maliban kung siya ay *sumusunod sa . . . mga kautusan [ng Diyos]*.

“Siya na sumusunod sa kanyang mga kautusan ay tumatanggap ng katotohanan at liwanag, hanggang sa siya ay maluwalhati sa katotohanan at malaman ang lahat ng bagay” (D at T 93:24, 27–28; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa pag-aaral at pagsunod sa mga katotohanang matatagpuan sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo, nalalaman at natatanggap natin ang mga pagpapalang ipinangako ng ebanghelyo. Sang-ayon sa karunungan at takdang panahon ng Ama sa Langit, ang mga katotohanang gumagabay sa mga Banal sa mga Huling Araw ay napapasalahat ng anak ng Diyos. Sapagkat, tulad ng

sinabi Niya, “Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Ipinahayag ng ating pinakamamahal na propetang si Pangulong Thomas S. Monson: “Sundin ang mga batas ng Diyos. Ibinigay ito sa atin ng mapagmahal na Ama sa Langit. Kapag sinusunod ang mga ito, ang buhay natin ay magiging mas makabuluhan, hindi gaanong kumplikado. Ang mga hamon at problema ay mas madaling mapagtitiisan. Matatanggap natin ang mga ipinangakong pagpapala ng Panginoon. Sinabi Niya, ‘Hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan; at ang may pagkukusa at ang masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito.’”¹

Ang winika ni Pangulong Monson ay tulad sa sinabi ni Nephi sa kanyang ama noong sinauna, “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila” (1 Nephi 3:7).





Kadalasan, ang mga taong naghahangad na mapabilang sa mga nananalig ay may hangaring maging masunuring mga alagad ng katotohanan. Gayon ang nangyari sa 42 tao na dumalo sa isang district conference sa Kananga, Democratic Republic of the Congo. Masunurin sa mga panghihikayat ng Espiritu at may pananampalataya sa bawat hakbang, naglakad sila nang anim na araw para makadalo sa kumperensya.

Ipinaaalala sa atin ng isang himnong pamabata ang ating tungkulin at direksyon:

*Gagawin, susundin, utos ng Diyos sa 'kin. Magbibigay S'ya ng daan upang ito'y tupdin.*²

Habang isinasaisip natin ang payo ng ating propeta na matapat na sundin ang mga utos at habang inaalala natin ang sagot ni Nephi sa kanyang ama, tayo ay magiging isang pinagpalang lahi.

Sa pagsunod sa utos mula sa anghel na si Moroni, ikinuwento ni Propetang Joseph sa kanyang ama ang nangyari. Ang ama ni Joseph Smith, nang malaman na ipagkakatiwala sa kanyang anak ang mga laminang ginto, ay nagsabi “na yaon ay sa Diyos, at sinabihan ako na humayo at sundin ang iniutos ng sugo” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:50). Anumang hindi pagsunod sa payo na natanggap ni Joseph kapwa mula sa langit at lupa ay magpapabago ng kasaysayan.

Kailan Kami Mabibinyagan?

Ang ating mga missionary ay nagdarsal at humahayo at naglilingkod, na nagtitiwalang hindi magbibigay ng utos ang Panginoon sa kanila nang hindi Siya naghandang paraan para sila ay magtagumpay sa pamamagitan ng kanilang pagsunod at kahandaang maglilingkod. Nagtitiwala sila sa Kanyang pangako: “Sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagkat ako ay

magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo” (D at T 84:88).

Maraming taong naghahanap ng katotohanan ang handang sumunod sa mga turo ng ating mga missionary. Kadalasan, ang mga taong naghahangad na mapabilang sa mga nananalig ay may hangaring maging masunuring mga alagad ng katotohanan. Handa rin silang humayo at maglilingkod.

Gayon ang nangyari sa 42 tao na dumalo sa isang district conference sa Kananga, Democratic Republic of the Congo. Kusa silang nagpunta dahil nabasa at narinig nila ang mga katotohanan ng Panunumbalik, sinimulan nilang ipamuhay ang mga alituntuning kaugnay nito, at hinangad nilang maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.³

Masunurin sa mga panghihikayat ng Espiritu at may pananampalataya sa bawat hakbang, naglakad sila nang anim na araw para makadalo sa kumperensya. Ang una nilang tanong sa presiding authority pagdating nila ay, “Kailan kami mabibinyagan?”

Naunawaan nila na darating ang panahon na papapangyarihin ng Panginoon na maturuan sila ng mga missionary sa kanilang mga tahanan at dadalhin sa kanila ang katotohanang kaytagal na nilang hinangnap. Mga 200 iba pang hindi nakasama sa anim-na-araw na biyahe ang naghintay sa balita na di-magtatagal ay hahanapin sila ng mga missionary.

Panalangin na may Pananampalataya

Sa bansa ng Angola, nagbantang hadlangan ng oposisyon ang hangarin ng matatapat at masunuring mga Banal na makitang maitatag ang ebanghelyo sa kanilang lupain. Isinugo ng Panginoon ang Kanyang mga lingkod upang simulan doon ang gawaing misyonero, ngunit noong gabi bago ang

nakatakda nilang biyahe, hindi pa rin sila nabibigyan ng visa. Nang kausapin ng mga kinatawan ng Simbahan ang mga opisyal ng immigration tungkol sa pagkaantala, pinaalis sila ng mga ito.

Nang aprubahan ng Unang Panguluhan ang paglalaan ng Angola para sa gawaing misyonero, naghintay ng balita si Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang iba pa sa Johannesburg, South Africa. Kasabay nito, sinikap buksan ng matapat na miyembrong si Paulina Lassalete da Cunha Gonçalves ang isang tila nagsasarang pintuan. Umasa siyang makakuha ng mga imbitasyong magbibigay ng pahintulot para makapasok ang grupo ng Simbahan sa Angola. Pagdating doon, makukuha na nila ang kailangang mga visa.

Sa loob ng ilang minuto pagkasara ng mga tanggapan ng pamahalaan sa Angola, tinipon ni Elder Christofferson ang mga naghihintay sa opisina ng Africa Southeast Area. Pagkatapos, habang nakaluhod at nananalangin, hiniling niyang mamagitan ang Ama sa Langit. Sa oras ding iyon, kaagad pagkatapos niyang manalangin nang may pananampalataya, pinirmahan ang mga imbitasyon. Naghandang paraan ang mapagmahal na Ama sa Langit para sa araw ng paglalaan. Sa kahilingan ni Elder Christofferson, isang mapagpakumbabang panalangin na puno ng pasasalamat ang inialay para sa himalang ipinagkaloob.⁴

Ang mga titik ng isang awitin sa Primary ay napakaganda at hindi mapag-aalinlangan:

Ama sa Langit, kayo ba'y nar'yan?

*Dalangin ba ng musmos pinakikingnan?*⁵

Oo, nariyan Siya, at oo, sinasagot nga Niya ang mga

dalangin ng masunurin Niyang mga anak.

Ang pagsunod ay katangian na ng mga propeta noon pa man, at ang pinagmumulang ito ng espirituwal na lakas ay makukuha ng lahat ng matapat na sumusunod sa mga lingkod ng Diyos. Ikinintal ni Pangulong Monson sa isipan ng mga Banal na kailangang sundin ang mga utos, sapagkat “dito ay ligtas tayo at payapa.”⁶

Nawa'y ating sikaping mamuhay sa pagsunod sa mga utos, sundin ang banal na patnubay ng mga piling lingkod ng Panginoon at tanggapin ang ipinangakong mga pagpapala mula sa Kanyang kamay. ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Maniwala, Sumunod, at Magtiis,” *Liahona*, Mayo 2012, 128.
2. “Ang Katapangan ni Nephi,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 64.
3. Naroon ako sa district conference sa Kananga na dinaluhan ng 42 investigator.
4. Mapalad akong masaksihan mismo ang mga pangyayari sa Johannesburg at naglakbay kasama ni Elder Christofferson papunta sa Angola; para sa balita tungkol sa kanya at sa pagbisita ni Elder Jeffrey R. Holland sa Africa, tingnan sa “Apostles Bless Two African Nations,” *Church News*, Nob. 6, 2010, 8–10.
5. “Panalangin ng Isang Bata,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 6.
6. “Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 68.

Ang pagsunod ay katangian na ng mga propeta noon pa man, at ang pinagmumulang ito ng espirituwal na lakas ay makukuha ng lahat ng matapat na sumusunod sa mga lingkod ng Diyos.



Pagkakaroon ng Kanlungan SA EBANGHELYO

Ang mga miyembro sa Kenya ay kapansin-pansin habang ipinamumuhay nila ang ebanghelyo at lumilikha ng mga kanlungan mula sa mundo.

Ni Matthew D. Flitton

Mga Magasin ng Simbahan

Sa populasyon na mahigit tatlong milyon, ang Nairobi, Kenya, ang lungsod na may pinakamaraming naninirahan sa East Africa. Ito ay mataong lugar na puno ng mga kotse, trak, at *mutatus*— mga van na nagsisilbing pribadong bus system—na humahagibis sa mga kalsada. Ito ay lungsod na puno ng mga railway, turismo, at industriya at kinaroroonan ng ikalawang pinakamatandang stock exchange sa kontinente.

Ngunit sa bandang timog, wala pang limang milya (7 km) mula sa pinakasentro ng kabisera ng Kenya, ay naroon ang isang tahimik na nayon. Sa Nairobi National Park ang lupain ay protektado at ganoon pa rin ang hitsura nito makalipas ang daan-daang taon. Di-kalayuan sa nagtataasang gusali ng lungsod makikita ang mga giraffe, water buffalo, wildebeest, zebra, hippo, hartebeest, eland at rhino na pagala-gala at nanginginain. Ang mga leon ay natutulog sa ilalim ng mga punong acacia. Ang parke ang nagsisilbing kanlungan ng mga hayop mula sa kaabalahan ng sibilisasyon.

Sa buong Kenya ay may mas maliliit na iba pang uri ng mga santuwaryo. Ang mga miyembro ng Simbahan ay lumilikha ng mga kanlungan mula sa impluwensya ng mundo. Sa pamumuhay ng ebanghelyo, lumilikha sila ng mga banal na lugar na tatayuan (tingnan sa D at T 45:32; 87:8).



Opra Ouma

Pagkakaroon ng Lakas sa Pamamagitan ng mga Pinahahalagahan

Sinabi ni Opra Ouma na ang pag-alaala sa mga pinahahalagahan ng Young Women ay nagbibigay sa kanya ng lakas na ipamuhay ang ebanghelyo. “Kahit hindi ko kasama ang mga LDS young single adult, kapag ako ay nasa labas, maaari kong ipamuhay ang mga pinahahalagahan ng Young Women at manatili pa ring ligtas,” sabi niya.

Alam na ni Opra ang mga pinahahalagahan ito bago pa siya nabinyagan. Noong 17 anyos siya, nakita ni Opra ang mga misyonero sa kalye isang araw at inisip kung sino sila. Pinag-aralan niya ang ebanghelyo sa loob ng isang taon at nabinyagan nang siya ay mag-18 taong gulang. Pinalalakas ng komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanyang espirituwalidad.

“Kapag nasa simbahan ako kasama ang kapwa ko mga young single adult, nadarama kong ligtas ako, ngunit kapag nasa labas na ako, hindi ko dama na talagang ligtas ako dahil kadalasan ay ako lang ang Latter-day Saint sa grupo,” sabi niya. “Kung minsan mahirap dahil ang mga

pamantayan ng mundo at ang mga pamantayan ng Simbahan ay talagang magkaiba.”

Paghawak sa Gabay na Bakal

Nakatulong ang pag-aaral ng banal na kasulatan kay Stephen Odhiambo Mayembe para mahanap ang mga sagot na sinabi niya na hindi kaya ng sarili natin na mahahanap. “Sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, mahahanap natin ang mga sagot sa ilan sa mga problema natin sa ating araw-araw na buhay,” sabi niya. “At sa pag-aaral din ng mga banal na kasulatan, binibigyan tayo nito ng tapang na magtiis hanggang wakas dahil ang mga banal na kasulatan ay laging nariyan para turuan tayo at sabihin sa atin kung ano ang gagawin.”

Ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon ay nakatulong kay Stephen na magkaroon ng patotoo tungkol sa Simbahan. Sa pagbisita sa kanyang tiya na miyembro ng Simbahan, inanyayahan siya nito na pumunta sa simbahan. Nang





SUNDIN ANG MGA PAMANTAYAN NG EBANGHELYO

“Kailangan tayong maging maingat sa isang mundong nagpakalayo na sa bagay na espirituwal. Mahalagang ayawan natin ang anumang hindi umaayon sa ating mga pamantayan, tumanggi tayong isuko ang ating pinakamimithi: ang buhay na walang hanggan sa kaharian ng Diyos. Binabayo pa rin ng mga unos ang ating pintuan paminsan-minsan, dahil ito ay bahaging hindi maiiwasan sa buhay natin sa lupa. Gayunman, magiging mas handa tayong harapin ang mga ito, matuto mula rito, at daigin ang mga ito kung nakasalig ang ating buhay sa ebanghelyo at nasa puso natin ang pag-ibig ng Tagapagligtas.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Tumayo sa mga Banal na Lugar,” *Liahona*, Nob. 2011, 83–84.



Stephen Odhiambo Mayembe

simulan niyang basahin ang Aklat ni Mormon, nanalangin siya upang malaman kung totoo ito at nakatanggap siya ng sagot.

Sinasabi niya na ang regular na pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay tumutulong sa kanya na sundin ang mga pamantayan ng Simbahan kahit pinag-aalinlanganan ng mga nakapaligid sa kanya ang kanyang pinaniniwalaan. “Sa pagiging miyembro ng Simbahan, naging malakas ang aking pananampalataya, at dahil diyan masasabi kong hindi ako maaaring matinag [tingnan sa Jacob 7:5],” sabi niya.

Paghihintay sa Panginoon

Nalaman ni Sharon Poche na ang desisyon na maging kakaiba ang nagpapakadali sa pamumuhay ng ebanghelyo. Siya ay tapat sa pagsunod sa mga kautusan, at iginagalang ng mga kaibigan niya ang desisyong iyan. Pinipili niyang huwag ilagay ang sarili sa mga situwasyon kung saan mahihirapan siyang mamuhay nang matwid.

“Kapag nagdesisyon ka na tumulay-tulay sa linyang iyan, sa napakanipis na linyang iyan, mahihirapan ka na dahil maaari kang bumagsak anumang oras,” sabi niya tungkol sa linya sa pagitan ng mabuti at masama.

Natagpuan ni Sharon ang Simbahan noong 14-na-taong-gulang siya nang magdesisyong magpabinyag ang kanyang ina. Nangailangan ng malaking pagsisikap sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon dahil si Sharon, na miyembro ng liping Nandi, ay nagsasalita ng Kalenjin bilang kanyang katutubong wika. Kahit nahirapan, sinimulan niyang pag-aralan ang Aklat ni Mormon sa wikang Ingles. “Nadama kong mabuti ito, at maganda ang pakiramdam ko, kaya nagpatuloy ako. Nagdasal ako hanggang sa malaman ko na ito ay totoo,” sabi niya.

Gusto ni Sharon na magpabinyag, ngunit



ayaw pumayag ang kanyang ama. Kaya't sa loob ng apat na taon, si Sharon ay nagsimba, dumalo sa seminary, at aktibidad ng mga kabataan habang hinihintay niya ang pagkakataong sumapi sa Simbahan.

Nang si Sharon ay mag-18 anyos na, nabinyagan siya at nakumpirma. Nag-aral siya sa kolehiyo at nag-aral ng psychology. Ikinasal siya kay Joseph Poche noong Pebrero 2013. Di nagtagal pagkatapos niyon, nagpunta sila sa Johannesburg South Africa Temple upang mabuklod. Sinabi niya na ang pag-aaral ng ebanghelyo ay tumutulong sa kanya na magtuon sa mahahalagang bagay sa mundo na madaling makagambala.

“Alam ko ang layunin ng buhay at kung bakit tayo narito sa lupa,” sabi niya. “Tinutungan ako ng kaalamang iyan na magtuon sa mga bagay na pinakamahalaga.”

Nag-iibayong Lakas

Sa loob ng Nairobi National Park ay may kanlungan para sa mga itim na rhino. Sa pasilidad na ito pinalalaki ang hayop na ito na nanganganib nang maubos at inililipat sa ibang parke para makatulong sa pagpapanumbalik



Sina Joseph at Sharon Poche

ng populasyon ng hayop, na patuloy na tinutugis at malapit nang maubos. Ito ay kilala bilang isa sa mga pinakamatagumpay at mahalagang santuwaryo sa Kenya.

Gayundin, ang ebanghelyo ay naglalaan ng santuwaryo kung saan ang mga miyembro ng Simbahan ay makakapunta, makatatanggap ng lakas, magkakaroon ng tapang na ipalaganap ang ebanghelyo, at makapagpalakas ng pananampalataya. ■

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa Robert D. Hales, “Tumayo nang Hindi Natitinag sa mga Banal na Lugar,” Liahona, Mayo 2013, 48.

Ibaba: Mga rhino na nanginginain sa Nairobi National Park.





**Ni Elder
Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

SA KANYANG SARILING PANAHOON,
SA
**Kanyang
Sariling Paraan**

*Ang paghahayag ay totoo. Dumarating ito sa paraan ng
Panginoon at ayon sa takdang panahon ng Panginoon.*

Gusto kong suriin ang ilang alituntuning angkop sa lahat ng pakikipag-ugnayan mula sa Espiritu—mga pakikipag-ugnayan sa taong nagtuturo, sa taong naghahangad na matuto, at sa bawat miyembro ng Simbahan.

Una, dapat nating matanto na ang Panginoon ay mangungusap sa atin sa pamamagitan ng Espiritu sa Kanyang sariling panahon at sa Kanyang sariling paraan. Maraming tao ang hindi nakauunawa sa alituntuning ito. Naniniwala sila na kapag handa sila at madali para sa kanila, makakatawag sila sa Panginoon at agad Siyang tutugon, maging sa eksaktong paraang sinabi nila. Ang paghahayag ay hindi dumarating sa ganyang paraan.

Pagiging Karapat-dapat sa Paghahayag

Mahalaga sa anumang pagsisikap na tumanggap ng paghahayag ang pangako na gagawin natin sa abot ng ating makakaya ang lahat sa sarili nating sikap at pagpapatiya. Ibig sabihin kailangan nating maglingkod at gumawa.

Ang pagsulong sa ating paglilingkod at paggawa ay mahalagang paraan para maging karapat-dapat sa paghahayag. Sa aking pag-aaral ng mga banal na kasulatan napansin ko na karamihan sa paghahayag sa mga anak ng Diyos ay dumarating kapag sila ay kumilos, hindi habang sila ay nagpapahinga sa kanilang tirahan at naghihintay na sabihin sa kanila ng Panginoon ang unang hakbang na gagawin.



Halimbawa, mahalagang pansinin na ang paghahayag na kilala bilang “ang Salita at Kalooban ng Panginoon hinggil sa Kampo ng Israel” (D at T 136:1) ay hindi ibinigay sa Nauvoo habang ipinaplano ng Korum ng Labindalawa ang exodo mula sa Nauvoo noong nakalulungkot na mga araw kasunod ng pagkamatay ng Propeta bilang Martir noong 1844; ni hindi ito ibinigay sa pampang sa kanluran ng Mississippi River. Ibinigay ito sa Winter Quarters, Nebraska, matapos dumanas ng isang taon ng paghihirap ang mga Banal sa paglalakbay mula Nauvoo pakanluran patawid ng Iowa patungo sa pansamantalang mga kampo sa Missouri River. Ang paghahayag na gagabay sa pagtawid ng mga Banal sa kapatagan ay ibinigay noong Enero 14, 1847, nang makaisang-katlo na ng daan ang natahak ng mga Banal patungo sa mga lambak ng kabundukan.

Makatatanggap tayo ng mga pahiwatig ng Espiritu kapag nagawa na natin ang lahat ng makakaya natin, kapag nagtatrabaho tayo sa ilalim ng init ng araw sa halip na nagpapahinga sa lilim at nananangin na humihiling ng patnubay tungkol sa unang hakbang na ating gagawin. Ang paghahayag ay dumarating kapag kumikilos ang mga anak ng Diyos.

Kaya gagawin natin ang lahat ng makakaya natin. Pagkatapos ay hihintayin natin ang paghahayag mula sa Panginoon. May sarili Siyang takdang panahon.

Panahon at Uri

Mga 35 taon na ang nakararaan, noong ako ay pangulo ng Brigham Young University, nagplano kaming hikayatin ang pangulo ng Estados Unidos na magsalita sa unibersidad. May mga partikular na panahon kami na magiging maluwag sa amin, at naisip namin ang ilang bagay na gusto naming sabihin niya at gawin habang naroon siya. Ngunit matalino kaming lahat para malaman na hindi namin makokontak at mapapapunta ang pinakamataas na awtoridad ng Estados Unidos sa BYU campus—at pagsalitain pa siya sa 26,000 tao—at bigyan siya ng mga kundisyon sa kanyang pagdalo.

Alam namin na sa pag-anyaya sa pangulo, kailangan talaga naming sabihing, “Tatanggapin namin kayo kahit kailan kayo dumating at anumang oras ninyo piliing pumarito at anuman ang piliin ninyong sabihin at gawin

habang narito kayo. Buung-buo naming ilalaan ang aming mga iskedyul at paghahanda sa pagbisita ninyo.”

Ngayon, kung sa ganyang paraan dapat lapitan ng isang komunidad ng 26,000 tao ang pinakamataas na awtoridad ng isang bansa, hindi dapat ikagulat na ang isang tao—gaano man siya kaimportante—ay wala sa posisyong magbigay ng mga kundisyon o ipagpilitan ang sarili niyang takdang panahon sa pagbisita o pakikipag-ugnayan mula sa Pinakamataas na Awtoridad sa sansinukob.

Tunay ngang ito ang alituntuning inihayag ng Panginoon sa Kanyang mga anak sa dakilang paghahayag na nakalimbag sa ika-88 bahagi ng Doktrina at mga Tipan. Sinabi ng

Panginoon, “Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan; humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan” (talata 63).

Kasunod nito, ipinahayag ng Panginoon na kung ang ating mga mata ay nakatuon sa Kanyang kaluwalhatian, mapupuno ng liwanag ang ating buong katawan at mauunawaan natin ang lahat ng bagay. Pagkatapos, nagpatuloy ang Kanyang tagubilin sa dakilang pangakong ito: “Samakatwid, pabanalin ang inyong sarili upang ang inyong mga isipan ay matuon sa Diyos, at darating ang mga araw na inyo siyang makikita; sapagkat kanyang aalisin ang taging ng kanyang mukha sa inyo, at *iyon ay sa kanyang sariling panahon, at sa kanyang sariling pamamaraan, at alinsunod sa kanyang sariling kalooban*”

(talata 68; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang alituntuning nakasaad sa paghahayag na iyon ay angkop sa bawat pakikipag-ugnayan mula sa ating Ama sa Langit. Hindi natin mapipilit ang mga espirituwal na bagay.

Kadalasan, ang “sarili niyang paraan” ay hindi ang dumadagundong na paghadlang o nakakabulag na liwanag kundi ang tinatawag sa mga banal na kasulatan na “marahan at banayad na tinig” (I Mga Hari 19:12; 1 Nephi 17:45; D at T 85:6). Hindi maunawaan ng ilan ang alituntuning ito. Dahil dito, hinanap lang ng ilan ang mga dakilang pagpapamalas na nakatala sa mga banal na kasulatan at hindi nila nakilala ang “marahan at banayad na tinig” na ibinigay sa kanila. Ito ay katulad ng ating pagpapasiya na matututo lamang tayo mula sa isang guro na sumisigaw

*Kailangan nating
malaman na ang
Panginoon ay bihi-
rang magsalita nang
malakas. Ang kan-
yang mga mensahe ay
halos laging dumara-
ting sa isang bulong.*



Mula sa mga paghahayag kina Hyrum Smith (nakalarawan sa itaas) at Oliver Cowdery, nalaman natin na nagtuturo sa atin ang Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu, na nagpapalinaw sa ating isipan at nangungusap ng kapayapaan sa atin tungkol sa ating mga tanong.

at aayawan nating pakinggan ang kahit pinakamatalinong pagtuturong dumarating sa isang bulong.

Kailangan nating malaman na ang Panginoon ay bihirang magsalita nang malakas. Ang kanyang mga mensahe ay halos laging dumarating sa isang bulong.

Paghahayag Bilang Kaliwanagan at Kapayapaan

Ang isa sa pinakamagagandang paliwanag kung paano tayo tinuturuan ng Espiritu ay nasa paghahayag na ibinigay kay Oliver Cowdery sa Harmony, Pennsylvania, noong Abril 1829. Sa paghahayag na ito sinabi ng Panginoon kay Oliver:

“Oo, masdan, *sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso*, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasa-iyo at mananahanan sa iyong puso.

“Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag” (D at T 8:2–3; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Gayundin, tinukoy ni Propetang Joseph Smith ang diwa ng paghahayag bilang “dalisay na talino,” na “maaring may bigla kayong maisip.”¹ Sa isa pang paghahayag, ipinaalala kay Oliver na nagtanong siya sa Panginoon at na “sa tuwing magtatanong ka ikaw ay makatatanggap ng tagubilin mula sa aking Espiritu” (D at T 6:14). Paano dumating ang tagubiling iyon? “Masdan,” sabi ng Panginoon, “iyong nalalaman na ikaw ay nagtanong sa akin at aking

nilinaw ang iyong pag-iisip” (talata 15; idinagdag ang pagbibigay-diin). Inulit ang turo ding iyon sa isang paghahayag na ibinigay kay Hyrum Smith kung saan sinabi ng Panginoon, “Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, ipagkakaloob ko sa iyo ang aking Espiritu, na siyang *magbibigay-liwanag sa iyong isipan, na siyang magpupuspos sa iyong kaluluwa ng kagalakan*” (D at T 11:13; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ito ay magagandang paglalarawan ng paraan ng pakikipag-ugnayan sa atin ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu.

Sa iba pang pagtuturo kay Oliver Cowdery, ipinaalala sa kanya ng Panginoon ang panahon na nanalangin siya para malaman “ang hinggil sa katotohanan ng mga bagay na ito” (D at T 6:22). At inilarawan ng Panginoon kung paano Niya sinagot ang panalanging iyon at ibinigay kay Oliver ang isang paghahayag: “Hindi nga ba’t *ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan* hinggil sa bagay na ito? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matakamo kundi ang mula sa Diyos?” (talata 23; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Mula sa mga paghahayag na ito nalaman natin na tinuturuan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu, na *nagpapalinaw sa ating isipan at nangungusap ng kapayapaan* sa atin tungkol sa ating mga katanungan.



Ang Panginoon ay hindi agad nakipag-ugnayan kay Adan matapos siyang sumunod sa utos na ialay ang mga panganay ng kanyang kawan. Sabi sa banal na kasulatan, “At pagkalipas ng maraming araw, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita kay Adan” (Moises 5:6).

Ang Paghahayag ay Isang Pakiramdam

Nalaman din natin sa mga paghahayag na ito na para maturuan ng Espiritu ay kailangang mayroon tayong gawin. Madalas ay hindi nakikipag-ugnayan ang Panginoon hangga’t hindi natin napag-aaralan ang mga bagay sa ating isipan. Pagkatapos ay tumatanggap tayo ng pagpapatibay.

Ipinaliwanag ang prosesong ito kay Oliver Cowdery sa isa pang paghahayag na natanggap sa Harmony, Pennsylvania, noong Abril 1829. Ipinaliwanag ng Panginoon kung bakit hindi naisalin ni Oliver ang Aklat ni Mormon:

“Hindi mo naunawaan; inakala mo na aking ibibigay ito sa iyo, gayong wala kang inisip maliban sa ito ay ita-nong sa akin.

“Subalit, masdan, sinasabi ko sa iyo, na *kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan*; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, *madarama mo na ito ay tama*” (D at T 9:7–8; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Maaaring ito ang isa sa mga pinakamahalaga at pinaka-hindi maunawaang turo sa buong Doktrina at mga Tipan. Ang mga turo ng Espiritu ay madalas dumating bilang pakiramdam. Ang katotohanang iyan ay napakahalaga, subalit hindi maunawaan ng ilan ang kahulugan nito. May kilala akong mga tao na nag-iisip na hindi sila nagkaroon ng patotoo kahit kailan mula sa Espiritu Santo dahil hindi nila

nadama kailanman na “nag-alab” ang kanilang dibdib. Ang pag-aalab ng dibdib, sa palagay ko, ay hindi init ng pakiramdam kundi damdamin ng kapayapaan at pagmamahal at katiwasayan at kabutihan.

Ang Paghahayag ay Hindi Palagian

Ang paghahayag ay hindi palagian. Ang paraan ng Panginoon ay naglilimita sa kung gaano kadalas Siya mangungusap sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Dahil hindi nila ito maunawaan, nalinlang ang ilan na umasa nang napakadalas sa mga paghahayag.

Sa pagpuna sa mga gawain ng Espiritu, sinabi ni Pangu-long Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Nalaman ko na hindi madalas dumating sa atin ang matitindi at nakaaantig na espirituwal na mga karanasan.”²

Para mailarawan ang puntong iyon, isipin kung ano ang itinuturo sa atin tungkol sa una nating mga magulang matapos silang palayasin sa Halamanan ng Eden at hindi papasukin sa kinaroroonan ng Panginoon. Inutusan ng Panginoon si Adan na isakripisyo niya ang mga panganay ng kanyang mga kawan bilang handog sa Panginoon. Sumunod siya. Agad bang nakipag-ugnayan sa kanya ang Panginoon? Sabi sa banal na kasulatan: “*At pagkalipas ng maraming araw*, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita kay Adan” (Moises 5:6; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sinabi ito ni William E. Berrett, isa sa pinakamagagaling naming guro ng ebanghelyo, na naglingkod bilang administrador sa BYU at para sa Church Educational System, tungkol sa palagian o patuloy na paghahayag: “Ang mga nagdarasal na bigyan sila ng Espiritu ng agarang patnubay sa bawat maliit na bagay ay inilalantad ang kanilang sarili sa mga huwad na espiritu na tila laging handang sagutin ang ating mga pagsamo at lituhin tayo. . . . Ang mga tao na natagpuan kong lubhang nalilito sa Simbahang ito ay ang mga taong naghahangad ng pansariling paghahayag sa lahat ng bagay. Gusto nila ng pansariling katiyakan mula sa Espiritu mula umaga hanggang gabi sa lahat ng ginagawa nila. Palagay ko sila ang pinakalitong mga taong kilala ko dahil kung minsan tila mali ang pinagmumulan ng sagot.”³

May sinabi si Propetang Joseph Smith na katulad nito. Kapag ang mga Banal ay “sumasamo sa luklukan ng biyaya,” pagpapayo niya, hindi nila ito dapat gawin sa mga bagay na hindi mahalaga kundi dapat silang “taimtim na manalangin para sa pinakadakilang mga kaloob.”⁴ Iyan ay mahalagang alituntunin. Patuloy tayong nanalangin para sa patnubay, ngunit hindi tayo dapat umasa na tatanggap tayo ng *patuloy* na paghahayag. Umaasa tayong tatanggap ng *patuloy* na paghahayag, ng patuloy na katiyakan ng paghahayag tuwing naghahangad tayo ng patnubay at ang ating sitwasyon ay gayon na lamang kaya’t pinipili itong ibigay sa atin ng matalino at mapagmahal na Panginoon.

Paghahayag at Patotoo

Tunay na nagkakaroon ng mga pangitain. Naririnig ang mga tinig mula sa kabila ng tabing. Alam ko ito. Ngunit ang mga karanasang ito ay pambihira. At kapag mayroon tayong isang dakila at pambihirang karanasan, bihira natin itong pag-usapan sa publiko dahil inutusan tayong huwag gawin ito (tingnan sa D at T 63:64) at dahil nauunawaan natin na ang mga daluyan ng paghahayag ay isasara kung ipapakita natin ang mga bagay na ito sa mundo.

Karamihan sa paghahayag na nagmumula sa mga lider at miyembro ng Simbahan ay nagmumula sa “marahan at banayad na tinig” o sa isang pakiramdam sa halip na sa isang pangitain o tinig na bumibigkas ng partikular na mga salita sa ating pandinig. Pinatotohanan ko ang katunayan ng gayong uri ng paghahayag, na

pamilyar na sa akin, at araw-araw pa ngang karanasan na gagabay sa atin sa gawain ng Panginoon.

Dahil hindi nauunawaan ang mga alituntuning ito ng paghahayag, ipinagpapaliban ng ilang tao ang pagkilala sa kanilang patotoo o espirituwal na pag-unlad hangga’t hindi sila dumaranas ng isang mahimalang pangyayari. Hindi nila natatanto na sa karamihan ng mga tao—lalo na sa mga lumaki sa Simbahan—ang mahalagang paghahayag na nagbibigay sa atin ng patotoo ay hindi isang pangyayari kundi isang proseso. Napuna ni Elder Bruce R. McConkie (1915–85): “Ang pagsilang na muli ay unti-unting nangyayari, maliban sa ilang pagkakataon na lubhang mahimala

kaya’t isinulat ang mga ito sa mga banal na kasulatan. Para sa karamihan ng mga miyembro ng Simbahan, tayo ay isinisi-lang na muli nang paunti-unti, at isinisi-lang na muli sa dagdag na liwanag at dagdag na kaalaman at dagdag na mga hangarin para sa kabutihan kapag sinusunod natin ang mga kautusan.”⁵

Dapat nating maunawaan na ang Panginoon ay mangungusap sa atin sa Kanyang sariling panahon at sa Kanyang sariling paraan. Ito ang karaniwang tinatawag sa mga banal na kasulatan na “marahan at banayad na tinig” ng kaliwanagan. Madalas ay kailangan nating kumilos ayon sa pinakamatalino nating pagpapasiya, sa ilalim ng pahiwatig ng pagpigil ng Espiritu kung lumagpas tayo sa mga hangganan.

Ang paghahayag ay totoo. Dumaring ito sa paraan ng Panginoon at ayon sa takdang panahon ng Panginoon.

Pinatotohanan ko na ang mga bagay na ito ay totoo. Nasa atin ang kaloob na Espiritu Santo, ang karapatan na palaging patnubayan ng Espiritu ng Panginoon na patotohanan ang Ama at ang Anak, upang akayin tayo sa katotohanan, ituro at ipaalala sa atin ang lahat ng bagay (tingnan sa Juan 14:26; 16:13). ■

Mula sa mensaheng ibinigay sa mga bagong mission president noong Hunyo 27, 2001.

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 153.
2. Boyd K. Packer, *That All May Be Edified* (1982), 337.
3. William E. Berrett, sa Joseph Fielding McConkie at Robert L. Millet, *The Holy Ghost* (1989), 29–30.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 152.
5. Bruce R. McConkie, “Jesus Christ and Him Crucified,” sa *Brigham Young University 1976 Speeches* (1977), 5.





ANG LANDAS NG LIDER TUNGO SA Paghahayag

Nagbahagi ng apat na alituntunin ang mga lokal na lider ng priesthood at auxiliary na nakatulong sa kanila na kumilos nang may inspirasyon sa kanilang mga tungkulin.

Ni Richard M. Romney

Mga Magasin ng Simbahan

“**N**ang una akong tawagin, natigilan ako,” sabi ng isang branch president na ilang taon na ngayong naglilingkod. “May pananampalataya ako na alam ng Ama sa Langit kung paano pagpalain ang mga miyembro at kanilang pamilya, pero paano ko malalaman ang talagang gusto Niyang gawin *ko* para matulungan sila?”

May alam na dalawang alituntunin ang pangulo na nagpalakas sa kanya bilang convert sa Simbahan at bilang bago pang ama: pag-aaral ng banal na kasulatan at panalangin. Kaya ginagawa niya ito nang may panibagong layunin.

“Nang gawin ko ito, nadama ko na dapat kong basahin ang sinasabi sa Doktrina at mga Tipan 9:8, na ‘pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo [sa Panginoon] kung ito ay tama.’ Nang basahin kong muli ang mga salitang iyon, nalaman ko na ginagabayan na ako ng Panginoon sa daan tungo sa paghahayag.”

Iyan ang daan na kailangang lakbayin ng lahat ng lider para maging epektibo sa kanilang mga tungkulin. At kapag humingi sila ng inspirasyon na karapatan nilang matanggap, paulit-ulit nilang nalalaman na pinadadali ng ilang alituntunin ng ebanghelyo ang pagtanggap ng banal na patnubay. Narito ang apat sa mga ito.

1. Mag-usap-usap

“Nalaman ko na kahit damang-dama kong inspirado akong gawin ang isang bagay, tumatanggap ako ng katiyakan kapag pinag-uusapan namin ito ng mga tagapayo ko,” sabi ng isang dating branch Relief Society president. “Kung minsan kukumpirmahin lang nila na gayon din ang nadama nila, at susulong kami na nagkakaisa. Ngunit minsan tinulungan nila akong makita ang mga bagay na hindi ko nakita, at binabago namin ang ginagawa namin o kaya naman ay



MAGTIWALA SA INSPIRASYON

“Lagi akong nag-papakumbaba at nagpapasalamat kapag nakikipag-ugnayan sa akin ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng Kanyang inspirasyon. Natutuhan kong kilalanin ito, magtiwala rito, at sundin ito. Ilang beses na akong nakatanggap ng gayong inspirasyon.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Tumayo sa mga Banal na Lugar,” *Liahona*, Nob. 2011, 84.

nagiging mas sensitibo kami sa kung paano namin ito ginagawa. Pagkatapos ay susulong pa rin kami na nagkakaisa.”

Ang payo ay makukuha rin sa pagbabasa ng mga hanbuk, pag-aaral ng mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, at pagdarsal nang may pananampalataya.

“Ang ilan sa pinakamagagandang payo na natatanggap ko ay dumarating kapag paulit-ulit kong binabasa ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya,” sabi ng isang ward Young Women president. “At kapag lumuhod ako sa panalangin, tinatanong ko ang Ama sa Langit tungkol sa mga bagay na napag-aralan ko at kung paano magagamit ang mga turo ng mga buhay na propeta at general auxiliary para matulungan ang mga kabataang babae.”

Sabi ng isang tagapayo sa isang stake Sunday School presidency, “Kapag nagpupulong kami bilang presidency, lagi naming nirerepaso ang isang maikling talata sa *Handbook 2: Administering the Church*. Kapag regular naming nirerepaso ang mga tagubiling natanggap namin, tinutulungan kami ng Espiritu na manatiling nakaayon sa mga tuntunin.”

“Napapanatag ako sa katotohanan na ang Simbahan ng Panginoon ay isang simbahan ng mga council,” sabi ng isang stake president. “Napakasarap maranasang mamuno sa mga council kung saan sama-samang nagdarasal ang mga taong maraming karunungan at karanasan at saka pinag-uusapan ang pinakamainam na paraan para makapagpatuloy. Ang kanilang inspirasyon ay nagbibigay sa akin ng kakayahang pag-isipan ang mga alternatibo, makinig sa Espiritu, at pagkatapos ay lubos na magtiwalang ilahad ang mga desisyon ko sa Panginoon.”¹

Kung minsan ang paghingi ng payo ay nangangahulugan ng paghahanap ng isang taong mas maraming alam. “Sinisikap kong tulungan ang isang pamilya sa mga problema nila sa pera at nahikayat akong ipakausap sila sa isang miyembrong lalaki sa ward na financial adviser,” sabi ng isang bishop na na-release kamakailan. “Natulungan niya sila sa mga paraang hindi ko kailanman makakayang gawin.”

Isa pang bishop, na napayuhan na kailangng hayaan ng mga bishop ang iba pang mga lider ng ward na kumilos at gawin ang kanilang tungkulin, ang nagkuwento ng karanasang ito: “Gusto ng isang balo sa aming ward na bisitahin siya ng bishop kahit minsan sa isang linggo. Ang pagbisita lang ng bishop ang tanging makapagpapanatag sa kanya. Sinikap kong puntahan siya nang madalas hangga’t maaari, ngunit marami akong responsibilidad, kabilang na ang isang mag-asawang maliliit pa ang mga anak. Sa huli, kasama ang isa sa aking mga tagapayo, pinuntahan ko siyang muli.

“Habang nag-uusap kami, nahikayat akong sabihing, ‘Mahal na kapatid, alam mo na mahal kita bilang bishop mo. At dahil mahal na mahal kita, hinilingan ko ang dalawa sa tapat nating mga Melchizedek Priesthood holder at dalawa sa mababait nating kababaihan sa Relief Society na puntahan ka kahit minsan sa isang buwan, o mas madalas kung kailangan. Irereport nila kung may mga pangangailangan ka o problema. Ayos lang ba iyon?’ ‘Opo naman, bishop,’ sabi niya. Itinanong ko kung gusto niyang malaman ang kanilang pangalan, at oo ang sagot niya. Nang sabihin ko sa kanya, sinabi niya, ‘Mga home teacher at visiting teacher ko sila!’ At sinabi ko, ‘Nauunawaan mo na ngayon ang paraang itinakda ng Panginoon para mapangalagaan ka namin.’”

2. Makinig na Mabuti

Sinasabi rin ng mga lider na ang kakayahang makinig at makahiwatig ay makakatu-long sa paghahangad ng inspirasyon.

“Kapag kausap namin ang kababaihan, sinisikap kong hindi lang pakinggan kundi unawain din ang sinasabi nila,” sabi ng isang ward Relief Society president. “Kung minsan sa pamamagitan ng Espiritu nadarama ko na kailangan nila ng tulong. Mapalad akong makita ito sa kanilang mga mata o madama ito sa kanilang kilos. Minsan nga nasasabi ko pang, ‘Ako ang Relief Society president mo, at nadarama ko na may kailangan ka. Paano kita matutulungan?’ Pakiramdam ko madalas akong tumanggap ng inspirasyon sa pagtatanong ng, ‘Ano ang gagawin ng Tagapagligtas?’”



“Kapag gusto kong matuwa at sumigla,” sabi ng isang bishop, “nauupo ako sa tabi ng mga batang Primary habang kumakanta sila. Lagi nitong pinagagaan ang puso ko.”

“Pinasasalamatan ko ang paraan ng pakikinig ng aming bishop sa kababaihan sa aming ward council,” sabi ng isang ward Primary president. “Lagi niya kaming kinukumusta at nakikinig siyang mabuti sa lahat ng sinasabi namin. Ilang beses niyang sinabing, ‘Kailangan nating alalahanin na maraming ideyang dumarating sa mga maybahay, ina, at dalaga.’”

“Kailangan din nating alalahanin na kasama sa pakikinig ang pakikinig sa espiritu,” sabi ng isang high priests group leader. “Maaaring ang pinakatumpak na pagsukat sa tagumpay ng isang lider ay sa kakayahan niyang madama at sundin ang Espiritu. Paulit-ulit itong naipamalas ni Pangulong Monson.”²

3. Tumayo sa mga Banal na Lugar

Nakita rin ng mga lider na may ilang lugar na nakakahikayat sa paghahayag.

“Para sa akin, ang pinakamagandang lugar para magkaroon ng inspirasyon ay sa templo,” sabi ng isang tagapayo sa bishopric. “Kapag gusto kong mapalapit sa Panginoon, nagpupunta ako sa Kanyang bahay para makalaya ako sa mga problema at makatuon ako sa pakikinig sa Espiritu.”

“May silid ako sa bahay ko na nakatalaga bilang opisina ko,” sabi ng isang stake patriarch. “Hiniling ko na sa Panginoon na gawin itong lugar kung saan malulugod na pumaroon ang Espiritu. Kapag naghahanda akong magbigay ng basbas, nagpupunta ako roon at nagdarasal. Doon din ako nag-iinterbyu at nagbibigay ng mga basbas.”

“Ang mga meetinghouse natin ay inilaan bilang mga bahay-sambahan,” sabi ng isang bishop. “Kung minsan sa gabi ng isang simpleng araw, kapag gusto kong makadama ng kapayapaan, nauupo ako sa chapel. Iniisip ko ang mga miyembro ng ward at kung gaano sila kamahal ng Tagapagligtas. O kung minsan ay kumakanta ako ng himno.”

“Para sa akin ang Primary ay isang banal na lugar,” sabi ng isa pang bishop. “Kapag gusto kong matuwa at sumigla, nauupo ako sa tabi ng mga batang Primary habang kumakanta sila. Lagi nitong pinagagaan ang puso ko.”

“Kayang gawing banal ng panalangin ang alinmang lugar,” sabi ng isang branch Young Men president. “Isipin ang mga paghahayag na dumating kay Propetang Joseph noong siya ay nasa Liberty Jail. Nagawa niyang banal ang lugar na iyon sa pamamagitan ng pagtawag sa Panginoon.”

4. Kumilos nang May Awtoridad

“Hindi sineryoso ng ilang miyembro ng ward namin ang kanilang tungkulin,” sabi ng isang bishop. “Nadama ko na matutulungan ko sila sa pagpapaliwanag kung paano namin ipinagdasal, bilang bishopric, na malaman kung sino ang dapat tawagin at nakatanggap kami ng sagot. Gusto kong malaman nila na sila, sa pamamagitan ng mga lider na may awtoridad, ay tinawag ng Panginoon. Nagkaroon ng malaking kaibhan nang malaman nila na ang kanilang tungkulin ay binigyang-inspirasyon at inaasahan ng Panginoon na maghahangad din sila ng inspirasyon para magampanan ang tungkuling iyon.”

Nilakbay niya at ng kanyang mga tagapayo ang daan tungo sa paghahayag, isang daan na bukas sa lahat ng miyembro at lider ng Simbahan. At sa paglalarawan sa daan na nilakbay nila, nabigyang-inspirasyon din nila ang iba. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa M. Russell Ballard, “Counseling with Our Councils,” *Ensign*, Mayo 1994, 24–26.
2. Tingnan, halimbawa, sa Thomas S. Monson, “Isipin ang mga Pagpapala,” *Liahona*, Nob. 2012, 86–89.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pamumuno, magpunta sa Leadership Training Library sa lds.org/service/leadership.

Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

PARA TUMATAG ANG PAMILYA

Magkaroon ng matatag na pundasyon para sa inyo at sa inyong pamilya sa pamamagitan ng mas palagian at makabuluhang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.



Ni Lori Fuller

Mga Magasin ng Simbahan

MAG-ARAL NANG MAY PANGAKO

“Kapag itinuon ng mga miyembro at pamilya ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan nang regular at palagian, . . . kusang darating ang pagkaakit sa iba pang mga bagay. Lalago ang mga patotoo. Magiging mas tapat ang pangako. Mapapatatag ang mga pamilya. Dada-loy ang personal na paghahayag.”

President Ezra Taft Benson (1899–1994), “The Power of the Word,” *Ensign*, Mayo 1986, 81.

Ang sumusunod na mga ideya ay maaaring makatulong sa inyo at sa inyong pamilya na umani ng mga gantimpala ng mas mahusay na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang mga halimbawang ito ay mga mungkahi lamang at maaaring iangkop sa mga pangangailangan ninyo at ng inyong pamilya.

Mag-aral nang May Tanong

Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan para maghanap ng mga sagot ay isang mabuting paraan para mapahusay ang pag-aaral ninyo ng mga banal na kasulatan. Maaari ninyong simulan ang inyong pag-aaral sa panalangin, na hinihiling na mahanap ang mga sagot sa inyong partikular na mga tanong. Habang nagbabasa kayo, markahan

ang mga talata sa mga banal na kasulatan na sumasagot sa inyong mga tanong. Sumulat ng maiikling tala sa gilid ng inyong mga banal na kasulatan o sa hiwalay na notbuk.

Kapag nag-aaral kayo bilang pamilya, masisimulan ninyo ang bawat pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa pagtatanong sa inyong mga anak kung may mga tanong sila na sinisikap nilang sagutin. Habang nagbabasa kayo, hanapin ang mga talatang sumasagot sa mga tanong na ito, at tumigil para talakayin ang mga ito.

Mag-aral ayon sa Paksa

Pumili ng isang paksang gusto ninyong pag-aralan pa, tulad ng panalangin, at basahin ang nakasulat sa Bible Dictionary o sa Gabay sa mga banal na Kasulatan. Pagkatapos ay basahin ang banal na kasulatang nakalista sa paksang iyan sa Gabay sa mga



OTSO



Banal na Kasulatan, Index, o Topical Guide. Sa loob ng listahan ng mga banal na kasulatan, markahan ang mga talatang lubos na makakatulong. Matapos markahan ang paborito ninyong mga talata tungkol sa panalangin, magkarkaroon kayo ng personal na reperensya tungkol sa paksa. Maaari ninyong markahan ng isang kulay ang lahat ng talatang matagpuan ninyo tungkol sa isang partikular na paksa. Pumili ng isa pang doktrinang pag-aaralan kapag tapos na kayo at gumamit ng ibang kulay para markahan ang mga talatang ito.

Kapag nag-aaral bilang pamilya, sama-sama ninyong piiliin ang isang paksa at atasan ang bawat bata na tahimik na basahin ang ilang talata at ibahagi ang kanyang paborito. Maaaring ilang araw ang kailanganin para makumpleto ang isang paksa, kaya subaybayan ang natutuhan ninyo sa pamamagitan ng pagtalakay nito at pagtatala sa pagtatapos ng bawat sesyon sa pag-aaral.

Mag-aral para Mapatnubayan

Minsan ay ipinaliwanag ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, kung paano niya ginamit ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan para makahanap ng natatanging patnubay sa kanyang buhay at tungkulin. Matapos manalangin sa Ama sa Langit kung ano ang gagawin, inilista ni Pangulong Eyring ang mga sagot, nilagyan ng color-code ang bawat aytem sa listahan, at idinikit ang isang kopya sa mumurahing set ng mga banal na kasulatan. Ipinaliwanag niya, “Ang una[ng sagot sa listahan ay] ‘Ako ay saksi na si Cristo ang Anak ng Diyos.’ Tapos ay binabasa ko ang aking mga banal na kasulatan para maghanap ng mga ideya kung paano sumaksi na si Cristo ang

Anak ng Diyos. Tuwing may mababasa ako, minamarkahan ko ito ng asul. Di nagtagal nagkaroon ako ng sariling gabay sa paksa na sa palagay ko ay gustong ipagawa sa akin ng Panginoon.”¹

Kapag nag-aaral bilang pamilya, magpasiya kung aling mga bagay ang nais ninyong pagbutihin pa. Isulat ang mga problemang ito at ilagay ang mga ito sa lugar na makikita ninyo. Habang nagbabasa kayo, anyayahan ang bawat bata na hanapin at markahan ang mga talatang nauugnay sa isang partikular na problema.


Kung mahirap ang magbasa lamang ng ilang talata sa isang araw at tila imposibleng pag-aralan pa ito nang mas detalyado o mahirap paupuin nang sama-sama ang inyong pamilya, huwag kayong mawalan ng pag-asa at huwag sumuko. Ipinayo ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na kahit walang sandali ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya na tila hindi-malilimutan o matagumpay, “hahantong sa makabuluhang espirituwal na mga bunga ang palagian nating paggawa ng tila maliliit na bagay.”²

Kapag hinangad nating basahin ang mga banal na kasulatan nang mas palagian at ginawa nating makabuluhan ang ating pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagpapalain ng Panginoon ang ating mga pagsisikap. Gagabayan Niya tayo kapag isinaayos natin ang ating pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ginawa itong mas kapaki-pakinabang sa atin at sa ating pamilya. ■

MGA TALA

1. “Isang Talakayan Tungkol sa Pag-aaral ng Banal na Kasulatan,” *Liahona*, Hulyo 2005, 10.
2. David A. Bednar, “Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan,” *Liahona*, Nob. 2009, 19.





*Hindi lamang sa pagtatanong
makahihikayat ng talakayan sa klase.*

*Kailangan natin ang tamang
uri ng mga tanong.*

MAGAGANDANG Tanong, MAGAGANDANG Talakayan

Ni Jack Lyon

Nagtanong ang isang Sunday School teacher, “Sino ang unang dalawang tao sa lupa?” Umaasam siyang tumingin sa kanyang klase ng mga tinedyer, pero walang nagtaas ng kamay. Nagbaba ng tingin ang mga miyembro ng klase o binuklat-buklat nila ang mga pahina ng kanilang mga banal na kasulatan. “Simpleng tanong lang ito,” sabi ng guro. “Wala bang nakakaalam sa sagot?”

Sa kabilang kuwarto, sa klase ng Gospel Doctrine, nagtanong ang guro, “Ano ang pinakamahalagang alituntunin ng ebanghelyo?”

Nahihiyang nagtaas ng kamay ang isang babae. “Panampalataya?” tanong nito.

“Magandang sagot iyan,” sagot ng guro, “pero hindi iyan ang hinahanap kong sagot. May iba pa ba?”

Katahimikan.

Nagtatanong ang mga guro dahil nais nilang makibahagi ang mga miyembro ng klase sa kanilang mga aralin. Nauunawaan nila na ang mga estudyanteng lumalahok ay mas natututo kaysa mga nakaupo lang at nakikinig. Ngunit ang mga tanong na katulad ng nasa itaas ay karaniwang hindi umuubra.

Ang tanong na “Sino ang unang dalawang tao sa lupa?” ay hindi epektibo dahil napakalinaw ng sagot kaya walang gustong sumagot—o inakala nila na hindi na kailangang sagutin iyon.

Ang tanong na “Ano ang pinakamahalagang alituntunin ng ebanghelyo?” ay hindi rin epektibo. Walang nakakaalam

sa sagot na hinahanap ng guro maliban sa guro, na ang talagang sinasabi ay, “Hulaan ninyo kung ano ang iniisip ko.”

Ito ay mga tanong ukol sa katotohanan; bawat isa ay may *partikular* na sagot. Ngunit ang magagandang talakayan sa klase ay nagmumula sa ibang uri ng tanong—na kakatwang nagmumula sa mga tanong na *walang* partikular na sagot. Iyan ang susi.

Pagtatanong na Masasagot sa Iba’t Ibang Paraan

Kung kayo ay guro sa isang adult class, maaari ninyong itanong, “Anong alituntunin ng ebanghelyo ang pinakamahalaga sa inyong buhay, at bakit?” Malamang na matigilan ang mga miyembro ng klase para pag-isipan ang kanilang mga karanasan—at OK lang iyon. Kung magpapahinga kayo at maghihintay nang ilang sandali, magtataasan sila ng kamay, at maririnig ninyo ang tunay at taos-pusong mga karanasan ng mga tao sa ebanghelyo. Mapapansin din ninyo na ang mga puna ng isang tao ay hihikayat ng mga puna mula sa iba. Hindi magtagal, magkakaroon na ng nakatutuwa at nagbibigay-inspirasyong talakayan sa klase!

Kung gusto ninyong talakayin ng klase ang isang partikular na bagay na kagaya ng panampalataya, isiping sabihin ang katulad nito: “Ngayon ay pag-uusapan natin ang tungkol sa panampalataya, ang unang alituntunin ng ebanghelyo.” Pagkatapos ay magtanong tungkol sa panampalataya na walang partikular na sagot:



May higit pa sa talakayan sa klase kaysa paghihikayat sa mga tao na magbigay ng mga puna. Sa huli, ito ay isang napakaespirituwal na bagay na higit na maglalapit sa klase sa Diyos.

1. “Ano ang papel ng pananampalataya sa inyong buhay?”
2. “Sa palagay ninyo bakit nais ng Panginoon na sumampalataya tayo?”
3. “Ano ang ilang paraan na maaari nating palakasin ang ating pananampalataya?”

Makakatanggap kayo ng maraming sagot, at kapag nangyari ito, maaari ninyong isulat ang mga ito (nang maikli) sa pisara. Kapag tapos na kayo, magkakaroon kayo ng magandang listahang magagamit ninyo para ibuod ang inyong talakayan.

May dagdag na pakinabang sa pagtatanong na masasagot sa iba’t ibang paraan: Maging ang mga miyembro ng klase na hindi sumasali sa talakayan ay pag-iisipan ang mga tanong. Maaaring lumago ang kanilang pang-unawa at patotoo kahit wala silang ibinahagi.

Pagtalakay sa mga Banal na Kasulatan

Ang mga tanong na masasagot sa iba’t ibang paraan ay maaaring maging epektibo sa pagtalakay sa mga banal na kasulatan. Iniisip ng maraming guro na ang pagtawag sa mga miyembro ng klase na magbasa ng isang talata sa banal na kasulatan ay mabuting paraan para maisali sila. Sa kasamaang-palad, maaaring hindi rin. May ilang tao na hindi mahusay magbasa at maaaring mautal sa pagsasalita. Maaaring hindi marinig ng iba pang mga miyembro ng klase ang nagbabasa.

Ang tao na pinakamadaling marinig sa klase ay ang guro, na nakatayo sa harap ng klase. Gayundin, maaaring tumigil ang mga guro sa gitna ng isang talata para magtanong o maghihikayat ng talakayan. Habang binabasa

ninyo ang sumusunod na halimbawa, tingnan kung makikita ninyo ang ginagawa ng guro para makahikayat ng talakayan:

Guro: “Ngayon ay tatalakayin natin ang isang bantog na kuwento, ang talinghaga ng alibughang anak. Ngunit gusto kong pag-iisipan natin hindi lamang ang alibughang anak kundi pati na ang iba pang mga miyembro ng kanyang pamilya. Buksan lamang ang inyong Biblia sa Lucas 15:11, sa pahina 107 ng Bagong Tipan.” (Ang pagbibigay ng pahina ay tumutulong sa mga estudyante na maaaring hindi pamilyar sa mga banal na kasulatan.)

Matapos maghintay sa mga miyembro ng klase na mahinap ang talata, magsisimula ang guro sa pagbabasa: “May isang tao na may dalawang anak na lalake:

At sinabi sa kaniyang ama ng bunso, Ama, ibigay sa akin ang bahagi ng iyong kayamanang nauukol sa akin. At binahagi niya sa kanila ang kanyang pagkabuhay.’ Ngayon, ano ang ilang bagay na masasabi na natin tungkol sa pamilyang ito?” (Pansinin ang tanong na masasagot sa iba’t ibang paraan.)

Estudyante: “Mukha naman pong handa ang ama na ibigay ang gusto ng bunsong anak.”

Guro: “Oo nga, ‘di ba? Karaniwan ay hindi nakukuha ng anak ang kanyang mana hangga’t hindi pa pumapanaw ang kanyang ama. Pero mukhang mapagmahal at mapagbigay ang ama. Ano pa?”

Estudyante: “Sa tingin ko po, mukhang makasarili ang bunsong anak. Malaking kahilingan iyan sa ama na buhay pa.”

Guro: “Oo nga. Mukhang sarili lang niya ang iniisip niya. Ano naman ang panganay na anak?”

Estudyante: “Napakatahimik po niya.” Natawa ang klase.

Guro: “Oo, at maaaring may sinasabi iyan tungkol sa kanyang pagkatao. Obserbahan natin iyan habang patuloy tayong nagbabasa.”

Habang binabasa ninyo ang halimbawa, ano ang napansin ninyong ginagawa ng guro para maghikayat ng talakayan? Maaari kayong gumawa ng listahan—ito ang magiging listahan at interpretasyon ninyo sa sitwasyon, kaya lahat ng sagot ninyo ay tama. Bakit? Dahil masasagot sa iba’t ibang paraan ang unang tanong sa talatang ito, at basta’t tapat ninyong sasagutin ang tanong, hindi kayo magbibigay ng maling sagot. Kung itatanong ninyo iyon sa isang klase, ganito rin ang mangyayari sa mga miyembro ng klase, na ibig sabihin ay malalaman nila kaagad na ang kanilang mga puna ay malugod na tatanggapin at tama ang kanilang isasagot.

Bukod pa rito, maaaring napansin ninyo na may ginawa ako para mag-isip kayo *bago* kayo nagsimulang magbasa. Isinulat ko, “Habang nagbabasa kayo, tingnan kung makikita ninyo ang ginagawa ng guro para makahikayat ng talakayan.” Ginawa ko ito dahil alam ko na matutulungan kayo nitong pag-isipan ang binabasa ninyo at maghandang makibahagi sa “talakayan” pagkatapos.

Dalawang beses ginamit ng guro sa halimbawa ang paraang ito: una nang sabihin niyang, “Gusto kong pag-isipan natin hindi lamang ang alibughang anak kundi pati na ang ibang mga miyembro ng kanyang pamilya,” at pangalawa nang sabihin niyang, “Obserbahan natin iyan habang patuloy tayong nagbabasa.” Ang dalawang mungkahi ay nagbibigay ng isang bagay na pagtutuuhan ng mga miyembro para maging handa silang tumugon sa mga tanong na masasagot sa iba’t ibang paraan kapag tinanong sila ng guro.

Ang paggawa nito ay tumutulong sa mga miyembro ng klase na makaugnay sa talatang binabasa. Sa halip na maupo nang tahimik, sumasabay sila sa pagbabasa at talagang pinag-iisipan ang mga talata. At kapag tapos na ang pagbabasa, handa na silang sumagot sa mga tanong. Pagkatapos ay kailangan lang ninyong tawagin sila at pasimulan ang talakayan.

Pansinin din sa ganitong uri ng talakayan na talagang nagtuturo kayo *mula sa mga banal na kasulatan*, hindi lamang mula sa manwal. Kahit manwal ang dapat gamitin sa paghahanda ng aralin at magandang pagkunan ng mga tanong na masasagot sa iba’t ibang paraan, mga banal na kasulatan ang dapat manatiling pangunahing pinagtutuuhan ng ating pagtuturo at pag-aaral.

Pananatiling Nakatuon

May problema sa pagkakaroon ng maraming talakayan sa klase: madaling mawala sa paksa ang talakayan. Mahalagang ihanda ninyong mabuti ang inyong aralin para alam ninyo kung saan ninyo gustong humantong iyon at para handa kayo, kung kailangan, na ibalik ang klase sa pangunahing paksa ng talakayan. Karaniwan ay

kailangan lang ninyong maglaan ng kaunting patnubay: “Nakakatuwa iyan, pero palagay ko medyo lumalayo tayo sa paksa. Balikan na natin ang talakayan natin tungkol sa pananampalataya.”

Makakatulong din kung malinaw at nakakatuwa ang pambungad ninyo para alam ng mga miyembro ng klase ang pinagtutuuhan ng inyong aralin. Pagkatapos ay magtalakayan, na ginagabayan ang daloy ng usapan.

Sa huli, magbigay ng nakasisiglang buod ng itinuro. Ang mga salita ng isang himno o tula ay madalas gawing magandang buod. Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Sabihin ninyo sa inyong mga tagapakinig ang sasabihin ninyo sa kanila, sabihin ninyo sa kanila, pagkatapos ay sabihin ninyo sa kanila ang sinabi ninyo sa kanila. Makakatulong ang paraang iyan.”¹

Tiyaking patotohanan ang mga katotohanang tinalakay ninyo.

Pagbabahagi ng Damdamin at mga Karanasan

Gayunman, may higit pa sa lahat ng ito kaysa pagkakaroon lang ng magandang talakayan. Kapag angkop, bibigyang-inspirasyon ng Espiritu ang mga miyembro ng klase sa kanilang mga puna para ibahagi nila ang nais ng Panginoon na marinig ng klase. Sabi nga ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo, “Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila” (Mateo 18:20).

Mangyari pa, kailangan nating mag-ingat sa pagbabahagi ng lubhang personal o sagradong mga karanasan. Ngunit malaki ang maidaragdag ng mga kuwento ng mga miyembro ng klase sa anumang aralin. Tulad ng ipinayo sa manwal na Gospel Doctrine: “Magbahagi ng mga ideya, damdamin, at karanasan na may kaugnayan sa aralin. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na gawin din ang gayon.”²

May higit pa sa talakayan sa klase kaysa paghihikayat sa mga tao na magbigay ng mga puna. Higit sa lahat, ito ay isang napakaespirituwal na bagay na higit na maglala-pit sa klase sa Diyos.

Kapag ginamit ninyo ang mga paraang ito, makakakita kayo ng paglago ng espirituwalidad at kaalaman sa ebanghelyo, pati na ang sa inyo. Sa halip na isipin kung paano pupunan ang inyong oras sa klase, mauubusan na kayo ng oras. Baka makita pa ninyong dumami ang mga miyembro ng inyong klase dahil malalaman ng mga miyembro na magiging bahagi sila ng isang magandang talakayan—na natututo mula sa mga banal na kasulatan, sa isa’t isa, at sa Espiritu ng Panginoon. ■

Ang awtor ay nakatira sa Utah, USA

MGA TALA

1. Boyd K. Packer, *Teach Ye Diligently*, rev. ed. (1991), 354–55.
2. *Bagong Tipan Manual ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo* (1998), vi.

NAGISING AKO SA EBANGHELYO

Pinalaki ako ng mga magulang na hindi naniniwala sa Diyos at noong binata ako pakiramdam ko'y ayos lang ang buhay ko na walang Diyos. Gayunman, nagbago iyan noong 1989 nang pumutok ang malaking bituka ko, at walong araw akong walang-malay.

May ilang alaala ako noong nasa ospital ako, pero tandang-tanda ko na nakita ko sa pangitain ang isang lalaking nakaputi na nakatayo sa tabi ko matapos akong operahan at sinabi sa akin na oras na para "bumalik at

gumising." Nang labanan ko ito, idinagdag niya, "Kapatid, patay ka na. Puwede kang bumalik, o manatili na rito." Sinunod ko ang sinabi niya at nagising akong puno ng sakit.

Matapos lisanin ang ospital, nagkaroon ako ng kakaibang mga panaginip na may kasamang mga taong hindi ko pa kilala. Pakiramdam ko nangako akong gawin ang isang bagay, pero hindi ko alam kung ano. Nagsimula akong magsaliksik at magbasa tungkol sa iba't ibang relihiyon. Nang mabasa ko ang Bagong Tipan,

natanto ko na kung nasa lupa ang katotohanan, matatagpuan iyon kay Jesucristo.

Nagsaliksik ako mula 1989 hanggang 1994. Naguluhan ako at nalito nang saliksikin ko ang mga taong lagi kong nakikita sa aking mga panaginip. Tumindi ang paghihirap at pagkalito ko, at natagpuan ko ang aking sarili na desperadong nagdarasal na malaman ang mga sagot.


Di nagtagal matapos ang mga panalanging ito, nakilala ko ang isang bagong katrabaho. Nalaman niya na nahihirapan ako, at sinabi ko sa kanya na naghahanap ako ng katotohanan. Dinalhan niya ako ng Aklat ni Mormon, na pilit kong tinanggihan. Ngunit hinikayat niya akong kunin iyon, at binasa kong lahat iyon sa isang magdamag. Agad kong nalaman na natagpuan ko na ang matagal ko nang hinahanap.

Nang kausapin ko ang mga missionary, nagulat akong makita na isa sa kanila ang nakita ko na sa aking mga panaginip. Hindi nagtagal hiniling kong mabinyagan, ngunit kinailangan ko pang tapusin ang lahat ng aralin.

Nang pag-aralan ko ang ebanghelyo at magsimba ako, natagpuan ko ang lahat ng taong nasa panaginip ko. Nalaman ko na ang ebanghelyo ang kinailangan kong matagpuan. Ang araw ng binyag ko ay isa sa pinakamasayang araw sa buhay ko. Pagkaraan ng anim na buwan, tinawag ako bilang branch president. Ngayon, pagkaraan ng halos 20 taon, masaya pa rin akong naglilingkod sa Simbahan. Kasama ang aking pamilya, ang ebanghelyo ang pinakamahalaga kong pag-aari. ■

Hindi ibinigay ang pangalan, France

May ilang alaala ako noong nasa ospital ako, ngunit natatandaan ko na nakita ko sa pangitain ang isang lalaking nakaputi na nagsasabi sa akin na oras na para "bumalik at gumising."



ANG PINAKATAIMTIM KONG PANALANGIN

Noong freshman ako sa kolehiyo, nagkaroon ako ng part-time job sa isang convenience store sa isang munting bayan. Panggabi ako, na natatapos nang alas-11:00 n.g. Kahit medyo ligtas sa komunidad, madalas akong kabahan habang mag-isa kong isinasara ang tindahan.

Isang gabi talagang kinabahan ako. Matapos linisin ang tindahan at pumunta sa cash register para isara ito, nilukob ako ng takot. Wala akong anumang makatwirang dahilan para matakot nang gayon, pero hindi ko maalis ang kaba ko. Ayaw kong lumabis ang reaksiyon ko sa pamamagitan ng pagtawag ng pulis, pero gusto ko ring maprotektahan kung totoo ngang may panganib.

Sa huli, lumuhod ako para manalangin. Sinabi ko sa Ama sa Langit na natatakot ako at hindi ko alam ang gagawin. Iyon ang pinakataimtim na panalanging naialay ko.

Pagtayo ko, agad kong napansin ang isang sasakyan na papasok sa gasolinahang pinakamalapit sa gusali. Nagulat ako at nakahinga nang maluwag na pulis pala iyon. Nang ilabas niya ang kanyang credit card para kargahan ng gas ang kotse niya, agad kong sinimulan ang mga huling responsibilidad ko sa pagsasara. Gusto kong samantalain ang sandali na naroon siya para may proteksyon ako at marami pa akong magawa bago siya matapos na magkarga ng gasolina. Pagkatapos niyang magkarga ng gasolina, may tinawagan siya sa kanyang

cell phone at naupo siya sa kotse niya habang nagsasalita. Naroon pa rin siya nang magkandado ako at sumakay sa kotse ko. Sabay kaming umalis palayo sa convenience store.

Habang pauwi ako, namangha ako sa bilis ng sagot sa aking panalangin. Mapagpakumbaba kong pinasalamatan ang Ama sa Langit sa pakikinig sa akin. Itinuro sa akin na ako ay anak ng Diyos, ngunit noong gabing iyon ko lang nadama na napakalapit at napakatotoo ng Kanyang pagmamahal sa akin. Hindi maipaliwanag sa salita ang kapayapaang nadama ko sa puso ko. Alam ko na pagpapalain ako ng Panginoon kung may pananampalataya ako at humihingi ng tulong sa Kanya. ■

Jaimee Lynn Chidester, Utah, USA

Pagtayo ko matapos manalangin, agad kong napansin ang isang sasakyan na papasok sa gasolinahang pinakamalapit sa gusali.



AKO AY ISANG KRISTIYANO

Ako ay guro sa ikalawang baitang sa isang komunidad kung saan kilalang-kilala ang mga Banal sa mga Huling Araw. Kaya nagulat ako isang araw nang sabihin sa akin ng isang katrabaho ko ang sinabi ng isa pang guro tungkol sa akin. Sinabi ng guro na, “Alam mo bang hindi Kristiyano si Mrs. Craig?”

Nabalisa ako. Kamamatay lang ng asawa kong 28 taon kong nakasama, at naging napakalapit ko sa Tagapagligtas at sa aking Ama sa Langit kaysa ibang panahon sa buhay ko. Alam ko na kailangan kong magpatotoo sa gurong ito, pero hindi ko tiyak kung paano

gagawin iyon. Ayaw kong saktan ang damdamin niya, pero gusto ko ring malaman niya na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay mga Kristiyano.

Kinaumagahan ibinulong sa akin ng Espiritu Santo kung ano ang dapat kong sabihin. Habang nakahiga, naisip ko ang lahat ng painting ko sa bahay tungkol sa buhay ni Jesucristo. Bawat painting ay may espesyal na lugar sa puso ko at may kaugnayan sa isang natatanging panahon sa buhay ko. Ang pag-iisip sa mga painting na iyon ay naghatid ng maraming magigiliw na damdamin tungkol sa pagmamahal ko sa Tagapagligtas.

Ibinulong sa akin ng Espiritu Santo kung ano ang dapat kong sabihin, at nang umagang iyon sa eskuwelahan pumasok ako sa silid ng kasamahan ko.

Isang partikular na painting ang nagpapakita sa Tagapagligtas na pinapayapa ang maalong karagatan. Ipinapaalala nito sa akin na dinadaig Niya ang lahat at na, sa pamamagitan Niya, maaari ko ring madaig ang lahat ng bagay, pati na ang kasawian ko sa pagkawala ng aking asawa.

Habang patuloy kong pinag-iisipan ang mga painting, napuspos ako ng pasasalamat sa mga pagpapalang dumating sa akin dahil kabilang ako sa Simbahan ng Tagapagligtas.

Nang umagang iyon sa eskuwelahan pumasok ako sa silid ng kasamahan ko at sinabi ko na gusto kong malaman niya na ako ay isang Kristiyano. Tinanong ko siya, “Ilan ang painting ng Tagapagligtas sa bahay ninyo?” Sinabi niya sa akin na sa halip na mga painting, may dalawang krus siya sa bahay niya.

Ikinuwento ko sa kanya ang mga painting ng Tagapagligtas sa bahay ko at ang kahulugan sa akin ng mga tagpong nakalarawan sa mga painting. Pagkatapos ay nagpatotoo ako tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-Sala.

Ikinuwento ko rin sa katrabaho ko na ang kaalaman ko tungkol kay Jesucristo ang dahilan kaya ko nalagpasan ang nakaraang taon. Sinabi ko sa kanya kung paano ako natulungan ng Kanyang magigiliw na awa at ang mga anak ko na malagpasan ang mahirap na panahon na mawalan ng ama at asawa.

Niyakap ko siya bago ako lumisan, at taos siyang humingi ng tawad. Walang duda sa puso ko na alam niya na ako, na miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay isang Kristiyano. ■

Kathy Fjelstul Craig, Arizona, USA



HINDI IYAN ANG ITINURO SA AKIN

Isang araw sa trabaho, kinailangan kong umalis nang ilang oras para sundin ang ilang mahahalagang utos ng nanay ko. Nagpunta ako sa opisina sa umaga at sinabi ko sa isang kasamahan ko na hindi na ako papasok sa hapon. Habang break ibinulong niya sa akin, “Matutulungan kita sa bundy clock.”

“Huwag na, salamat,” sabi ko.

Nang lisanin ko ang opisina para humabol sa bus, iginiit ng kaibigan

ko ang tungkol sa bundy clock.

Mahina niyang sinabi, “Bakit hindi ka mag-time-in para sa hapon, at ako na ang bahalang mag-time-out para sa iyo pag-uwi ko?”

Bago ako nakapagsalita, idinagdag pa niya, “Tingnan mo, wala pa sa minimum wage ang suweldo natin, kaya OK lang na gawin ito. Maliit na halaga lang iyan. Saka hindi lang naman tayo ang gumagawa nito.”

Pinag-isipan ko ang sinabi niya.

May ilan siyang magagandang punto, at alam ko na mabuti ang kanyang intensyon. Pero hindi ito ang itinuro sa akin sa Simbahan.

Nang makapagtipon ako ng lakas at paninindigan, mahina kong sinabi sa kanya, “Kaibigan, mabait ang Panginoon, at kung pagpapalain Niya tayo, higit pa sa halagang iyan ang matatanggap natin mula sa Kanya.”

Umalis siya at medyo nainis sa akin sa pagtangga sa kanyang alok. Habang naglalakad ako papunta sa bus stop, nabahala ako sa liit ng susuwelduhin ko. Alam ko na hindi kami makakabili ng ilang pagkain sa susunod na buwan.

Habang naglalakad ako, naalala ko ang mga titik ng isa sa mga himno: “Katapata’t dunong; Diyos ang sa ‘yo’y iibig, at laging tutulong.”¹ Pumasok sa isip ko ang isang taludtod mula sa isa pang himno: “Piliin ang tama! Diyos ang sa ‘yo’y magpapala.”²

Ang mga taludtod na ito ay nagpatibay sa desisyon kong huwag patangay sa tukso kundi magtiwala sa mga pangako ng Panginoon.

Tatlong taon na ang nakalilipas simula nang mangyari iyon, at ngayon ay may bago na akong trabaho. Tala-gang pinagpala ako ng Panginoon. Nangailangan ito ng panahon, ngunit ang pangako ng mga himno ay talagang nagkatotoo, at nadarama ko na patuloy na darating sa akin ang maraming pagpapala kapag patuloy kong pipiliin ang tama. Nagpapasalamat ako sa mga himno, na nagpapalakas ng loob ko na gawin ang tama sa paningin ng Diyos. ■

Irene Taniegra, Philippines

MGA TALA

1. “Buhay ay Pagbutihin,” *Mga Himno*, blg. 137.

2. “Piliin ang Tama,” *Mga Himno*, blg. 145.

Nang sabihin ko sa isang kasamahan ko sa trabaho na hindi na ako papasok sa hapon, sinabi niya sa akin, “Matutulungan kita sa bundy clock.”



Sumulong nang May

PANANAMPALATAYA

Ano ang dapat ninyong gawin kapag kailangan ninyong magdesisyon at naipagdasal na ninyo ang inyong pasiya, pero hindi pa rin ninyo tiyak kung ano ang gagawin?

Pinahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ito ay ang simple at napakalungkot na katotohanan na bago [at matapos] ang mga mahahalagang sandali, lalo na’t . . . ang mga dakilang espirituwal na sandali, maaaring may dumating na hirap, pagsalungat, at kadiliman” (“Huwag Nga Ninyong Itakuwil ang Inyong Pagkakatiwala,” *Liahona*, Hunyo 2000, 34).

Ngunit hindi ibig sabihin na kapag may oposisyon ay pinabayaan na kayo ng Ama sa Langit. Nariyan siya, at gagabayan Niya kayo. Kung minsan kailangan nating sumulong nang may pananampalataya hanggang sa magliwanag ang ating landas. Narito ang ilang ideya mula sa mga makabagong propeta tungkol sa matiyagang paghihintay sa mga sagot at patnubay.

Lumakad Patungo sa Dulo ng Liwanag



“Halos matapos akong tawagin bilang General Authority, humingi ako ng payo kay Elder Harold B. Lee. Pinakinggan niyang mabuti ang problema ko at iminungkahing kausapin ko si Pangulong David O. McKay. Pinayuhan ako ni Pangulong McKay tungkol sa direksyong dapat kong sundan. Handang-handa akong sumunod pero wala akong nakitang paraan para magawa ko ang ipinayo niya sa akin.

“Bumalik ako kay Elder Lee at sinabi ko sa kanya na wala akong nakitang paraan para sundan ang direksyong ipinayo niya na patunguhan ko. Sabi niya, ‘Ang problema sa

iyo, gusto mo nang makita ang wakas sa simula pa lang.’ Sumagot ako na gusto kong mauna nang kahit isa o dalawang hakbang man lang. Pagkatapos ay dumating ang aral sa buhay: ‘Dapat kang matutong lumakad patungo sa dulo ng liwanag, pagkatapos ay ilang hakbang pa papasok sa kadiliman; pagkatapos ay lilitaw ang liwanag at ipapakita sa iyo ang daan.’ Pagkatapos ay binanggit niya ang 22 salitang ito mula sa Aklat ni Mormon:

“‘Huwag magtalu-talo hindi dahil sa hindi ninyo nakikita, sapagkat wala kayong matatanggap na patunay hangga’t hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya’” (Eter 12:6).

Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, “The Edge of the Light,” BYU Magazine, Mar. 1991, magazine.byu.edu.

Magpatuloy nang May Tiwala



“Ano ang gagawin ninyo kapag kayo ay nakapaghandang mabuti, taimtim na nanalangin, naghintay nang sapat na panahon para sa sagot,

at wala pa rin kayong madamang kasagutan? Maaari kayong magpasalamat kapag nangyari iyon, dahil patunay ito ng . . . pagitiwala ng [Ama sa Langit]. Kapag namumuhay kayo nang marapat at ang inyong pasiya ay naaayon sa mga turo ng Tagapagligtas at kailangan ninyong kumilos, magpatuloy nang may tiwala. Kapag sensitibo kayo sa mga paramdam ng Espiritu, isa sa dalawang bagay ang tiyak na mangyayari sa tamang panahon: maaaring matuliro ang isipan, na ibig sabihin ay mali ang pasiya, o kaya’y kapayapaan o pag-aalab sa dibdib ang madarama, na nagpapatunay na tama ang inyong pasiya. Kapag namumuhay kayo nang matwid at kumikilos nang may tiwala, hindi hahayaan ng Diyos na magpatuloy pa kayo nang hindi nababalaan kung mali ang inyong desisyon.”

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Paggamit ng Kaloob ng Langit na Panalangin,” Liahona, Mayo 2007, 10.

SUMULONG

Bago ako magtapos sa kolehiyo, pinag-isipan naming mag-asawa ang dalawang tanong: kailan namin sisimulang magkaanak at saan kami pupunta kapag nakatapos na ako. Ilang oras naming pinag-usapan ang nakakatakot na mga paksang ito ngunit hindi kami nakapagpasiya.

Isang partikular na Linggo,

unti-unting naging debate ang aming pag-uusap, at kalaunan ay nauwi sa pagtatalo. Sa sandaling iyon, tumunog ang doorbell. Nagulat kaming makita ang aming mga home teacher na nakatayo sa may pintuan.

Pinapasok namin sila at nakinig kami sa kanilang mensahe. Nagsimulang magsalita ang isa sa aming mga home teacher tungkol kay Moises at sa

mga anak ni Israel na tumatakas mula sa Egipto. Pagdating ng mga anak ni Israel sa dalampasigan ng Red Sea, hindi na sila makatuloy, at papalapit na ang mga Egipcio. Sinasabi sa mga banal na kasulatan na ang mga anak ni Israel ay “natakot na mainam” (Exodo 14:10). Nang manalangin si Moises para sa patnubay, tumugon ang Panginoon, “Bakit humihibik ka sa akin? salitain mo sa mga anak ni Israel, na sila’y magpatuloy na yumaon” (Exodo 14:15).

Nang mabasa ng aming home teacher ang talatang iyon, agad naglaho ang aming kabiguan at takot. Nantanto naming mag-asawa na matagal na pala kaming nakaupo sa baybayin ng Red Sea na iniisip kung ano ang gagawin ngunit para “[makita] ang pagligtas ng Panginoon” (Exodo 14:13), kailangan naming sumulong.

Sa sitwasyon namin, ang pagsulong ay nangahulugan ng paggawa ng matalinong desisyon, masigasig na pagtatrabaho, at pagtitiwala sa Panginoon. Kailangan naming tumigil sa pagdebate at magsimulang kumilos nang may pananampalataya. Nang sundin namin ang patnubay ng Panginoon, hindi na kami nahirapang magpasiya, at nakakilos kami nang hindi napapahamak. Nagpapasalamat kami sa mga pagpapalang natanggap namin mula sa pagsulong nang may pananampalataya at sa mga home teacher na nagbigay-inspirasyon sa amin na gawin ang mga unang hakbang.

Steven Scott Stokes,
North Carolina, USA



Huwag Pakontrol sa Inyong mga Takot



“Huwag tayong pakontrol sa ating mga takot. Nawa’y lagi nating maalalang laging lakan ang loob, manam-palataya sa Diyos, at

marapat na mamuhay upang Kanyang matagubilinan tayo. Bawat isa sa atin ay may karapatang makatanggap ng personal na paghahayag upang gabayan tayo sa ating mga pagsubok sa buhay na ito. Nawa’y mamuhay tayong bukas ang ating puso sa lahat ng oras para sa mga bulong at pagaliw ng Espiritu.”

Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Huwag Matakot,” Liahona, Okt. 2002, 6.

Matiyagang Maghintay sa Paghahayag



“Ang unti-unting pagli-liwanag na nagmumula sa papasikat na araw ay parang pagtanggap ng mensahe mula sa Diyos nang ‘taludtod sa talud-

tod, tuntunin sa tuntunin’ (2 Nephi 28:30). Kadalasan, ang paghahayag ay dumarating nang paunti-unti at ibinibigay ayon sa ating hangarin, pagkamarapat, at paghahanda. Ang gayong pakikipag-ugnayan mula sa ating Ama sa Langit ay dahan-dahan at marahang ‘magpapadalisay sa [ating mga] kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit’ (D at T 121:45).”

Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Diwa ng Paghahayag,” Liahona, Mayo 2011, 88.

Dapat Ninyong Malaman na Tutulong ang Diyos




“Sa [isang] abalang panahon sa buhay ko, ibinigay sa akin ni Elder Joseph B. Wirthlin ang tungkuling maglingkod bilang stake president.

“Nang interbyuhin niya ako, maraming pumasok sa isipan ko, at nag-alala ako na baka wala akong sapat na oras para sa tungkuling ito. Bagama’t nakadama ako ng pagpapakumbaba at karangalan kong matawag sa tungkuling ito, saglit kong pinag-isipan kung tatanggapin ko ito. Ngunit saglit lang iyon dahil alam ko na si Elder Wirthlin ay tinawag ng Diyos at ginagawa niya ang gawain ng Panginoon. Ano pa ang magagawa ko kundi tanggapin ito?”

“May mga pagkakataon na kailangan nating sumampalataya kahit hindi natin alam ang kahihinatnan, tiwala na sasagutin at papatnubayan tayo ng Diyos. Kaya nga masaya kong tinanggap iyon, batid na tutulungan ako ng Diyos.”

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Ang Layunin ng Paglilingkod sa Priesthood,” Liahona, Mayo 2012, 59.



NAUUNA ANG PANANAMPALATAYA SA HIMALA

Mula pa noong bata ako ay gusto ko nang maging missionary. Nag-simula ito bilang simpleng hangarin at patuloy na tumindi. Pero mahirap ang buhay sa Pilipinas. Walang trabaho ang aking ama at kuya, kaya't ako lamang ang nakakatulong sa aking ina sa pagtataguyod sa aming pamilya. Dahil tinutulungan ko ang aking pamilya sa pinansyal, kaunti pa lang ang naiipon ko para sa aking misyon.

Hindi ko tiyak kung paano malulutas ang problemang ito. Isang gabi nabasa ko ang Eter 12:12: "Sapagkat kung walang pananampalataya sa mga anak ng tao, ang Diyos ay hindi makagagawa ng himala sa kanila; anupa't hindi niya ipinakita ang kanyang sarili hanggang sa sila muna ay nagkaroon ng pananam-palataya." Pagkatapos ay nabasa ko ang mensahe ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) tungkol sa pananampalataya: "Pananampalataya ang kailangan—pananam-palataya kahit hindi nauunawaan kung bakit dapat gawin ang isang bagay—para sa mga kabataan na kaagad na magpatuloy sa pagpapamilya sa kabila ng kawalang-katiyakan sa pinansiyal. . . . Pananampalataya ang kailangan para makapunta sa full-time mission. Ngunit alamin ito—na lahat ng ito ay tungkol sa pagtatanim, [habang] tapat at [matwid ang] mga pamilya, espirituwal na katiyakan, kapayapaan, at buhay na walang hanggan ang ani."¹

Natulungan ako ng mga turong ito na maunawaan na kailangan ko ng higit na pananampalataya para maisumite ang mission paper ko at maging full-time missionary. Alam ko na kahit mahirap ito, tutulungan ako ng Diyos.

Ininterbyu ako ng branch president namin at sinabi sa akin pagkatapos na

ang huling kailangan kong gawin ay magbigay ng paunang bayad na pangastos para sa misyon at pagkatapos ay iinterbyuhin ako ng mission president. Tuwang-tuwa ako at masiglang-masigla. Makukuha ko na ang suweldo ko sa linggong iyon, at maibibigay ko na ang kinakailangang halaga. Gayunman, pagdating ko sa bahay, nalaman ko na nasa ospital si Itay. Nanghina ako nang matanto ko na kailangan naming bayaran ang ospital na katumbas ng eksaktong halaga na kailangan ko para sa aking misyon.


Ngunit ang Ama sa Langit ay naghandang paraan. Nakatanggap kami ng tulong mula sa mga kamag-anak at miyembro ng Simbahan, pati na sa branch president namin. Himalang nakalabas si Itay sa ospital pagkaraan ng isang linggo, at nakapagbigay ako ng pera para sa aking misyon. Dalawang linggo matapos akong tumuntong sa edad na 22, natanggap ko ang mission call ko sa Philippines Olongapo Mission.

Alam ko na ginawa itong posible ng Ama sa Langit para maisumite ko ang mission paper ko. Alam ko na kung patuloy akong magtitiwala sa Kanya at kikilos nang may pananampalataya, gagawin Niyang posible ang mga bagay na imposible. Sasagutin Niya ang lahat ng ating mga panalangin, at patuloy Niya tayong gagabayan habang patuloy tayong sumusunod sa Kanya. ■

Cheenee Lagunzad,
Bulacan, Pilipinas

TALA

1. Spencer W. Kimball, *Faith Precedes the Miracle* (1972), 11; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 171.



*Gagabayan kayo ng Diyos sa inyong determinasyong paglingkuran Siya at sundin ang Kanyang mga kautusan kapag kayo ay **nakikinig**, kapag kayo ay **natututo**, kapag kayo ay **gumagawa**, at kapag kayo ay **nagmamahal**.*

APAT NA SALITANG
**GAGABAY
SA INYO**



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

Gumawa ako ng ilang resolusyon na gusto kong ibahagi sa inyo, na umaasang kayo rin ay sasama sa paggawa ng gayon ding mga pasiya. Una, *ako ay makikinig*. Pangalawa, *ako ay matututo*. Pangatlo, *ako ay gagawa*. At pang-apat, *ako ay magmamahal*. Ang apat na salitang ito ay tiyak na makapagsasabi ng ating tadhana.

Makinig

Umaasa ako na makikinig kayo sa inyong ina at sa inyong ama, bawat isa sa kanila ay lumuluhod tuwing umaga at gabi, ipinagdarasal kayo, hinihiling sa ating Ama sa Langit na bantayan kayo at gabayan kayo sa inyong mga desisyon, at umaasa ako na magiging maingat kayo sa inyong mga kilos. Naniniwala ako na kapag kinilala natin ang ating mga magulang at ang katotohanan na sila ay nag-aalala sa inyo at sa akin, sa ganitong paraan ay iginagalang natin sila, at ang mga salitang binanggit sa Bundok ng Sinai ay nagkaroon ng personal na kahulugan: “Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina” (Exodo 20:12).

Tiwala ako na makikinig tayo sa mga salita ng mga propeta. Umaasa rin ako na makikinig tayo sa mga bulong ng Banal na Espiritu. Ipinapangako ko sa inyo na kung may tainga tayong nakikinig sa Banal na Espiritu, kung may mabuting hangarin sa ating puso, at ipinapakita ang hangaring iyan sa ating ikinikilos, tayo ay gagabayan ng Banal na Espiritung iyan.

Umaasa ako na lagi akong makikinig sa mga bulong ng Banal na

Espiritung iyan, na sa bawat araw ng taon kayo at ako ay may pagkakataon na tumugon sa mga pahiwatig na ito at sa patnubay ng ating Ama sa Langit. Kaya nga, ipinapangako ko na *makikinig* ako.

Matuto

Pangalawa, *ako ay matututo*. Hindi sapat ang makinig lamang kung hindi tayo natututo. Ipinapangako ko na matututo pa ako mula sa mga banal na kasulatan at, sana, magkaroon din kayo ng ganitong pribilehiyo. Hindi ba’t napakaganda kung maisasapuso natin ang payo na ito mula sa Panginoon, “Maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” (D at T 88:118). Matuto tayo mula sa mga pamantayang banal na kasulatan, ngunit matuto rin tayo mula sa buhay ng mga lider ng Simbahan at sa buhay ng mga taong pinakamalapit sa atin.

Halimbawa, naniniwala ako na matututuhan ko ang pagtitiis sa mas masusi pang pag-aaral ng buhay ng ating Panginoon at Tagapagligtas. Naiisip ba ninyo ang kalungkutang tiyak na nadarama Niya, batid na nasa Kanya ang mga susi sa buhay na walang hanggan, batid na naglaan Siya ng paraan para sa inyo at sa akin upang makapasok sa kahariang selestiyal ng Diyos, nang Kanyang dalhin ang Kanyang ebanghelyo sa mga taong iyon sa kalagitnaan ng

panahon at nakita silang tinanggihan Siya at ang Kanyang mensahe? Gayunpaman nagtiis Siya. Tinanggap Niya ang Kanyang responsibilidad sa buhay, maging hanggang sa ipako Siya sa krus, matapos magdusa sa Halamanan ng Getsemani. Umaasa ako na matututo ako ng pagtitiis mula sa Panginoon.

Hinihikayat ko kayo na sumama sa akin sa pangako na, *ako ay matututo*.

Gumawa

At, ang pangatlo, *ako ay gagawa*. Hindi sapat ang magnais, hindi sapat ang mangarap, hindi sapat ang mangako. Dapat tayong gumawa. Sinabi ng Panginoon, “Siya na humahawak sa kanyang panggapas *nang buo niyang lakas* . . . ay nag-iimbak nang hindi siya masawi” (D at T 4:4; idinagdag ang pagbibigay-diin). At sinabi ni Nephi, “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon” (1 Nephi 3:7). Ibinuod ni Santiago ang aral na ito: “Maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili” (Santiago 1:22).

Halimbawa, isang tag-init maraming taon na ang nakararaan, nagkaroon ako ng libreng oras sa katapusan ng linggo. Subalit hinikayat ako ng Espiritu na gampanan ang isang responsibilidad. Sumakay ako ng eroplano papuntang California. Pag-upo ko, bakante ang upuan sa tabi ko. Gayunman, maya-maya isang napakagandang dalaga ang naupo roon. Napansin ko na may binabasa

siyang aklat. Tulad ng nakagawiang gawin ng sinuman, sinulyapan ko ang pamagat. Ito ay akda ng isang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sinabi ko sa kanya, “Ah, Mormon ka.”

Sagot niya, “Naku, hindi po. Bakit po ninyo nasabi?”

Sagot ko: “Kasi, binabasa mo ang isang aklat na isinulat ng isang kilalang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.”

Sabi niya, “Ganoon po ba? Ibini-gay po ito sa akin ng kaibigan ko, pero hindi ko gaanong alam ang

tungkol dito. Pero, naging interesado po ako rito.”

Pagkatapos nag-isip ako. Dapat bang maglakas-loob ako at magsalita pa tungkol sa Simbahan? At naisip ko ang mga salita ni Pedro: “[Maging] lagi kayong handa” (I Ni Pedro 3:15). At nagpasiya ako na ito ang oras na dapat akong magpatotoo. Nagkaroon ako ng pribilehiyo na sagutin ang kanyang mga tanong tungkol sa Simbahan—makabuluhang mga tanong na nagmula sa puso ng isang taong naghahanap ng katotohanan. Itina-nong ko kung pwede siyang tawagan ng mga missionary. Itinanong ko kung gusto niyang dumalo sa ating branch ng mga single adult sa San Francisco. Pumayag siya. Pagkauwi ko, sumulat ako sa stake president at ibinigay sa kanya ang impormasyong ito. Napakasaya ko nang tawagan ako kala-unan ng stake president, kung saan sinabi niya na ang dalagang iyon ang pinakabagong miyembro ng Simbahan. Tuwang-tuwa ako.

Natanto ko na may responsibilidad ako na *gumawa*.

Magmamahal

At pagkatapos ang huling pangako: *ako ay magmamahal*.

Naaalala ba ninyo ang isinagot ng Tagapagligtas sa abugado na nagtanong ng, “Guro, alin бага ang dakilang utos sa kautusan?”

At sumagot Siya, “Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. Ito ang dakila at pangunang

utos. At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili” (Mateo 22:36–39).

Isinulat ng English playwright na si William Shakespeare, “Hindi nagmamahal ang hindi nagpapakita ng pagmamahal.”¹ Paano natin maaaring ipakita ang ating pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa? Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos at payo ng Kanyang mga lingkod. May pribilehiyo tayo na sundin ang batas ng ikapu, sundin ang batas ng kagandahang-asal, sundin sa bawat aspeto ng ating buhay ang sinabi ng ating Ama sa Langit.

Malulugod ang ating Ama sa Langit sa ating pagmamahal sa Kanya kung mabuti nating napaglingkuran Siya at ang ating kapwa.

Kayo ang Pipili

Apat na pangako: *Ako ay makikinig, ako ay matututo, ako ay gagawa, ako ay magmamahal*. Kapag tinupad natin ang mga pangakong ito, mapapasaatin ang patnubay ng ating Ama sa Langit at mararanasan ang tunay na kagalakan sa ating sariling buhay.

Kayo ang pipili, at ako ang pipili, inaalala na ang ating mga pagpili, mga desisyon, ang siyang nagsasabi ng magiging tadhana natin. Gagabayan kayo ng Diyos sa inyong determinasyong paglingkuran Siya at sundin ang Kanyang mga kautusan *kapag kayo ay nakikinig, kapag kayo ay natututo, kapag kayo ay gumagawa, at kapag kayo ay nagmamahal*. ■

Hango sa mensaheng ibinigay sa debosyonal sa Brigham Young University noong Enero 16, 1973.

TALA

1. William Shakespeare, *The Two Gentlemen of Verona*, inedit nina William George Clarke at William Aldis Wright, *The Great Books of the Western World* (1952), act 1, scene 2, line 31.



TUMULONG

(David L. Beck, "Ang Inyong Sagradong Tungkuling Maglingkod," *Liahona*, Mayo 2013, 55.)

Paano ako “tatayo sa mga banal na lugar” kung napakarami namang kasamaan sa paligid ko, tulad sa paaralan?

Upang makapaghandang tayo para sa mahihirap na panahon, iniutos sa atin ng Panginoon na “[tumayo] sa mga banal na lugar” (D at T 45:32; tingnan din sa D at T 87:8). Upang magawa iyan, kailangang mamuhay tayo nang karapat-dapat at nasa atin ang Espiritu Santo. Tutulungan tayo ng Espiritu na madaig ang tukso at masasamang impluwensya. Narito ang ilang paraan para maanyayahan ang Espiritu sa iyong buhay:

- Manalangin. Simulan ang araw mo sa pagdarasal, at lalong manalangin sa araw na naroon ka sa paaralan o ibang lugar na napaliligiran ng masasamang impluwensya.
- Dumalo sa seminary at pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw. Ang pag-aaral ng mga doktrina na itinuturo sa mga banal na kasulatan ay tutulong sa iyo na mapuspos ka ng liwanag at katotohanan—“liwanag at katotohanan ay tinatalikdan yaong masama” (D at T 93:37).
- Makibahagi sa sakramento bawat linggo. Kapag taimtim mong pinanibago ang iyong tipan na ipamuhay ang ebanghelyo, tatanggapin mo ang pangako ng Panginoon na mapapasaiyo ang Kanyang Espiritu.
- Ipamuhay ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Tutulungan ka ng mga pamantayang ito na manindigan para sa kabanalan.
- Manatiling malapit sa iyong mga magulang. Ang mga kabataan na may mabuting ugnayan sa kanilang mga magulang ay mas matatag sa mahihirap na sitwasyon.

Ang mga mungkahing ito ay magpapalakas sa iyong espirituwalidad. Tutulungan ka nito kapag naroon ka sa di-magandang sitwasyon na hindi maiiwasan, gaya sa paaralan. Ngunit pinakamaganda kung maiiwasan mo ang di-magandang sitwasyon hangga’t maaari.

Piliin ang Mabuti, Iwasan ang Masama

Sinisikap kong iwasan ang mga lugar sa paaralan namin kung saan alam ko na doon karaniwang gumagawa ng mali ang ibang tao. Pinipili ko ring mabuti kung kanino ako tatabi sa upuan sa klase o sa oras ng tanghalian dahil nakakaapekto sila sa iniisip at ikinikilos ko. Pero kahit gaano pa tayo kaingat, paminsan-minsan ay nakakakita o nakaririnig tayo ng masasama. Kapag nangyayari ito sa akin, kaagad kong inaalis ang paningin ko rito at kumakanta ng himno sa aking isipan para umaliwalas ang aking pag-iisip. Nakatulong

din sa akin ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pakikipag-usap sa mabubuting kaibigan. Hindi natin palaging mapipili ang ating kapaligiran, pero maaari nating piliin kung paano tayo tutugon sa mga ito.

Eliza A., edad 14, Utah, USA

Manatiling Mapitagan



Nalaman ko na maaari mong gawing banal ang mga lugar sa paligid mo, dahil ang mas mahalaga ay kung *sino* tayo kaysa kung *saan* tayo naroon.

Maraming tukso sa paaralan, ngunit ang talagang mahalaga ay ang pagpipitagan sa Ama sa Langit at pagsisikap na taglayin mo ang pangalan ni Jesucristo. Sa ganitong paraan, magagawa mong banal na lugar para sa iyo ang inyong paaralan dahil maaalala mo ang Ama sa Langit at ang ating Tagapagligtas.

Elder Ojeda, edad 21, Colombia Bogotá North Mission

Manindigan sa Iyong Pananampalataya



Gawing banal ang lugar sa paligid mo. Palibutan ang iyong sarili ng mga kaibigan na nakasusunod sa mga pamantayan na nasa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.

Ipaalam sa iba ang iyong mga pamantayan at hilingin sa kanila na tumigil sa di-magandang pag-uusap o patayin ang masasamang musika kapag naroon ka. Huwag matakot na manindigan sa iyong pananampalataya.

Thomas S., edad 15, Georgia, USA

Isipin ang Templo

Ang pinakabanal na lugar na naririto sa lupa ay ang templo. Ang pag-iisip tungkol dito ay tutulong sa iyo na

gawin ang tama, anuman ang sitwasyon mo. Maaari ka ring maglagay ng isang retrato ng templo kung saan makikita mo ito; ito ay tutulong sa iyo na mas gumanda ang pakiramdam mo at magkaroon ng lakas na hindi tumatama sa mga di-mabubuting bagay na umiiral sa paaralan.

Angel T., edad 18, Ecuador

Hangarin ang Espiritu



Nakakahalubilo natin ang mga tao sa paaralan na iba sa ating mga pamantayan. Subalit, sa paggabay sa atin ng Espiritu Santo, mapipili

natin ang tama at makapagpapakita ng mabuting halimbawa sa kanila. Mahalaga para sa atin na laging "[tumaayo] sa mga banal na lugar" para madama ang pagmamahal ng Ama sa Langit. Ang isang paraan para magawa iyan ay hilingin ang patnubay ng Espiritu Santo. Kapag pinili nating maparoon sa kapaligiran ng puno ng pagmamahal ng Diyos, magkakaroon ng malaking kagalakan sa ating puso, nalalamang nalulugod ang Ama sa Langit sa ating mga ginagawa.

Genzen N., edad 18, Zamboanga, Pilipinas

Huwag Makipagkompromiso



Ilang taon na ang nakararaan, ako ay isa sa ilang miyembro ng Simbahan sa klase ko sa paaralan. Iniisip ng mga tao na kakatwa ako

dahil masigasig kong ipinamumuhay ang lahat ng mga pamantayan ng Simbahan. Kaya isang araw nagpasiya akong ikompromiso nang bahagya ang mga pamantayan ko. Nang gawin ko ito, napuna ko na mas napansin ako ng iba. Ngunit pagkaraan lamang ng ilang linggo, nakonsensya ako at bumaling sa Panginoon at nagsisi.

Tinulungan Niya ako, at kinailangan kong gumawa ng maraming sakripisyo, ngunit ikinabuti ko naman ito! Talagang nakita ko ang mga pagpapala ng pamumuhay ng ebanghelyo sa paaralan. Nawalan ako ng mga kaibigan at hindi na pinansin, ngunit nirespeto ako at naging masaya ako.

Sutton K., edad 15, Texas, USA

Maging Matatag at Matapang



Dapat tayong maging matatag at matapang. Dapat nating piliin ang tama. Kung minsan ay napakahirap nito, pero kung gagawin natin

inyan, magiging masaya tayo. Kapag hiniling ng mga tao na samahan natin sila sa pag-inom o paninigarilyo, kailangan nating maging matapang at magsabi ng hindi. Maipapaliwanag natin sa kanila na gusto nating piliin ang tama, kaya hindi natin ginagawa ang mga bagay na iyon.

Anastasia N., edad 20, Ivano Frankivsk, Ukraine

Para sa karagdagang mungkahi kung paano tatayo sa mga banal na lugar, maaari mong rebyuhin ang mga mensaheng ito mula sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013: Dallin H. Oaks, "Mga Tagasunod ni Cristo" at Robert D. Hales, "Tumayo nang Hindi Natitinag sa mga Banal na Lugar," na makukuha sa conference.lds.



IKAW ANG PIPILI

"Pinipili natin kung saan tayo pupunta. Binigyan tayo ng Diyos ng kalayaan.

Hindi Niya ito babawiin sa atin, at kung gagawin ko ang mali at papasok sa teritoryo ng diyablo, ginagawa ko ito dahil gusto ko at may kakayahan akong gawin ito. Hindi ko masisisi ang iba, at kung ipapasiya kong sundin ang mga utos ng Diyos at mamumuhay nang nararapat at mananatili sa panig ng Panginoon ginagawa ko ito dahil kailangan ko itong gawin, at tatanggapin ko ang pagpapalang ukol dito. Hindi ito bunga ng magagawa ng ibang tao."

Pangulong George Albert Smith (1870–1951), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith (2011), 220.*

SUSUNOD NA TANONG

"Maghapon ng nagtatrabaho ang nanay ko. Paano ko mas mapapabuti pa ang aming ugnayan?"

Ipadala ang inyong sagot at, kung nais ninyo, isang high-resolution na retrato bago sumapit ang Setyembre 15 sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapaanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.



NAGKAROON NG PATOTOO DAHIL SA SEMINARY

Ni Karla Brigante

Itinuro ni Inay sa akin ang ebanghelyo noong bata pa ako, pero dahil si Itay ay hindi miyembro ng Simbahan, lagi kong iniisip kung ako ay nasa tamang landas. Hindi ko naunawaan kung bakit hindi sumapi si Itay sa Simbahan kung talagang totoo nga ito. Pero, nagustuhan ko ang pagpunta sa Primary at pagkanta ng mga himno. Masaya rin ako kapag binabasa sa akin ni Inay ang mga banal na kasulatan, at unti-unti nagsimula akong magkaroon ng sariling patotoo.

Nang nasa Young Women na ako, ang isa sa mga unang mithiin na ginawa ko ay ibahagi ang aking

patotoo tuwing Linggo ng ayuno. Ang pagpapatotoo ay nakagawian ko na at napalakas nito ang aking hangaring maragdagan ang aking kaalaman nang makapag-enrol ako sa seminary.

Ang pinag-aralan namin sa unang klase ko sa seminary ay ang Lumang Tipan. Sa taong iyon hindi ko lamang napahalagahan ang Lumang Tipan, kundi nalaman ko rin ang kahalagahan ng mga templo at genealogy.

Sumama ako sa iba pang mga estudyante mula sa aming ward at nakibahagi sa gawain sa family history. Nakakuha kami ng daan-daang pangalan at nakadama ng malaking pagmamahal para sa mga tao na

halos wala kaming alam tungkol sa kanila—mga pangalan lang nila at iba pang limitadong impormasyon. Kahit alam ko na ang ginagawa namin ay mahalaga, kung minsan parang pinanghihinaan ako ng loob at nalulungkot. Gumagawa ako upang maisagawa ang mga ordenansa para sa mga tao na hindi ko kilala, ngunit hindi ko matulungan ang sarili kong ama. Hindi niya nauunawaan ang kahalagahan ng ginagawa ko. Patuloy akong nagdasal at nag-aayuno na siya ay maantig.

Nang sumunod na taon sa seminary, pinag-aralan namin ang Bagong Tipan. Isang umaga pagkagising ko,



sinimulan kong basahin ang tungkol sa Tagapagligtas sa Getsemani. Umagos ang luha mula sa aking mga mata nang matanto ko na ang mga tumulong patak ng dugo mula Kanya ay para sa akin. Sana ay hindi ako nagkasala kailanman! Naisip ko ang mga salita ni Isaias na napag-aralan ko noong nakaraang taon: “Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalang-sang, siya’y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya” (Isaias 53:5). Habang nagbabasa ako tungkol sa Pagpapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli, pumasok si Inay sa aking silid. Ibinahagi ko sa kanya ang damdamin ko, ang aking patotoo, at ang hangarin ko na malaman ni Itay ang natutuhan ko sa seminary.

Ang aking patotoo ay patuloy na lumago nang sumunod na taon habang binabasa namin ang Doktrina at mga Tipan. Nagkaroon ako ng patotoo na si Joseph Smith ay propeta. Nagpasiya rin ako na sundin

ang kanyang halimbawa at tanungin ang Diyos kung totoo ang Simbahan. Bagama’t nananalig na ako sa aking puso, isang hapon natuklasan kong nag-iisa ako at taos-puso akong nagdasal. Nang gawin ko ito, natanto ko na ang patotoong hinihiling ko ay unti-unting lumalago habang pinag-aaralan ko ang mga banal na kasulatan at dumadalo sa seminary.

Binuksan ng Panginoon ang aking puso’t isipan noong taong iyon, at ngayon ko lang naunawaan ang Doktrina at mga Tipan na hindi kailanman nangyari noon. Nalaman ko rin ang malaking kahalagahan ng mga kaluluwa (tingnan sa D at T 18:10–16) at sinimulan kong ibahagi ang aking lumalagong patotoo sa mga taong hindi alam ang tungkol sa ebanghelyo, pati na kay Itay.

Alam ko na ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon sa huling taon ko sa seminary ay magpapalakas din sa aking patotoo. Habang nag-aaral akong mabuti, nadama ko ang pagmamahal

ng Ama sa Langit para sa akin. Naan-tig ako sa mga kuwento hanggang sa ang gusto ko na lang gawin ay basahin ang Aklat ni Mormon. Sinimulan kong dalhin ang Aklat ni Mormon sa eskuwelahan at binabasa ito sa libreng oras ko. Sinimulan ko ring talakayin kay Itay ang mga nabasa ko.

Isang araw matapos ang mababang pakikipag-usap kay Itay tungkol sa ebanghelyo, hinamon ko siya na basahin ang buong Aklat ni Mormon. Nagpatotoo ako na, tulad ko, siya rin ay makatatanggap ng patotoo.

Natutuwa akong sabihin na binasa ni Itay ang Aklat ni Mormon. Nang gawin niya ito, nalaman niya na totoo ang Simbahan at nabinyagan kalaunan! Ang pamilya ko ay naghahanda na ngayon na mabuklod sa templo. Alam ko na ang pagpunta sa seminary at pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay nakatulong sa akin na magkaroon ng sariling patotoo, at alam ko na pagpapalain nito ang mga pamilya. ■

Ang awtor ay nakatira sa São Paulo, Brazil.

BAKIT KASAL SA TEMPLO?

*Napakaraming beses nating pinag-uusapan
ang tungkol sa kasal sa templo sa Simbahan.
Naiisip ba ninyo ang dahilan?*

Ni Joshua J. Perkey

Maraming pag-uusap kamakailan tungkol sa kasal—kung ano ito, kung bakit mayroon tayo nito, ano ang papel nito sa lipunan. Sa simbahan napakaraming beses nating pinag-uusapan ang tungkol sa kasal sa templo. Alam ninyo na mahalaga ito dahil narinig na ninyo ito mula noong unang ituro sa inyo ang tungkol sa ebanghelyo, kayo man ay



isang Sunbeam o bagong binyag na kabataan.

Ngunit maaaring iniisip ng ilan sa inyo, “Bakit?” Sa inyo, maaaring ito ay higit pa sa tanong na kung ano talaga ang kasal sa templo. Gusto ninyong malaman—sa inyong puso, hindi lamang sa inyong isipan—kung bakit kailangan ninyong magsumigasig nang husto upang maikasal sa templo, lalo na kung ang kasal bilang ideya at institusyon ay tila humihina na sa mga lipunan sa iba’t ibang panig ng mundo.

Mangyari pa, nagsisimula ito sa doktrina tungkol sa pamilya.

Ang Doktrina Tungkol sa Pamilya

Ginagamit natin ang katagang *doktrina* para makatulong sa pagtukoy sa maraming bagay sa Simbahan. Halimbawa, binigyang-kahulugan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan ang *doktrina ni Cristo* bilang “mga alituntunin at aral ng ebanghelyo ni Jesucristo.”¹ Kaya ano ang ibig nating sabihin kapag pinag-uusapan natin ang doktrina tungkol sa pamilya o

doktrina tungkol sa walang hanggang kasal?

Isinasaad sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” na “Ang Kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at . . . ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.”² Sa madaling salita, kapag pinag-uusapan natin kung bakit tayo narito sa lupa at ano ang dapat nating gawin at katinatnan, ang lahat ng ito ay nakauugnay sa ideya na tayo ay bahagi ng isang pamilya at maaaring magpakasal at bumuo ng sariling pamilya.

Isinasaad rin sa pagpapahayag tungkol sa pamilya: “Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang-buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang-hanggan.”³

Ngunit ano ang mangyayari sa ating mga pamilya kapag namatay tayo? Kung kayo ay ikinasal sa batas ng inyong estado o bansa, ang batas bang iyan ay may karapatan sa inyo kapag kayo ay namatay? Wala, dahil ang mga batas na iyon ay gawa ng tao at may karapatan lamang hangga’t nabubuhay kayo sa ilalim ng awtoridad na iyan. Para magpatuloy ang ugnayan ng mag-asawa sa kabilang-buhay, ang mga kasal na iyon ay dapat mabuklod sa tamang lugar ng taong may awtoridad na mananatili hanggang sa kawalang-hanggan. Ang lugar na iyan ay ang templo, at ang awtoridad na iyan ay ang priesthood (tingnan sa D at T 132:7, 15–19). Sa pagpili ng kasal sa templo at pagtupad sa mga tipang



SUMALI SA USAPAN



Sa buong buwan ng Agosto, pag-aaralan ninyo ang tungkol sa kasal at pamilya sa inyong mga korum ng priesthood at mga klase sa Young Women at Sunday School. Ang isa sa mahahalagang doktrina tungkol sa pamilya ay na sa pamamagitan ng kasal sa templo, ang pamilya ay maaaring mabuklod nang magkakasama upang makapiling muli ang pamilya matapos ang pagkabuhay na mag-uli.

Matapos basahin ang artikulong ito, isipin kung paano naiiba ang inyong buhay dahil maaari kayong mabuklod sa inyong asawa sa templo. Isipin din kung paano ito nakakaapekto sa inyong mga desisyon ngayon at kung ano ang ginagawa ninyo upang maghanda para sa kasal sa templo. Isulat ang inyong nadarama at isiping ibahagi ang mga ito sa iba sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa inyong pamilya, sa simbahan sa araw ng Linggo, o sa social media.

iyon, pinipili ninyong mabuhay magpakailanman kasama ang inyong asawa.

Ang Dahilan Kung Bakit Tayo Nagmamalasakit

Marahil alam na ninyo ang doktrinang iyan, ngunit iniisip pa rin ninyo, “Pero ano pa ang ibang dahilan kung bakit napakahalaga nito?” Siguro ay hindi ito tungkol sa pag-unawa sa doktrina. Marahil ito ay mas simpleng tanong kung ano ang kahulugan ng kasal at pamilya sa inyong puso. Ang simpleng sagot ay makakamtan natin ang pinakamalaking kaligayahan at kagalakan sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo at pagpapakasal sa templo at pagpapatatag nito.

Sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013, ipinaliwanag ni Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu ang ganito: “Wala nang iba pang uri ng ugnayan na makapagdulot ng malaking kagalakan, magpaibayo ng higit na kabutihan, o higit na kadalisan ng sarili.”⁴

Alam din natin na ang “kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo.”⁵

Kung pag-iisipan ninyo ito, mag-uukol kayo ng malaking bahagi sa inyong buhay sa paghahanda para sa malalaking pagbabago na darating. Nariyan ang binyag, pagtatapos sa Primary tungo sa Young Men o Young

Women, pagdalo sa templo, at pakikibahagi sa pagsasaliksik ng family history at pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa inyong mga ninuno. Para sa mga kabataang lalaki, nariyan ang pagtanggap ng priesthood at pagsulong sa mga katungkulan sa priesthood. Para sa mga kabataang babae, nariyan ang pagsulong sa mga klase ng Young Women. Nariyan din ang high school graduation o katumbas nito. At ngayon maaari nang magmisyon sa edad na 18 o 19. Napakaraming paghahandaan at inaasam.

Ngunit ang pinakamahalagang tipan na paghahandaan natin ay ang mabuklod sa templo. Kapag namumuhay ayon sa plano ng kaligayahan ang bawat miyembro ng pamilya at tinutupad ang kanilang mga tipan sa templo, nararanasan nila ang tunay na kagalakan.

Ang ebanghelyo ang lahat-lahat sa buhay. Ito ang talagang dahilan kaya tayo narito. Kapag sinusunod natin ang landas ng ebanghelyo, humahantong ito sa kagalakan. At ang landas na iyan ay hahantong sa kasal sa templo, sa buhay mang ito o sa buhay na darating. Walang mga pagpapalang ipagkakat sa matatapat na anak ng Ama.

Ipinayo ni Elder Bruce R. McConkie (1915–85) ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang isang pinakamahalagang bagay na gagawin ng sinumang Banal sa mga Huling Araw sa mundong ito ay magpakasal sa tamang tao, sa tamang lugar, sa tamang awtoridad.”⁶ ■

MGA TALA

1. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Doktrina ni Cristo,” scriptures.lds.org.
2. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
3. “Ang Mag-anak,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
4. L. Whitney Clayton, “Pagsasama ng Mag-asawa: Magmasid at Matuto,” *Liahona*, Mayo 2013, 83.
5. “Ang Mag-anak,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
6. Bruce R. McConkie, “Agency or Inspiration?” *New Era*, Ene. 1975, 38; tingnan din sa Thomas S. Monson, “Whom Shall I Marry?” *New Era*, Okt. 2004, 6.



ANG KAGALAKAN NG PAG-AASAWA

Ang ilang kagalakang dulot ng pag-aasawa ay kinabibilangan ng:

Tiwala at Suporta. Kapag nag-asawa na kayo, kasama na ninyo ang isang taong magpapasaya sa inyo at maghihiikayat sa inyo na gawin ang tama, magpapasigla sa inyo sa bawat araw, at makikibahagi sa lahat ng inyong kagalakan at kalungkutan.

Mga Anak. Nagdudulot ng malaking kagalakan ang pagkatiwalaan kayo na pangalagaan at arugain ang mga anak ng Ama sa Langit.

Pagbabahagi. Malaking pagpapala ang maging bahagi sa buhay ng ibang tao at balang-araw sa buhay rin ng mga anak. Ang tagumpay ninyong mag-asawa ay nagiging tagumpay ng buong pamilya. Ang pagbuo ng magagandang alaala nang magkasama ay nagdaragdag ng mas malalim na kahulugan sa buhay.

Payo. Ang asawa ay makapagbibigay sa inyo ng mabuti at tapat na payo, at mapagkakatiwalaan ninyo ito dahil alam ninyo na ito ay mula sa isang tao na ang tanging hangarin ay ang inyong kapakanan.

Lakas. Mas malakas ang dalawa kaysa isa. Maaari ninyong palakasin at tulungan ang isa't isa na ipamuhay nang lubos ang ebanghelyo.

Tawanan. Kapag kilalang-kilala ninyo ang isang tao at talagang

nagtitiwala kayo sa isa't isa, magiging masaya ang buhay na puno ng tawanan at katuwaan.

Pagmamahal. Ang masabihan sa bawat araw na mahal kayo ay nagpapasigla at nagpapasaya.

Paglilingkod. May malaking kagalakan sa paglilingkod sa isa't isa at lalo na kapag ginagawa ninyo ito sa isang taong mahal ninyo.

Pagkakaibigan. Nariyan palagi ang isang tao na sasamahan ka sa hirap at ginhawa.

Pagtitiwala. Nakakapanatag na malaman na kasama ninyo ang isang tao na palaging hangad ang pinakamabuti para sa inyo at na makapagsasabi kayo sa kanya nang walang pangamba.

Pisikal at Emosyonal na Intimasiya. Ang kasal ay isang natatanging ugnayan kung saan ibinibigkis ng Panginoon ang dalawang tao sa isang walang hanggang ugnayan na ang mga mithiin ay kinabibilangan ng pagkakaisa, pagsasama, at kagalakan.



Piliing Huwag MAGTSISMIS

Ni Brett Schachterle

Noong sophomore ako sa hayskul, nagboluntaryo ako bilang bahagi ng technical crew para makagawa ng musikal na pagtatanghal sa aming high school. Ang karanasang iyan ay naging isa sa mga paborito kong alaala ng taon, dahil masaya ito at marami akong natutuhan sa paggawa nito. Gustung-gusto ko ring katrabaho ang mga taong nakilala ko.

Ngunit ang pinakamahalagang natutuhan ko ay isang bagay na hindi ko inaasahan.

Para tahimik na makausap ng technical crew ang isa't isa, gumamit kami ng mga radio headset. Ginamit din namin ang mga ito sa pagbibiruan, pagkukuwentuhan, at para kantahan din ang isa't isa upang libangin ang aming mga sarili sa mahabang praktis.

Pero noong una naming gamitin ang mga headset hindi ako gaanong komportable. Sa una nagustuhan ko ito. Pagkatapos nagsimulang pagtsismisan ng ilang tao ang mga artista na nagpapraktis sa entablado. Sinikap kong hindi pansinin ang mga di-magagandang komento at pangit na mga puna, pero habang nagtatagal ang pag-uusap, lalong tumindi ang tsismisan at mas nakasasakit.

Hindi na maganda ang pakiramdam ko sa naririnig kong ilang mga komento, pero takot akong pagsabihan ang mga bago kong kaibigan. Sana nga ay may nasabi ako, dahil habang hinahayaan ko ang kanilang pagbibiro, natutukso na ako kalaunan na tumawa at magkomento rin. Nagsimula akong

mangatwiran na hindi naman masama ito. Wala namang makaririnig sa akin maliban sa technical crew, at gusto kong matanggap ako ng mga taong nakapaligid sa akin.


Nahihirapan man, alam ko na hindi tama ang manirang-puri sa mga naroon sa entablado, at pinili kong huwag magtsismis.

Matapos ang praktis nalaman namin na lahat ng sinabi namin gamit ang mga headset ay naririnig pala sa likod ng entablado. Lahat ng 60 o mahigit pa sa mga kasali sa pagtatanghal ay narinig ang aming pag-uusap. Ang ilan ay nagalit, nainis, o napahiya. Walang natuwa.

Kalaunan, habang nag-uusap kami ng isa sa mga kaibigan ko tungkol sa nangyari, sinabi niya, "Alam ng lahat na hindi ka kailanman magsasalita ng ganoon." Nagulat ako sa sinabi niya, at natanto ko ang kahalagahan ng pasiyang ginawa ko. Kung pinili kong makipagtsismisan, ano kaya ang sasabihin tungkol sa akin? Ano kaya ang sasabihin nila tungkol sa Simbahan?

Nagpapasalamat ako sa mga pasiyang ginawa ko sa madilim at munting tanghalang iyon, kahit naisip ko noon na walang ibang makaaalam, dahil nabiyayaan ako ng mga kaibigan, kapayapaan, at tiwala na nawala sana kung pinili kong makipagtsismisan. ■

Ang awtor ay nakatira sa Washington, USA.



"SINASABI" Namin ang mga Bagay na Ito

Ang mga salitang ginagamit natin ay nagpapakita ng nadarama natin sa ating puso at kung sino talaga tayo.



Noong naglilingkod pa ako bilang bishop, isang kahanga-hangang kabataang lalaki ang pumunta sa aking opisina para mainterbyu. Habang nag-uusap kami, binanggit niya na ang malaking problema lamang niya ay pagmumura. Palagi siyang nakaririnig ng masasamang pananalita sa paligid niya, at siya rin ay nagsimula nang magsalita nang ganito. Sinabi niyang sinikap niyang itigil ito pero bigo siya, at gusto niyang mapayuhan siya kung paano niya maihihinto ang pagsasalita ng masama.

Agad kong naisip ang mga mungkahi na kahalintulad ng matatagpuan ngayon sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: “Kung naging ugali na ninyong magsalita nang hindi ayon sa mga pamantayang ito—tulad ng pagmumura, panlalait, pagtitsismis, o pagalit na pagsasalita sa iba—maaari pa kayong magbago. Manalangin na tulungan kayo. Hilingin sa inyong pamilya at mga kaibigan na tulungan kayong gumamit ng mabuting pananalita.”¹ Sana ang payong ito ay kabilang na sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* noong panahong iyon.

Isang Karanasan sa Aking Kabataan

Ikinuwento ko sa binatilyong ito ang karanasan ko noong kabataan ko sa isang kapaligiran kung saan madalas banggitin ang masasamang pananalita. Tila sa tuwing nakaririnig



Ni Larry M. Gibson

Unang Tagapayo
sa Young Men
General Presidency

ako ng anumang uri ng masasamang salita, ang mga salitang iyon ay mas madaling manatili sa aking isipan kaysa mabubuting kaisipan na gusto ko. Sinabi sa akin ng isang mabait na lider ng priesthood na ang isipan ay parang isang kahanga-hangang imbakan at na maaari nating alisin ang hindi angkop na mga kaisipan sa pamamagitan ng pagtatabon dito ng mga bagay na kapuri-puri.

Nagpasiya kami ng kaibigan ko na gawin iyan. Nagsaulo kami ng dala-wang himno, “Kailangan Ko Kayo” (*Mga Himno*, blg. 54) at “Kabana-lang Lalo, Aking Kahilingan” (*Mga Himno*, blg. 80), at ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya. Nagkasundo kami na kung ang isa sa amin ay nakapagsalita nang hindi mabuti, kaagad naming kakantahin ang isa sa mga himno o bibigkasin ang saligan ng pananampalataya.

Kaagad naming natanto na ayaw naming kantahin ang mga himno nang malakas sa ilang lugar. Masyado kaming nahiya! Kaya binigkas namin ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, binibigyang-diin ang bahaging, “Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.” Epektibo ito! Natuklasan namin na kapag inuulit namin ito, ang di-angkop na mga kaisipan ay naglalaho. Sa pagpapalit ng isang salita, nakagawa rin kami ng simpleng sawikain: “*Sinasabi* namin ang mga bagay na ito!” Kapag sinabi ng isa sa amin ang mga

katagang ito, iisipin namin, “Ang mga salita ko ba ay tapat, malinis, mabuti, marangal, kaaya-aya, o magandang balita o maipagkakapuri?” (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13). Kung hindi, alam namin na kailangan naming baguhin ito.

Ano ang Magagawa Natin

Nabubuhay tayo sa panahong puno ng kalapastanganan, kagaspangan, at kahalayan ang pananalita ng tao. Tila halos imposibleng lubos na maprotektahan ang ating sarili mula sa naririnig o nakikitang mga bagay na nais nating iwasan. Ang mahalaga ay tiyaking hindi tayo ang nagdadala ng mga pananalitang puno ng kalapastanganan, kagaspangan, o kahalayan. Nadama na ito ni Pablo nang sabihin niya, “Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig” (Mga Taga Efeso 4:29).

Nakakita na ako ng ilang kabataan na nagsasalita ng di-angkop na pananalita dahil sa pag-aakalang tutulong ito na maging tulad sila ng iba at ang ilan naman ay dahil sa hangaring sila ay makilala. Sa katunayan, tila ito ang mga pangunahing dahilan kung bakit nakakagawian ito ng mga kabataan.

Ako ay lalong hanga sa mga kabataan na may “lakas-ng-loob na maging kaiba,”² gaya ng isang kabataang lalaki na may isang kaibigang hindi miyembro na palaging nagmumura. Tuwing nagmumura ang kanyang kaibigan, mahinahon niyang hinihiling na tumigil ito. Kalaunan tumigil na sa pagmumura ang kanyang kaibigan.

Dahil hangang-hanga ang kaibigan sa kanya at sa paraan ng kanyang pamumuhay ginusto nitong malaman pa ang tungkol sa Simbahan. Hindi nagtagal, siya ay nabinyagan.

Ang nadarama natin sa ating puso ay ang nasa isipan natin, at ang nasa isipan natin ang siyang nasasabi natin. Kaya nga, totoong ang mga salitang ginagamit natin ay nagpapakita ng nadarama ng ating puso at kung sino tayo talaga.

Tulad ng malinaw na naipahayag sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: “Ang malinis at matalinong pananalita ay patunay ng maaliwalas at mabuting isipan. Ang mabuting pananalita na nagbibigay-inspirasyon, humihikayat, at pumupuri sa iba, ay nag-aanyaya sa Espiritu na mapasainyo.”³

Bawat isa sa atin ay maaaring matamasa ang mga pagpapala na mapasaatin sa *tuwina* ang Espiritu, tulad ng ipinangako kapag nakikibahagi tayo ng sakramento tuwing araw ng Sabbath. Ito ay depende sa atin—kung paano tayo kumikilos, kung ano ang ginagawa natin, at, oo, pati na ang sinasabi natin. Umaasa ako na gagamitin natin ang ating mga salita hindi sa kagaspangan o pagtsitsismis kundi upang ipakita na tayo ay mga disipulo ng ating Tagapagligtas, maging ni Jesucristo. ■

MGA TALA

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 21.
2. L. Tom Perry, “Ang Tradisyon ng Balanse at Matwid na Pamumuhay,” *Liahona*, Ago. 2011, 33.
3. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, 20.



PAGGAWA

PAGLILINGKOD

AT ESPIRITUWAL NA PAG-ASA SA SARILI



**Ni Elder
Per G. Malm**
Ng Pitumpu

Ang mga pagpapala ng kasipagan at paglilingkod ay higit pa sa temporal na pagtulong lamang.


Paglalagay ng mga laryo sa edad na 16

Ang matutong maging masigasig ay mahalaga habang kayo ay bata pa. Bahagi na ng buhay ang mahihirap na trabaho. Natutuhan ko iyan nang maaga nang tawagin ako sa isang espesyal na service mission ng Simbahan para tumulong sa pagtatayo ng mga meetinghouse. Ako ay 16 na taong gulang lamang noon at katapos lang sa pag-aaral. Nadestino ako sa grupo na naglalagay ng mga brick o laryo. Mahirap na trabaho, ngunit nagustuhan ko ito.

Inilagay kami sa mga grupo at naglakbay mula sa Sweden, kung saan ako nakatira, patungo sa iba pang mga bansa na malapit dito. Sa bawat lugar, nakikitira kami sa isang miyembro ng ward sa lugar na iyon. Humanga ako sa kahandaan ng mabubuti, matatapat na

miyembro ng Simbahan na patuluyin kami sa kanilang mga tahanan at makatulong sa anumang makakaya nila. Kahit wala silang gaanong pera, gusto nilang maglingkod.

Karamihan sa mga kabataang lalaki na tinawag sa mga service mission na ito ng Simbahan ay mas matanda, ngunit ako ay 16 lamang. Kalaunan nagmisyon ako sa edad na 19. Nang matanggap naming magkapatid ang tawag na maglingkod, lumapit sa amin si Itay at sinabing, “Kahit ito’y pansamantalang pagkatigil ng inyong pag-aaral, gusto kong magkaroon ng mga anak na natutuhan nang maaga ang paglilingkod sa Simbahan. Ang pagkakaroon ng mga karanasang iyan ay magiging pundasyon ninyo kung paano kayo mamumuhay.” Ngayon, ang pagtugon sa tawag na magmisyon ay



Nang matanggap ko ang tawag na magmisyon, medyo kabado ako, pero hindi ako nag-atubiling tanggapin ito. Naturo sa akin sa murang edad na magsabi ng oo kapag hinilingang maglingkod sa anumang tungkulin para sa gawain ng Panginoon. Kaya, mas natuwa ako sa halip na kabahan. Isang napakagandang karanasan na makatulong sa pagtatayo ng mga meeting-house ng Simbahan.

Alam ko na sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapwa maaari tayong magkaroon ng pagmamahal at patotoo sa ebanghelyo. Noong binatilyo ako at malayo sa aking pamilya, natutuhan ko na kailangang maging responsable ako sa buhay ko—hindi lamang sa pisikal kundi sa espirituwal din. Natutuhan ko rin kung paano talaga makinig at sumunod sa mga pahiwatig ng Espiritu.

(tingnan sa D at T 58:27). Natutuhan ko na sa buhay, kung saan ka nagsimula ay hindi ka roon matatapos; ang simula ang umpisa ng buhay na puno ng pagbabago.

Ang susi sa pagbabagong iyan ay ang laging alalahanin kung sino tayo. Tayo ay mga anak na lalaki at anak na babae ng Ama sa Langit. Bawat isa sa atin ay isinilang na may pangako: kapag tayo ay nakipagtipan at nanatiling tapat sa mga tipan at ginagawa ang lahat ng makakaya natin gamit ang ating kalagayan, mga talento at kakayahan, tayo ay makababalik sa ating Ama sa Langit nang may dangal. Iyan ay bahagi ng ating pag-kaunawa sa buhay na pinag-ibayo ng ating kaalaman sa mga bagay na walang hanggan, at kailangan nating alalahanin na hindi tayo nag-iisa. Bibigyan tayo ng Ama sa Langit ng lakas at kakayahan na harapin ang mga hamon sa buhay.

Dahil sa aking mga karanasan sa paglilingkod nang maaga sa buhay, nagsimula akong magtiwala sa Panginoon. Hinihikayat tayo sa Doktrina at mga Tipan 121:45 na “[palakasin ang ating] pagtiwala sa harapan ng Diyos.” Kapag kayo ay nakibahagi sa paglilingkod sa Panginoon, madarama ninyo ang Kanyang Espiritu, madarama ninyo ang Kanyang pagmamahal, at mauunawaan ninyo na, bagama’t ang buhay na ito ay isang pagsubok, kayo ay hindi nag-iisa. Kapag kayo ay namuhay nang matwid at naglingkod, bibigyan kayo ng tulong at lakas na higit pa sa inyong sariling lakas. ■





Ni Elder
Jeffrey R. Holland

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

*Ang mga miyembro ng
Korum ng Labindala-
wang Apostol ay mga
natatanging saksi ni
Jesucristo.*

Bakit mahalagang **HINDI MAINGGIT** sa iba?

PAGLALARAWAN NI CRAIG STAPLEY

Hindi tayo nagpapaligsahan para makita kung sino ang pinakamaya-
man o pinakamatalino o pinakama-
ganda o pinakamapalad.

Ang paligsahang *talagang*
pinasukan natin ay ang
paligsahan laban sa kasalanan.

Ang pag-iimbot, pagmamalaki,
o paninira ay *hindi* nag-aangat sa
katayuan mo bilang isang tao.


Maging mabait, at magpasa-
lamat na mabait ang Diyos.
Paraan iyan para mabuhay
nang masaya.

Mga Kard ng Banal na Kasulatan

Ang mga banal na kasulatan ay makatutulong sa atin sa masasayang panahon at sa mga panahong puno ng hamon. Gupitin ang mga kard na ito at ilagay sa inyong mga banal na kasulatan. Maisusulat din ninyo ang inyong paboritong talata sa bawat kard!



Kapag natatakot ako . . .



Kapag masaya ako . . .



Kapag nalulungkot ako . . .



**Kapag kailangan
ko ng tapang . . .**

**MAAARI KONG
BASAHIIN ANG . . .**

- Mga Awit 118:24

- Juan 13:17

- Alma 26:35

- _____

**MAAARI KONG
BASAHIIN ANG . . .**

- Josue 1:9

- II Mga Hari 6:14–17

- Doktrina at mga Tipan 50:41–43

- _____

**MAAARI KONG
BASAHIIN ANG . . .**

- Daniel 6

- 1 Nephi 3:7

- Alma 56:44–48

- _____

**MAAARI KONG
BASAHIIN ANG . . .**

- Isaias 41:10

- 3 Nephi 17:18–25

- Doktrina at mga Tipan 84:88

- _____

Nakawalang mga Alpaca!

Ayaw kumilos ng huling alpacang iyon. Ano ang dapat kong gawin?

Ni Romney P., edad 12, California, USA
*"Ama sa Langit, dalangin ko, gaba-
 yan at bantayan ako bawat araw"*
("Heavenly Father, Now I Pray,"
Children's Songbook, 19).

Noong nakaraang tag-init nagtrabaho ako sa kapitbahay ko. May malawak siyang bukirin para sa mga alpaca na katabi ng taniman niya ng walnut. Parang llama ang hitsura ng alpaca, pero mas maliit lang.

Ang trabaho ko ay linisin ang kanilang mga kuwadra araw-araw. Gusto ko ang trabaho, kahit hindi iyon madali.

Isang katanghaliang-tapat pumasok ako sa trabaho pero wala ang kapitbahay ko. Pero hindi naman problema iyon. Sinabi na niya sa akin na puwede kong linisin ang mga kuwadra anumang oras kahit wala siya.

Habang naglilinis ako, itinumba ng isa sa mga alpaca ang tarangkahan. Ilang sandali pa nakawala na ang 14 na alpaca papunta sa bakuran at sa taniman! Hindi ako makapaniwala! Kinabahan ako. Paano ko sila maibabalik sa kuwadra nang ako lang mag-isa?


Dali-dali akong kumilos, at

isa-isa o dala-dalawang itinaboy ang mga ito pabalik sa kuwadra. Makalipas ang labinlimang minuto ang lakas na ng tibok ng puso ko sa katatakbo, hanggang sa bumalik na sa kuwadra ang pinakahuli sa mga ito. Huh!

Pagkatapos ay lumingon ako at nakita ang isang buntis na alpaca na nakahiga sa tabi ng isang puno na 30 talampakan ang layo. Naku. May isa pa akong ibabalik. Sinubukan kong takutin siya para bumalik sa kuwadra, pero ayaw niyang kumilos. Pagkatapos ay sinubukan ko siyang hilahin gamit ang lubid na nakita ko sa garahe. Walang nangyari. Para siyang malaking salansan ng bato na nakahiga roon. Napabuntung-hininga ako sa inis. Ano pa ba ang puwede kong gawin?

Pagkatapos ay naalala ko na laging may paraan para humingi ng tulong, saanman ako naroon. Lumuhod ako para manalangin. Pagkatapos kong magdasal, dumilat ako at hindi makapaniwala sa nakita ko. Naglalakad nang kusa ang alpaca pabalik sa kuwadra. Binuksan ko ang tarangkahan, at pumasok na siya.

Nakangiti ako habang nagbibisikleta pauwi. Alam kong sinagot ng Ama sa Langit ang aking panalangin. ■



*Halina kayo at tingnan
ang isang mahalagang
lugar sa kasaysayan
ng Simbahan!*

Paglilibot sa NAUVOO

Ni Jennifer Maddy

U nti-unting naging maalikabok ang daan habang lumalakad kayo sa lansangan. Makikita ninyo ang kislap ng sikat ng araw sa Mississippi River. Pagkatapos ay isang kabayong may hilang bagon ang mabilis na lumampas sa inyo. Bumalik na ba kayo sa unang panahon? Hindi, kayo ay nakatayo sa Parley Street sa Nauvoo, Illinois.

Noong 1839 sina Propetang Joseph Smith at nau nang mga miyembro ng Simbahan ay nanirahan sa Nauvoo at nagtayo ng isang magandang lungsod at templo. Tumira sila rito hanggang sa kalagitnaan ng 1840s, nang simulan nila ang kanilang paglalakbay pakanluran.

**Gumawa pa ang mga
Banal ng sarili nilang
magagandang butones.**




**Ang salitang Nauvoo ay mula
sa salitang Hebreo na ang
ibig sabihin ay "magandang
lugar." Ang Nauvoo ay may
magagandang halamanan,
mga gusaling yari sa ladrilyo,
at mga luntiang bukirin.**






Maraming lumang gusali sa Nauvoo ang naipang-
numbalik sa dating hitsura. Ang mga misyonero
na nakasuot ng damit na pang-1840s ay nagku-
kuwento sa mga bisita tungkol sa mga Banal
noong unang panahon. Maaari mong tikman
ang gingerbread cookie sa Scoville Bakery o
tingnan kung paano ginagawa ang mga sapatos
sa boot shop.


Mahal ang papel at
selyo, kaya ginamit ng
mga tao ang "cross
writing" sa pagliham.
Susulat sila sa isang ba-
hagi ng papel, at pag-
katapos ay babaligtarin
ang papel at susulatan
ito. Subukan ninyo at
tingnan kung mababasa
ninyo ang inyong isinulat!



Tatlong tao ang kailangan
para gumawa ng lubid
sa paraan na ginamit
ng mga pioneer!



Sa paaralan,
chalk ang gamit
ng mga bata
sa pagsulat sa
munting pisara.



Ang Nauvoo Temple ay na-
katayo sa isang burol kung
saan tanaw ang lungsod at
ilog. Basahin pa ang tung-
kol sa templo sa susunod
na isyu sa isang buwan!



Sa paggawa ng kandila, itinatali
ang pisi sa bato at inilulubog ito
nang paulit-ulit sa taba ng hayop.

Ang liwanag na mula sa parol na
ito ay lumilikha ng nakakatuwang
mga disenyo sa mga dingding
at kisame.



Dinidinig at Sinasagot ng Ama sa Langit ang mga Dalangin Ko

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.



Nagkaroon na ba kayo ng problema na lubhang ikinalisa ninyo? Ganoon ang nadama nina Alma at ng kanyang mga kasama. Sinikap nilang ituro sa mga Zoramita ang tungkol kay Jesucristo, ngunit ayaw silang paniwalaan ng mga Zoramita. Inakala ng mga Zoramita na mas mabuti sila kaysa sa ibang tao. Kapag nananalangin sila sa simbahan, umaakyat sila sa isang mataas na tindigan na tinawag na Ramiumptum at binibigkas ang eksakto at parehong panalangin tuwing tatayo roon.

Nagpasiya si Alma na manalangin para humingi ng tulong. Sinabi niya sa Ama sa Langit kung gaano siya kalungkot dahil ang mga Zoramita

ay palalo at ayaw maniwala. Hiniiling niya sa Ama sa Langit na bigyan siya ng kapanatagan at ang kanyang mga kasama at bigyan sila ng lakas sa mahihirap na gawain nila bilang misyonero.

Sinagot ng Ama sa Langit ang panalangin ni Alma. Pinanatag niya ang kalooban ni Alma at ng kanyang mga kasama at tinulungan silang maging malakas. (Tingnan sa Alma 31.)

Laging naririnig ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin, at sinasagot Niya tayo sa iba't ibang paraan. Ang Kanyang sagot ay maaaring hindi dumating kaagad o sa paraang inaasahan natin, pero lagi Niya tayong sinasagot dahil mahal Niya tayo. ■

MAG-USAP TAYO

Ano pang mga kuwento sa mga banal na kasulatan ang alam ninyo kung saan nanalangin ang mga tao at nakatanggap ng sagot? Maaari ninyong basahin ang isa sa mga kuwentong ito bilang isang pamilya at pag-usapan ang ilan sa mga paraan na sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin.

Paano sinagot ng Ama sa Langit ang dasal ninyo, at paano ninyo natukoy ang sagot Niya? Anong mga problema ang mayroon kayo ngayon na maaari ninyong ipagdasal?

AWIT AT BANAL NA KASULATAN

- "Panalangin ng Isang Bata,"
Aklat ng mga Awit Pambata, 6
- Doktrina at mga Tipan 112:10


MGA PANALANGIN SA MGA BANAL NA KASULATAN

Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga tao mula sa mga banal na kasulatan na nagdasal para ihingi ng tulong ang iba't ibang problema at nakatanggap ng mga sagot. Hanapin ang mga kahon na magkatugma mula sa bawat hanay. Gamitin ang mga reperensya sa banal na kasulatan sa tabi ng bawat larawan na tutulong sa inyo.

SINO ANG NANALANGIN

BAKIT SIYA NAGDASAL


ANO ANG NANGYARI



Reyna Esther
(Esther 4–7)

Natakot sila na baka baguhin ang kanilang wika para hindi nila maunawaan ang isa't isa.


Sinabi sa kanya ng Ama sa Langit kung paano gumawa ng mga kagamitan at gumawa ng barko.



Nephi
(1 Nephi 17:7–17;
18:1–4)

Kailangan niyang malaman kung aling simbahan ang dapat niyang salihan.


Hinayaan siyang mabuhay ng hari, at nahikayat niya ito na iligtas ang kanyang mga tao.



Joseph Smith
(Joseph Smith—
Kasaysayan
1:10–19)

Kailangan niyang hikayatin ang hari na protektahan ang kanyang mga tao sa pagkalipol, ngunit ma-aari siyang ipapatay sa pagpunta roon nang hindi inaanyayahan.

Ang Panginoon ay naawa sa kanila at hindi binago ang kanilang wika.



**Ang kapatid ni
Jared at ang
kanyang pamilya**
(Eter 1:33–37)

Kailangan niyang gumawa ng barko upang madala ang kanyang pamilya sa isang bagong lupain, ngunit hindi niya alam kung paano gumawa niyon at wala siya ng mga kagamitang kailangan niya.

Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo at sinabi sa kanya na huwag sumapi sa alinman sa mga simbahan.

Hi!

Ako si Will mula sa Taiwan

Mayroon ba kayong anumang paboritong mga aktibidad ng pamilya? Si Will at ang kanyang kapatid na si Allen ay masayang inilalaan ang mga araw ng Sabado sa kanilang pamilya para libutin ang mga bagong lugar sa isla ng Taiwan, kung saan sila nakatira.

Mula sa interbyu ni Amie Jane Leavitt

Bago kami matulog, nagbabasa kami ng mga banal na kasulatan bilang pamilya. Talagang gusto ni Allen ang kuwento tungkol kay Moises at sa ahas na tanso. Ang paboritong kuwento ko ay nang balaan ng Panginoon si Lehi na lisanin ang Jerusalem at nang sabihan si Nephi na gumawa ng barko para makapunta sa lupang pangako.

ANO ANG GINAGAWA NINYO SA LIBRENG ORAS NINYO?

Will: naglalaro ng mga computer game, Frisbee at soccer

Allen: nagbabasa ng mga aklat, nagdodrawing, at namamasyal kasama ng lolo ko

ANONG MGA KULAY ANG PABORITO NINYO?

Will: orange

Allen: lahat ng kulay sa bahaghari

ANU-ANONG HAYOP ANG PABORITO NINYO?

Will: dinosaur

Allen: mga orangutan at giraffe na nakikita ko sa zoo

MAGLIBOT TAYO!

- Ang Taiwan ay isang tropikal na pulo na malapit sa China.
- Karamihan sa mga tao ay nakatira sa malalaking lungsod at nagsasalita ng Mandarin Chinese. Mahigit 90 porsiyento ng mga tao ay Buddhist o Taoist.
- Ang Simbahan ay may isang templo sa Taiwan, sa kabiserang lungsod ng Taipei.

Maraming masasayang pista-opisyal at pagdiriwang sa Taiwan. Tuwing Setyembre, ipinagdiriwang namin ang Moon Festival. Ang aming buong pamilya ay nagsasama-sama, at kumakain kami ng masasarap na moon cake, na puno ng pulang bean o lotus seed paste.

Sa Taiwan, madalas kaming magkaroon ng pagkakataong maging misyonero. Sa paaralan, kinailangan kong turuan ang klase ko ng isang bagay na alam ko tungkol sa katapatan. Itinuro ko sa kanila kung paano kantahin ang awitin sa Primary na "Ang Tama'y Ipaglaban."

Pagkatapos ng eskuwela, naglalakad na kami pauwi ng kapatid ko kasama ang aming lolo. Ginagawa namin ang aming homework at naghahapunang kasama nina inay at itay. Ang paborito kong pagkain ay beef noodles, at sinangag naman ang kay Allen. Pareho rin kaming mahilig sa matatamis na pagkain.


ANG ATING PAHINA




Ang mga bata sa Castellón Ward sa Spain ay natututo sa Primary na manalangin, basahin at unawain ang mga banal na kasulatan, at paglingkuran ang kanilang mga kapitbahay.



Si Francisco P., edad 4, mula sa Chile, ay gustung-gustong bumibisita sa Santiago Chile Temple garden. Nag-aaral siyang magbigay ng mga mensahe sa Primary at laging nagdarasal. Gusto niyang tumulong sa family home evening.



Giordano V., edad 5, Peru



Daniel, ni Dali M., edad 10, Mexico



Si Kayque M., edad 5, mula sa Brazil, ay napakatalino at alis-tong batang lalake, kahit hindi siya makalakad dahil sa cerebral palsy. Gustung-gusto niyang magsimba. Gustung-gusto niya ang mga himno at palaging kumakanta sa sacrament meeting. Ang unang himno na natutuhan niya ay "Ako ay Anak ng Diyos." Si Kayque ay mapagmahal, gustung-gusto niyang magbigay ng papuri, at siya ay malaking pagpapala sa kanyang pamilya.



Gusto kong ibahagi ang aking patotoo: Alam ko na buhay ang Diyos, dinidinig at sinasagot Niya ang ating mga panalangin kung may pananampalataya tayo. Alam ko na mahal tayo ni Jesucristo, at alam ko na totoo ang Aklat ni Mormon.

Elisa F., edad 11, Brazil



Gusto kong ibahagi ang nadama ko noong araw na nabinyagan ako. Habang pababa ako sa hagdan papuntang bautismuhan, nadama kong may narinig akong tinig na nagsasabing, "Paula, ginagawa mo ang tama." Tuwang-tuwa akong mabinyagan!

Paula G., edad 9, Argentina

Ating Sagot

Ni Tatiana Agüero

Batay sa tunay na buhay

“Kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo” (Moroni 10:4).

Naaalala ko pa noong una kong nakita ang dalawang lalaking nakatayo sa pintuan namin sa Peru. Nakasuot sila ng puting polo at nakakurbata, at napakatangkad nila! Ang gaganda ng kanilang mga ngiti.

“Mababait siguro sila,” naisip ko. Siguro ganoon din ang inisip ng nanay ko dahil di nagtagal dumadalas na ang pagpunta sa amin ng mga misyonero.

Gusto kong makinig sa mga misyonero at palagi kong nadarama na nagsasabi sila ng katotohanan.

“Ayaw po ba ninyong magpabinyag, Mamá?” tanong ko sa nanay ko isang araw.

Ngumiti siya. “Gusto ko. Pero gusto kong magpabinyag na kasama ang tatay mo.”

Tumango ako. Siyam na taong gulang na ako noon—sapat na ang edad para mabinyagan. Pero gusto ko ring magpabinyag na kasama ang aking ama, at hindi niya matiyak kung naniniwala siya sa itinuro ng mga misyonero.

“Patuloy lang tayong magdasal, at darating ang tamang panahon,” sabi ni Mamá, na parang nababasa niya ang nasa isip ko.

Alam ko na hinamon ng mga

misyonero ang aking ama na sundin ang paanyaya sa katapusan ng Aklat ni Mormon na tanungin sa Diyos nang taos-puso kung totoo ang ebanghelyo. Kaya isang gabi nagpasiya ako na tulungan ang aking ama sa hamon na iyon. Itinanong ko kung maaari ba kaming magdasal nang sama-sama gaya nang hiniling ng mga misyonero. Pumunta kami sa aking silid at lumuhod. Tinanong niya ako kung sino ang magdarasal.

“Puwede po bang kayo na lang,” ang sabi ko.

Sinimulan ng aking ama ang pagdarasal sa Ama sa Langit. Nang tanungin niya kung dapat kaming mabinyagan, kami ay napuspos ng pagmamahal at kapayapaan. Napakatindi nito kaya’t tumigil sandali ang aking ama. Alam namin na kailangan kaming mabinyagan.

Hindi ko malilimutan kailanman ang sulyp sa mga mata ng tatay ko nang matapos siyang manalangin.

“May sagot na sa atin,” bulong niya at niyakap ako.

Ngumiti ako nang isubsob ko ang aking ulo sa kanyang balikat. Ang Espiritu Santo ang nagbigay-daan para malaman namin ang katotohanan (tingnan sa Moroni 10:5). ■


Isang simpleng panalangin ang nagpabago sa aking pamilya.



Pinagaling ni Jesus ang Isang Taong Maysakit

Ni Margo Mae

Mula sa Lucas 5:17–25.




Isang araw, nagtuturo si
Jesus sa mga tao sa loob
ng isang bahay.

Sa labas ng bahay ay may isang lalaking hindi makalakad. Dinala siya ng kanyang mga kaibigan sa bahay para mapagaling siya ni Jesus. Pero napakasikip ng bahay kaya hindi siya maipasok ng kanyang mga kaibigan.



Dinala siya ng kanyang mga kaibigan sa bubungan ng bahay. Pagkatapos ay gumawa sila ng butas sa bubong. Ibinaba nila ang lalaki at ang kanyang kama sa loob ng bahay para makita siya ni Jesus.



Nakita ni Jesus kung gaano kalaki ang pananampalataya ng lalaki at ng kanyang mga kaibigan. Sinabihan Niya ang lalaki na tumindig at lumakad. Tumayo ang lalaki. Siya ay nakakalakad na muli! Binuhat niya ang kanyang kama at umuwi siyang masaya.



Sa araw na iyon, ipinakita ni Jesucristo ang Kanyang dakilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpapagaling sa lalaki. Gusto Niyang malaman ng mga tao na Siya ay may kapangyarihang gawin ang maraming kamangha-manghang bagay. ■

A colorful illustration of a boy and a girl on a wooden sailboat. The boy, wearing an orange cap and a life vest, is at the helm. The girl, with blonde pigtails and a red vest, is holding an open book with a dotted path on it. The sailboat has a large yellow sail and an orange flag. They are sailing on blue waves under a blue sky with white clouds and birds.

Hindi na kailangang
maglayag sa mga
karagatang **HINDI
PA NAPUPUNTAHAN.**

Naglaan na ang mapag-
mahal na Ama sa Langit
ng isang gabay na
mapagkakatiwalaan—
ang **PAGSUNOD.**

Pangulong Thomas S. Monson

Mula sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2013.

BIYAYA PARA SA INANG PATO AT SA AKIN

Ni Rosie Kaufman

Ilang hapon inihahanda ko na ang sasakyan ko para ihatid na ang lima kong maliliit na anak sa mga lesson at pagpapraktis nila. Habang isinasakay ko ang mga sapatos na pang-football at bag na puno ng gamit sa pagsasayaw, napansin ko ang inang pato at kanyang mga itik na nasa bangketa.

Habang nakamasid ako, sinimulan niyang tawirin ang kalsada. Sa kasamaang-palad, pinili niyang tawiran ang parilya ng kanal, at nang dumaan siya roon, sumunod ang kanyang mga inakay. Apat sa kanyang mga inakay ang kaawa-awang lumusot sa pagitan ng mga kabilya ng parilya.

Nang makatawid na ang ina, natuklasan niya na may mga nawawala sa kanyang mga inakay at naririnig niya ang siyap o huni ng mga ito. Dahil talagang hindi niya alam ang kanyang pagkakamali, tumawid siya pabalik at dumaan sa parilya ng kanal, hinahanap ang kanyang nawawalang mga inakay at nawalan ng dalawa pa. Nabigla at bahagyang nainis sa mali niyang ginawa, pinuntahan ko ang parilya para tingnan kung kaya ko itong iangat. Kahit ginamit ko na lahat ang aking lakas, halos hindi pa rin natinag ang parilya, at mahuhuli na ako sa pagsundo sa isa sa mga anak ko.

Inisip ko na ayusin na lang ang problema mamaya kapag hindi na ko nagmamadali, kaya pumasok na ako sa kotse habang ibinubulong na, “Wala siyang karapatang maging ina,” na para bang napakabuti kong nanay.

Nang sumunod na isa’t kalahating oras, nagawa ko ang marami sa paulit-ulit kong pagkakamali bilang magulang. Ito ang mga pagkakamaling inihingi ko ng kapatawaran nang maraming beses sa aking mga anak at



Tulad ng inang pato, kung minsan hindi ko rin nagagawa ang dapat. At diyan ako higit na tinutulungan ng Tagapagligtas.

sa aking Ama sa Langit. Sa tuwing mangyayari iyon lagi kong ipinapasiyang magpakabuti at huwag magpadaig na muli sa mga kahinaang iyon. Nang pagalit kong sinigawan ang isa sa mga anak ko dahil sa panunukso nito sa iba, malakas kong narinig ang mismong sinabi ko, “Wala siyang karapatang maging ina.”

Bigla akong nakadama ng matinding pagkahabag sa inang pato. Sinisikap niyang maglakbay sa mundo sa likas na pag-iisip na ibinigay sa kanya, tulad ko. Ngunit kung minsan hindi sapat ang likas na pag-iisip na iyon, at ang mga anak natin ang nagdurusa.


Ipinasiya kong iangat ang parilya kahit pano at ilabas ang mga inakay. Habang papaliko ako sa kalye namin, nakita kong nagkakalumpunan ang ilang tao. Naiangat ng kapitbahay ko ang parilya, bumaba sa lagusan ng kanal, at maingat na inilalabas ang mga inakay para mailigtas. Natataranta sa takot ang mga inakay sa paghahanap sa kanilang ina, na takot namang lumalakad-lakad sa kalapit na palumpong. Hindi siya humingi ng tulong, pero tumulong ang kapitbahay ko nang ang kanyang proteksyon ay hindi na sapat. Naantig ako nang lubos nang naisip ko na ginagawa rin iyon ng Tagapagligtas sa aking mga anak at sa akin.

Kung minsan nagagawa natin ang hindi dapat, kahit na napakaganda naman ng ating intensyon at nagsisikap tayo nang lubos. Gayunman, ang Tagapagligtas ay may “biyaya [na] sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba . . . ng kanilang sarili sa [Kanyang] harapan” (Eter 12:27). Napapanatag ako na malaman na ang pagkukulang ko ay hindi magpapahamak sa aking mga anak at sila ay makadarama ng pagmamahal, kapayapaan, pag-unawa, at biyaya mula sa ating Tagapagligtas. Ibinibigay Niya sa akin ang “kasagutan”¹ at nais niyang magtagumpay kami ng aking pamilya. Ang ating mga pagkukulang ay hindi mananaig kapag nagpapakumbaba tayo at nananatiling malapit sa ating Panginoon. ■

Ang awtor ay nakatira sa Utah, USA.

TALA

1. “Saan Naroon ang Aking Kapayapaan?” *Mga Himno*, blg. 74.



PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

HEBER J. GRANT

Si **Heber J. Grant** ang nag-organisa at nangulo sa unang misyon sa **Japan**. Siya ang Pangulo ng Simbahan nang magsimulang gumamit ang Simbahan ng **radyo** sa pagbobroadcast ng mga mensahe. Nang kinailangan ng mga miyembro ng tulong sa panahon ng Great Depression, binuo ni Pangulong Grant ang welfare program ng Simbahan, pati na ang **Deseret Industries**. Ang samahang ito pa rin ang nangongolekta ng mga aytem at ipinagbibili o ipinamimigay ito sa mga taong nangangailangan.



Dapat nating unawain na ang Panginoon ay mangungusap sa atin sa pamamagitan ng Espiritu sa Kanyang sariling panahon at sa Kanyang sariling paraan,” pagsulat ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Maraming tao ang hindi nakauunawa sa alituntuning ito. Naniniwala sila na kapag handa sila at kapag kumbinyente sa kanila, sila ay maaaring tumawag sa Panginoon at Siya ay agad sasagot, maging sa mismong paraan na gusto nila. Ang paghahayag ay hindi dumarating sa ganyang paraan.” Para mabasa pa kung paano dumarating ang paghahayag sa atin, tingnan sa “Sa Kanyang Sariling Panahon, sa Kanyang Sariling Paraan,” pahina 24.